

E N T R A D A

ENTRADA

Karapatang-ari © 2017 ng Sentro para sa Malikhaing Pagsulat - PUP

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Walang bahagi ng journal na ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

TAGAPAYO

Jun Cruz Reyes

PUNONG PATNUGOT

Mark Joseph N. Rafal

KATUWANG NA PATNUGOT

Merdeka C. Morales

Soliman Agulto Santos

DISENYO AT PAGLALAPAT

Edrick S. Carrasco

KAWANI NG EDITORYAL

Jenna Bien Dolovino

ISSN: 2362 - 9045

Inilalathala ang **ENTRADA** nang isang beses sa loob ng isang taon. Maaaring magpadala ng hindi pa nailalathalang mga akda gaya ng maikling kuwento, tula, sanaysay, rebyu at kritisismo sa entradajournal@gmail.com. Dumaraan ang mga akda sa mga respetadong evaluator at referee. Para sa mga karagdagang impormasyon at anunsiyo, puntahan lamang ang facebook page ng Center for Creative Writing PUP o magsadya sa Room 212 ng Charlie del Rosario Bldg, PUP Sta. Mesa, Manila.

Inilimbag ng **Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas**

E N T R A D A



**POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
INSTITUTE FOR LITERARY AND CULTURAL STUDIES
CENTER FOR CREATIVE WRITING**

NILALAMAN

vii	INTRODUKSYON MGA PANIMULANG TALA SA INTERBENSIYON AT PAG-AAMBAG NG ENTRADA SA PANITIKANG PAMBANSA MJ Rafal
	TULA
1	MARLBORO LIGHTS Emmanuel T. Barrameda
3	PAGITAN Mark Anthony S. Salvador
	DAGLI
11	UGAT
13	NAGBAGONG AGOS
16	KAPARES Mark Norman S. Boquiren
19	DILSON KC Daniel Inventor
	MALIKHAING SANAYSAY
33	ROUND TRIP Emmanuel T. Barrameda

	MAIKLING KUWENTO
45	ANG BIRHEN NG TIPOLO Renante G. Ciar
60	ILANG EKSENA MULA SA PRE-KOLONYAL NA PILIPINAS U Z. Eliserio
83	ANG PAG-IBIG AYON SA ISANG PUTA Lenin Carlos Mirasol
98	DOCTOR DOMINGO Raymund P. Reyes
	KRITISISMO
119	ANG RETORIKA SA PANAHON NI DUTERTE AT TRUMP: GLOBALISASYON, NASYONALISMO AT PANITIKAN Efren R. Abueg, PhD
137	ARRESTING THE WORD AND UNRESTING THE WORLD: A READING OF GINA APOSTOL'S BIBLIOLEPSY Ivan Emil Labayne
167	TUNGKOL SA MGA MANUNULAT
171	TUNGKOL SA EDITOR

MGA PANIMULANG TALA SA INTERBENSIYON AT PAG-AAMBAG NG ENTRADA SA PANITIKANG PAMBANSA

MJ Rafal

PAUNANG KONTEKSTO SA LIKOD NG PAGKABALAHO

Sa maraming pagkakataon, sa tuwinang nababalaho, ang tugon ng taong nasa gana na ng pag-usad, ay palatak ng dismaya. Nauwi tuloy ang gawain sa mas matagal pang pagkabalaho hanggang sa tuluyan nang paghinto. Nilimot na ang pagpapatuloy, hindi na inusisa ang tinahak ng paglalakbay—ang mga taong nakilala, mga eksenang na-engkuwentro, mga posibilidad ng marami pang ‘paano kung?! Kasi nga’y marami ring dahilan para hindi na magpatuloy, at pinakamadalas, nasa uniberso ng materyal na kondisyon ang salarin: ubos na ang lakas, wala nang panustos, naputol ang ugnayan sa maraming bukal ng apoy para magpatuloy. Katulad ng mga pangakong napako, mga proyektong nabinbin at inamag sa sulok, mga manuskritong hindi na nakarating sa huling tuldok, maraming pagkakataon na mas pipiliin ng manlilikha—ng manggagawa—na tumigil na lamang. Dahil, kunsabagay, mas maiging tumulala

na lamang o gumawa ng wala. Magpapatuloy pa rin naman ang panahon. Pero sino ang totoong naiwan?

Ganito ang nangyari sa Entrada, ang publikasyon ng Sentro para sa Malikhaing Pagsulat ng PUP. Nabalaho. Ngunit, parang isang henyong mas piniling maglagi sa bundok, nabalaho sa pagpapahinog ang Entrada.

Ang totoo'y naroroon pa rin sa katotohanan ng lohistika ang ugat ng pagkabalaho. Nawalan ang munting opisina ng Sentro para sa Malikhaing Pagsulat ng mga susing-taong magiging susing-abala para sa pagsasaayos at pagtitiyak na umaandar ang Entrada. Naging isa na lamang ang dating dalawang taong nagpapaandar ng opisina, at sa patong ng mga misyong nakaatang, sa dami ng proyekto at gawaing pampanitikan na gumagana't tumatalon sa iba pang mga institusyon, ang naiwang indibidwal ang sumalo sa bigat—kusang nahimpil ang Entrada. Ang mga dating boluntaryong tumutulong na nakapagbibigay ng lakas at panahon para tanganan ang responsibilidad ng pagtitipon, pagbusisi at paglalathala'y nagkaroon ng mga bagong responsibilidad. Napunta sa iba pang mga opisina, naging abala sa mga tiyak nang gawain. Ang iba naman ay sumubok ng ibang hangin sa mga bagong unibersidad upang magturo. Gayon nga, mula sa huling isyu noong 2015, hindi na nasundan ang Entrada.

Ngunit ngayon, parang isang manlalaro ng track-and-field na nasa dulo ng paunahan, bigla, kidlat itong nakikipagtagisan sa mga nag-aakalang makararating na sa dulo't magwawagi. Nasa yugto ang Entrada ng isang malawakang rekonstruksyon. Isinasaayos ang mga dapat isaayos mula sa punong-taong magiging tutok sa pag-andar nito hanggang sa mga akdang isasama sa publikasyon. Ang dating dalawang isyu kada taon ay napagkasunduan nang gawing isa para sa tuluy-tuloy na proseso ng paglalathala.

Ang tanong, naapektuhan ba ng mga nabanggit na pagkabalaho't balasa ng mga tao ang katangiang dala-dala ng Entrada mula nang una itong makapaglabas? Hindi. Sa katunaya'y mas naging matining pa ito. Kapansin-pansin sa mga bagong akda sa isyung ito ang nagpapatuloy na panlipunang interogasyon, ang pagsasatitik ng mga karanasang kailangang maitala—mga boses na ayaw marinig ng marami, pakikipag-usap ng manunulat sa kapwa nila maliliit na karaniwang natatabingan ng mga malalaking usaping hiwalay sa bituka ng araw-araw, mga diskursong nakikipaggitgitan sa status quo at medyokridad ng lipunang nagpapasasa sa kawalang-pakiramdam, mga akdang hindi na naghihintay na humingi ng basbas sa kung anuman, o sinumang, diyusdiyosan ng panulat, mga gawad at patimpalak, at mga publikasyong nasa pinakamarikit na bahagi ng tore ng panitikan. Dala-dala ng kanilang panulat, 'ika nga ni Jun Cruz Reyes, ang balita ng kanilang panahon.

INTERBENSIYON NG ENTRADA SA PANITIKANG PAMBANSA

Ang mahabang kasaysayan ng panitikan sa Pilipinas ay kasaysayan ng pagpapatahimik at pagsasantabi. Ang pagkakataon upang makapaggit ng boses ay nilalambong ng mga kapangyarihang nakasentro at inangkin lamang ng iilan. Halimbawa, ang mga panitikang bayan ng ating mga katutubo ay pinatahimik sa pamamagitan ng krusipiho at bibliya. Kinasangkapan ng mga mananakop na Espanyol ang relihiyon bilang pundasyon ng kanilang pagkontrol sa Pilipinas. Ang pagpapalaganap ng Katolisismo sa bansa ay isang huwaran ng pagpapatahimik at pagbubura—maraming mga katutubong panitikan ang tuluyan nang naibaon sa limot. Malaon, sa pagbanyuhay at paglakas ng rebolusyong inilunsad nina

Bonifacio, nagkaroon ng muling pagsigla ang pagbabalik sa mga sinaunang kaalaman at panitikan. Ginamit nina Bonifacio ang baybayin—ang katutubong sistema ng pagsulat—bilang mga hayag na simbolo ng kanilang mga bandila, dagdag din ang muling pagsasabuhay ng kuwento ni Bernardo Carpio bilang simbolo ng kanilang paghihimagsik. Naging katuwang bilang titis ng paghihimagsik ang mga nobela ni Rizal bilang paunang pagpapaliwanag sa kalagayan ng lipunan noong panahong iyon at ang pangangailangan na maglunsad ng rebolusyon laban sa mga Espanyol. Ang panitikang pilit sinupil at pinipi ng mga mananakop ay naging kasangkapang katuwang sa inaasam na pagbabago.

Sa paglipas ng panahon at sa pagdating ng bagong mananakop—ang mga Amerikano— naging maigting ang pagtataguyod ng mga sentrong-lunan bilang tanghalan ng kapangyarihan na pinasimulan na noon ng mga Espanyol sa sistemang reduccion. Nagsulputan ang mga pampublikong paaralan, mga pagamutan, mga edipisyo ng pampublikong serbisyo bilang mga lantad na pangako ng bagong mananakop na nagpapakilala bilang kaibigan at hindi kaaway. Kasabay rin nito ang paglitaw ng mga sinehan at mga kultural na kasangkapang magpapaligalig sa kamalayan ng sambayanan. Mahahati ang bayan sa halina ng Hollywood at katubusan ng Katolisismo. Lahat ng ito’y nagtatagpo, pinakamadalas, sa mga sentrong-lunan. Ang resulta, lumawak ang espasyong naglalayo’t naghihiwalay sa lungsod at nayon. Inangkin ng lungsod ang naratibo ng mga nayon upang ibayubay sa mga mararangyang bulwagan ng lungsod. Itinanghal ang mga kuwento ng katutubo bilang eksotikong babasahin at panoorin para sa mga Kanluranin. Tuluyang nagupo ang mga lokal na wika ng lumalakas na wikang Ingles bilang pangunahing wika ng mga edukado at mayayaman. Ang kiskisan sa wika ay naging bahagi ng kiskisan ng uri—ang

mahihirap bilang bakyang tagatangkilik ng mga panitikang nakasulat sa bernakular na wika at ang mayayaman bilang may tangan ng susi sa lehitimo at pandaigdigang panitikan sa pamamagitan ng Ingles. Dahil dito, at sa mahabang panahon, kinopo ng mga paksang kanluranin, maka-Ingles, panggitnang-uri at Kristiyano ang panitikang pambansa. Naisantabi at pilit iwinawaksi ang mga paksang tiwalag sa ganitong kaayusan. Walang tinig, kundi man bibihira, ang mga maliliit at karaniwang tao sa panitikang pinamamayani. Gayundin, namalask sa mga unibersidad ang ganitong kalagayan at kalakaran sa panitikan. Bilang mga makinarya ng kapangyarihan, ang mga institusyong pang-edukasyon tulad ng mga unibersidad ang naging pabrika ng pagpapatuloy ng status quo.

Sa ganitong konteksto naglulunsad ang Entrada ng mga pampanitikang produksyon na naghahain ng interbensyon sa kasalukuyang lawas ng panitikang pambansa—hindi na lamang sa ‘malalaki’ at ‘ipinagpipitaganang’ mga unibersidad at institusyon umuusbong at binubuo ang panitikan, naririto na rin sa kalawang ng mga riles at sangsang ng limot na ilog ang mga boses na kailangang marinig. Noon pa man, bagamat bahagi ng sistematikong pananakop ng mga Amerikano gamit ang edukasyon, nakalukso na ang Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas bilang isang institusyong sumasalunga at nakikihamak. Hindi na lamang ito isang unibersidad na nagluluwal ng manggagawang magiging kalakal lamang, nag-aanak na rin ito ng mga bumabangga sa balighong kapangyarihan.

Malay ang Entrada sa tinutuntungan nitong lunan bilang isang akademikong dyornal na pinaaandar ng isang unibersidad, gayunman, hindi sagka ang ganitong pinagmumulan upang maging bahagi lamang din ng pagpapalaganap ng kaayusang nagpapatindi sa pagtiwalag ng mga tao sa kanyang marapat na pakikisangkot sa mahahalagang usapin. Ang interbensyon ng

Entrada ay pakikipaggititan upang magbigay ng mga akdang hindi naninikluhod sa kapangyarihan, laging nanunubok, laging nagtatanong, laging nag-uudyok upang makipag-usap tungo sa tiyak na pakikilahok—mga panitikang hindi napatatahimik at naisasantabi, nakikitalad sa kasaysayan ng kanyang panahon.

ANG ESENSIYA NG PAMAMANGLAW AT SENTIMENTALISMO

Sa panahong ang lahat ay kaydaling balikan, kaybilis unghatin at kayraming pisikal na alaalang ipinamamalay ng teknolohiya mula TV hanggang internet, ang panahong digital ay hindi tiwalag sa penomena ng nostalgia o pamamanglaw at sentimentalismo. Ang totoo'y mas maigting pa ito at naging palasak na lunsaran ng maraming mga pampanitikang akda sa kasalukuyan—hindi nagmaliw, 'ika nga. Bagamat may mga nauna nang nagbansag bilang atrasadong diwa sa paglikha, nagpapatuloy pa rin ang pamamanglaw at sentimentalismo bilang giya at gana ng mga manlilikha. At bakit nga ba hindi maaari?

Ang pagsulpot ng spoken word, ang igting ng pagkukumpara sa mga henerasyong ganito at ganyan, ang pagnanais ng marami na bumalik sa panahong wala pa ang internet, ay manipestasyon ng hindi magkamayaw na buhos ng mga impormasyong nagpapalabo sa maraming usapin—mga alaala itong walang kaluluwa. Ang halaga ng maraming mga bagay at pangyayari ay natabunan ng walang katapusang pagkonsumo sa mga iglap at madali. Bibihira na ang mga sandaling humihimpil ang indibidwal upang magmuni nang hindi nakaharap sa screen ng laptop man o cellphone. Ngunit tandaang nagkakahugis at bisa ang pagmumuni sa pamamagitan ng panglaw at sentimental. Ang ganitong mga

ideya ang sinubukang himayin ng mga akda nina Macky Serrano Salvador at Emmanuel T. Barrameda.

Sa paraang tila lumang-bago/romantikong-makabago, pinamamalay ni Macky Serrano Salvador sa kanyang mga tula sa *Pagitan* ang mga sandaling hindi na natin naisasagawa. Matining ang sensibilidad ng makata sa pagsapol sa kung ano ang mahalaga sa ugnayan ng mga tao sa lipunang nagmamadali at patuloy sa pagiging masalimuot. Naiiwan sa mabilis na pag-usad ng kumplikadong daigdig ang mga relasyon sa pagitan ng mga tao—magulang sa anak, kaibigan sa kaibigan, asawa sa kabiyak. Nag-aanyaya ang mga tula ng makata na huminto sandali, at unawain kahit munti, ang ating mga sarili at ang ugnayan natin sa ating kapwa dahil baka “*naiiwan natin sa hindi na nahalong kape/ ang mga munting piraso/ ng ating pagkatao.*”

Karugtong ng mga sentimental na pagmumuni ni Salvador, umatras sa pamamanglaw sa karanasang malayo nang manumbalik ngunit lagi pa ring tangan sa gunita ang malikhaing sanaysay na *Round Trip* ni Emmanuel T. Barrameda. Isang karanasang hayskul na nagpatingkad sa kanyang pamamanglaw ang ‘round trip’, natatanging ruta ng pagbiyahe mula sa kanyang pinapasukang paaralan pauwi sa kanilang tahanan araw-araw. Bahagi ang pagbiyaheng ito, at ang ruta, sa masasayang alaala ng kanyang kabataan—ang barkadahan ng magkakaibigan at ang bubot na pag-ibig ng isang nagbabaguntao. Umaandar pa rin ang traysikel bitbit ang kanyang mga gunita, at paikot-ikot sa kanyang dibdib na naghahabol ng kirot, ngunit higit na pag-unawa sa mga karanasan ang umuusad sa kanya sa kasalukuyan. Testamento ng kapayakan ng pagkabata-pagbibinata ang kumikisap sa malikhaing sanaysay ni Barrameda. Sa pagmumuni ni Barrameda, kabilang tayo sa mga umuuwi ngunit hindi na bitbit ang dating sarili. Masakit ang huling talata ng malikhaing

sanaysay, bagamat sentimental at mapanglaw, ngunit may katotohanan ng isang totoong pag-iral:

“Noong minsang umuwi ako sa isla, tumambay ako sa tinatambayan naming pansitan. Nakakakita pa rin ako ng mga tricycle na punong puno ng estudyanteng nagra-round trip. Sa mga nasagap kong kuwento, karamihan sa mga nakasama ko sa biyahe ang naistranded na sa hayskul at hindi na tumuloy ng college. May mga nanatili pa rin sa isla, at niyakap ang kung anong alok na trabaho sa sakahan, mga niyog, at abaka. Mayroong hindi na nakawala sa pagra-round trip at niyakap na ang pamamasada ng sariling tricycle, pero mas marami sa amin ang sumakay ng biyahe pa-Maynila sa paniniwalang nandun ang ginhawa. Samantalang ako, parang hindi pa rin nakakababa mula sa ibabaw ng tricycle. Lumalayo at palaging hinahanap ang sarili sa paglalakbay.”

KASAYSAYAN AT PAGKATHA, ANG KASAYSAYAN SA KATHA

Kaiba naman sa mga tula, na labas-patungong-loob ang pagmumuni, ang mga maikling kuwento’y nagmumuni mula sa loob-patungong-labas. Isang proseso ng pagtatala na hindi nakakulong sa kumbensyon ng kasaysayan at hindi bara-barang paglalapat ng imahinasyon, matagumpay ang mga manunulat na sina Ciar at Eliserio sa pagsasalikop ng katha at kasaysayan bilang pakikibahagi sa diskurso ng pagkabansa.

Kapansin-pansin sa kuwentong *Ang Birhen ng Tipolo* ni Renante G. Ciar ang pagtatagpo ng kasaysayan bilang totoo at katha bilang posibilidad. Mahusay na napagtagni ng manunulat ang isang mahalagang bahagi ng kasaysayan—ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang lokalisasyon ng digmaan sa bayan ng Tipolo at ang mga tao sa bayang ito bilang isang katotohanan

na nangyari ang ganitong lagim. Sa hibo ng magic realism, napatitining ni Ciar ang kanyang proyekto upang itala ang kasaysayan ng kanilang bayan, at sa kabuuan ay pag-aambag sa tala ng buong bayan—Pilipinas. Hindi nga't ang mga puwang ng kasaysayan ay napupunan ng katha—ang kasaysayan bilang biograpiya at ang panitikan bilang autobiograpiya. Sa ganitong bisa, ginagawa ni Ciar ang kanyang tungkulin bilang manunulat ng kanyang panahon.

Ispekulatibong nakatuntong sa saliksik naman ang kuwento ng batikang kuwentistang si U Z. Eliserio na *Ilang Eksena Mula sa Pre-kolonyal na Pilipinas*. Sinubok niyang gaygayin ang pre-kolonyal na yugto ng kasaysayan ng Pilipinas hanggang sa pagdating ng mananakop na Espanyol. Ipinapakita sa kuwento ang mga gawi ng mga katutubo, ang mga kondisyong nagtatalaga sa kanilang mga pasya bilang komunidad at ang relasyong mayroon ang bawat isa. Katangi-tangi ang kuwento sa pagbaklas ng kasarian upang tukuyin kung sino ang sino at ano ang ano. Isang kritisismong panlipunan na nakadugtong sa nakaraan at kasalukuyan ang tinatangang ihain ng manunulat. Nasa mambabasa, sa huli, ang pagtuklas sa marami pang diskursong inihahain ni Eliserio sa kanyang kuwento.

KULTURANG POPULAR AT HINDI NAKIKITANG KAPANGYARIHAN

Sa unang basa, aakalaing tula ng pag-ibig ang *Marlboro Lights* ni Emmanuel Barrameda. Tatlong kanto ito ng pagmumuni sa talinghaga ng sigarilyo at usok—ang akto ng solitaryong paghithit-buga ay isang tampok na pagninilay sa mga eksitensiyal na katanungang sumusulpot sa unti-unting pagkakaupos ng sigarilyo kaya't "*hindi maitatago ng usok, / ang mga pangamba/ na nakalista/ sa balat ng palara*." Materyal na kondisyon pa rin, sa

huli, ang bagabag na kumakalabit sa indibidwal na pag-iral. Sa ngayon, may sigarilyo kang nililiwaliw ang usok, ngunit mamaya, sa paghupa ng usok at pagkaupos ng sigarilyo, may utang ka pa rin sa suki mong sari-sari—trahedya ng mga walang-wala.

Mahalaga ang pagtititulo ni Barrameda sa kanyang tula, hindi bilang promosyon sa kilalang brand ng sigarilyo kundi sa pagpapaunawa sa hindi hayag na simbayotikong pag-iral ng kulturang popular at ng kontemporaryong tao. Malay man o hindi, ang buhay ng sigarilyo ay nakasalalay sa hitit-buga ng tagatangkilik nito, na siya namang ekstensyon ng buhay ng tagatangkilik, ang pagmumuni sa saliw ng usok ay pagpapatuloy sa kanyang nauupos ring buhay. Walang kawala ang lahat sa pangil ng kulturang popular, gayundin, ang popularisasyon ng ganitong mga kultura ay isang walang-humpay na pag-iral sa ilalim ng sistemang marahas—may utang tayong lahat kahit hindi natin kinokonsumo ang pagtangkilik rito—hindi man naninigarilyo, wala tayong kawala sa usok nito.

Ang mga dagli naman ni KC Daniel Inventor sa kanyang Dilson ay pagtatala rin ng isang kulturang nakalambong sa pinaglipasang tipak ng kasaysayan, ang mga sinehan sa kahabaan ng Recto at Avenida. Tila isang buong kuwentong hinati sa mga dagli ang koleksyon ni Inventor—magkakaugnay bagamat umiiral sa magkakahiwalay na kuwento ng mga tauhang may krusyal na gampanin sa pagpapatakbo ng isang sinehang lihim na nagsasalIW sa aliw ng laman. Mga kuwento ito ng maliliit na taong pinag-ugnay ng sinehan—ang makinista, ang guwardiya, ang kolboy, ang takilyera. Lahat sila'y maliligalig sa raid, lahat sila'y walang kawala sa biglaang raid ng mga kinauukulang inatasang sawatahin ang hindi katanggap-tanggap sa lipunang nagmamatuwid. Ngunit hindi kasama sa koleksyong ito ng mga dagli ang naratibo ng manager, ang nakikinabang sa ipinagbabawal. Hindi ito makatitikim ng sambulat ng raid pagkat

siya ang panopticon—bahagi ang lahat sa mga pangyayaring kanyang pinakikinabangan, bahagi siya ng kuwento ngunit wala siya sa kuwento.

Sa ganitong kondisyon, nakamata sa ating lahat ang kapangyarihang, ‘ika nga, higit sa ating lahat. Ang Marlboro, ang sinehang Dilson, mga kultural na kasangkapang pinairal ng kapangyarihan upang makapagmasid sa lahat ng tagatangkilik. Nasa loob tayo ng laberinto ng kanilang sistema, kaya’t mahalaga ang malay na pagkakaunawa na nasa loob tayo nito—upang makatakas, upang usigin ang panopticon.

MGA ANTAS NG PAGPUPUTA

Isang kontemporaryong naratibo ang *Doctor Domingo* ni Raymund P. Reyes. Maaalaala rito si Frank Abagnale sa pelikulang *Catch Me If You Can* at ang mga balatkayong isinagawa nito upang makaigpaw sa pangil ng kahirapan. Katulad ni Abagnale, dinaya ni Oscar L. Domingo, sa tulong ng isang kaibigan, ang kanyang mga personal na dokumento upang matanggap bilang guro sa isang kolehiyo sa Saudi. Likas ang husay at organikong dunong ni Domingo. Katulad ng maraming mga Filipinong, bagamat salat sa pormal na edukasyon, ay hinasa ng karanasan sa kalye at buhay.

Isa itong katotohanan ng lipunang Filipino—walang maigawad na trabaho ang pamahalaang palpak ang pamamahala, kapos sa edukasyon ang kalakhan ng mamamayan dahil sa kapabayaang estado sa pagtitiyak ng libre at mapagpalayang edukasyon kaya’t nauwi sa pandaraya ang mga mamamayang kapit-sa-patalim, nilulusaw ang kanilang moralidad at etika, upang takasan ang siklo ng kahirapang matagal nang nakadagan sa kanilang araw-araw. Sa huli, Filipino sa Filipino pa rin ang

nagtutunggali para sa mumo ng pagkakataong nakalapag sa kanilang kinabukasan—at nagtatawa lamang ang mga makapangyarihan at mapagsamantala sa kanilang kasasapitan habang ipinuputa ng maraming mamamayan ang kanilang mga sarili.

Diskurso rin ng pagkaputa/pagpuputa ang binubusisi ni Lenin Carlos Mirasol sa kanyang kuwentong *Ang Pag-ibig Ayon sa Isang Puta*. Magandang pagnilayan ang pamagat—sino ang totoong puta? Ang batang propesor na nakikisalok ng karnal na karanasan para sa isinasagawang pananaliksik upang makatamasa ng seguridad sa trabaho o ang prostitute na estudyanteng napilitang ikalakal ang katawan upang makapag-aral? Magaan ang wika at nakatahi sa tila personal na danas ang kuwento ni Mirasol kaya't para kang nananalamin sa siwang ng isang tiyak na buhay habang nagbabasa. Ang pagkaputa ng mga karakter ay sintomas lamang ng malalang sitwasyong panlipunan na nag-uudyok sa kanila upang landasin ang isang buhay na hindi katanggap-tanggap sa status-quo—at, baka nga, puta ang lahat sa ilalim ng kapital.

Ngunit sino nga ba ang totoong puta? Sa katotohanan, ang dangal ng puta ay naroroon sa kanilang katawan. Sa pagkagipit, sa hindi matakasang sitwasyon, ang paglalako ng sarili ay higit pa sa lakas-ng-loob, isa itong mala-byaning desisyon. Para sa kapakinabangan ng iba, tanging pagkasira ng sarili ang magiging kapalit ng kanyang pagpuputa.

Sa kabilang banda, ang mga nakikinabang, silang tunay na puta at nagpuputa sa gipit na kalakaran at kalagayan ng mga kapit-sa-patalim—ang mga nagbebenta sa soberanya ng bansa, ang mga nagsasamantala sa mga manggagawa, ang mga tampalasang kaytagal nang yumuyurak sa dangal ng bayan—ang marapat na isinusuplong sa pagkawasak. Ito ang tinahak

ng mga dagli ni Mark Norman Boquiren na *Ugat, Nagbagong Agos* at *Kapares*. Tatlong dagli itong nakahugpong sa kahulugan ng tunggalian ng mga uri: ang marhinalisadong mga katutubo at ang pangil ng kapitalismong lumulusaw sa kanilang lupa at pagkakakilanlan, ang bagong imperyalismong ibinabayubay ng Tsina laban sa maliliit nating mangingisda at ang manggagawa sa trahedya ng kanilang kalagayan bilang mga sinusupil, ginigipit at pinababayaan sa ganitong balangkas ng kaayusan.

Sa huli, ang pagpuputa ay hindi lamang sa katawan nakakulong. Ang katotohanan, isang mahaba at masalimuot na naratibo ng pagpuputa ang namamayaning sistema mayroon ang daigdig na ito sa yugto ng nabubulok na kapitalismo. Isang paggigiit ng kapangyarihan ang hindi magpaubaya sa alindog na alok ng ganitong halina.

PANITIKAN BILANG KAPANGYARIHAN

Ang kulminasyon ng dalawang kritikal na sanaysay sa edisyon na ito ng *Entrada* ay nakatundos sa kapangyarihan ng panitikan. Nasa panitikan pa rin ang pagkakataon ng higit na pag-unawa ng tao sa kanyang sarili tungo sa pagkilos nang may tanaw sa pinakamabuti. Ang kapangyarihan ng panitikan—mula sa kongkreto nitong pinagbukalan sa mga materyal at aktuwal na pangyayari sa lipunan, hanggang sa sumpungan ng manunulat upang habiin sa kanyang imahinasyon gamit ang sensibilidad bilang tagapaghubog ng kamalayan, hanggang sa mailuwal bilang isang tekstong may sukbit na mga panukala, paalaala at mensaheng makapagpapakilos sa mga mambabasa—ay hindi maitatatwang kapangyarihang kayang makapagtibag ng mga nakamihansan, at makapagbuo ng bago at mas mabuting

kaayusan. Ang panulat bilang gulong ng tao sa kanyang pagtahak sa sibilisasyon, at ang panitikan bilang langis na nagpapaandar dito.

Pagkokonteksto ng retorika ng makabagong pasismo ang ipinaliliwanag ng batikang manunulat na si Efren R. Abueg sa kanyang kritikal na sanaysay na *Ang Retorika sa Panahon ni Duterte at Trump: Globalisasyon, Nasyonalismo at Panitikan*. Hinimay ni Abueg ang magkadugtong na retorika ng dalawang populistang pinuno na si Trump at Duterte at ang kaugnayan nito sa kasalukuyang globalisasyon at nagbabagong-bihis na nasyonalismo. Sa dulo ng sanaysay, tatalakayin ni Abueg ang kapangyarihan ng panitikan na humawan at magbigay ng retorikang mapagpalaya at mapagmulat kaiba sa pinamamayani nina Duterte at Trump sa kasalukuyan.

Nakadugtong naman sa sanaysay ni Abueg ang masinsing kritisismo ni Ivan Emil Labayne sa nobela ni Gina Apostol na *Bibliolepsy*. Sa kanyang sanaysay na *Arresting the Word and Unresting the World: A Reading of Gina Apostol's 'Bibliolepsy'*, pinatitining ni Labayne sa kanyang pagbasa ang tungkulin ng nobela bilang lunan ng panlipunang kasaysayan at hindi lamang isang entablado ng produkyon at sirkus ng wika. Sa pagtatapos ni Labayne sa kanyang sanaysay, nag-iwan siya ng mga katanungang maaari nating paglimian:

Is that not beautiful and inspiring, the imperfect, the incomplete, the doomed, actually being vital? It is precisely these incompleteness and gaps—a prophetess missing, a national epiphany lacking, a dictator's fate hanging—that tell to us there is more to be read, more is to be written, more is to be revealed and discovered. There is more to be done.

ANG AMBAG NG ENTRADA SA PANITIKANG PAMBANSA

Laging tumutugon ang Entrada sa misyon nito na magbigay ng mga bago at natatanging mga akdang pampanitikan na magmumula sa mga bihasa nang manunulat hanggang sa mga papasibol at nangangako ng pagbibinhi na mga kabataan at baguhang manunulat. Laging masusi ang publikasyon para sa hangaring maging de-kalibre ngunit nakaugat sa panlipunang pangangailangan ang mga akdang ihahandog nito.

Malayo na ang mga akda sa Entrada sa kinasanayang istruktura at nilalaman ng maraming publikasyon—na kung hindi nagpapalala ng kinasanayang kaayusan ay naglulunsad naman ng bagong kabaliwang panlipunan. Ang mga akda rito'y hindi na humihiling, at naninikluhod, na makasama sa palihan o di kaya'y magawaran ng pagkilala. Higit sa mga ito, naglalayon ang mga akda, at ang mismong Entrada, na makipag-diyalogo sa mga mambabasa—sa mga karaniwang tao—lampas pa sa kanilang mga personal na mithiin at pangarap. Pakikipag-usap hindi upang palabuin ang dati at lagi nang malabo, bagkus ay talakayang magpapa-usad sa kamalayang panlipunan ng mga mambabasa, na sila ay bahagi ng mas malaking kabuuan, at katulad ng mga manunulat, tangan rin nila ang responsibilidad na lumikha ng daigdig na mainam at mabuti para sa lahat.

Ang halaga ng ambag ng Entrada ay nakasalalay pa rin, lagi, sa mga mambabasa. Hindi kalansay ng nakaraan na binihisan ng bagong damit at adorno, ang panitikan ay isang buhay na tekstong bukas sa maraming pag-unawa at perspektiba. May lehitimong kapangyarihan ang panitikan na makapaglunsad ng pagbabago. Ang talaban ng teksto at mambabasa ay nagiging matining sa tuloy-tuloy na reaksyon at ugnayan, ang anumang palitan sa pagitan ng mga ito ay tulay sa lubos na pag-unawa, hindi na lamang sa teksto, kundi higit

sa sarili at sa lipunan. Mula rito'y nagiging makabuluhan ang panitikan, hindi na lamang sa kanyang sarili o sa manunulat o sa mga mambabasa, kundi sa daigdig at sa pagpapabago nito.

Ganito tumutugon ang Entrada sa tanong na **'para kanino?'**

TULA

MARLBORO LIGHTS

Emmanuel T. Barrameda

1

Magsimula tayo sa init
sa mumunti mong apoy
sa aking paghinga.
Magkabila ang ating mundo
Nauubos ka't
napupuspos ako.
Dahan-dahang gumagapang
ang aking mga labi.
Sumusuko ang iyong katawan
hanggang sa magdikit
ang ating pagitan.
Kapag malapit na
at kaunti na lamang
mamamatay ka sa aking paanan.
Yayakapin ako ng mapupusok
na usok
at iiwang naglalaway,
nag-iisa.

2

Kinakalawit ng usok
ang mga piraso

ng lihim sa aking dibdib.
Pinagtatagpi-tagpi
at pinagdidikit-dikit
at saka ilalantad
nang pabulong sa hangin
ang aking pag-amin.
Muli akong uusigin
ng mumunting baga.
Makailang ulit,
isinuko ko
at ipinagkatiwala
ang lahat ng aking naaalala
at papanaw ang usok
sa mga balikat ng hangin.
Na bubulong sa akin:
Ang lahat ng ito
ay para lang sa atin.

3

Katulad ng kaulapan
na hindi kayang pagtakpan
ang sarili,
kailanman
hindi maitatago ng usok,
ang mga pangamba
na nakalista
sa balat ng palara

PAGITAN

Mark Anthony S. Salvador

SAPAGKAT LAGI TAYONG NAGMAMADALI

Hindi na tayo kumakanta kung naliligo,
hindi na halos nakikipagtawanan kung kumakain,
hindi na kinakausap ang sarili sa salamin.
Hindi na natin tanda
kung kailan natin huling pinagmasdan
ang dapithapon at bukangliwayway,
kung kailan huling ikinagalak
ang biglaa't malakas na ulan.
Hindi na tayo nakikipagkumustahan
sa mga kapatid, mga kaibigan
hinggil sa kanya-kanyang kalagayan.
Nalilimutan na natin ang rikit
ng payak at libreng mga bagay.
Nagmamadaling makina na
ang tingin natin sa buhay.
At sa pagitan ng bawat pagsalubong natin
patakbo
sa paparating na dyip,
sagsag na paglakad
papasok sa trabaho,
naiiwan natin sa hindi na nahalong kape
ang mga munting piraso
ng ating pagkatao.

TULAY

Malinaw na sa akin, humahaba at
nawawalan ng tatag ang tulay
kung malaon nang walang tumatawid.

Tulad ng halos lahat, nagsimula kitang
walang ugnayan, hanggang
sa may kung anong napag-usapan,
natuklasan halimbawang
parehas ng nakakahiligan
o pinaniniwalaan,
at sa pabalik-balik na pagtawid,
may tulay tayong naitindig.
Tumibay ito, sa pagdaan ng panahon.
Kongkretong bakal at bato,
hindi kayang iguho ng tadyak ng alon
o pitik ng unos.

Ngunit kailan ko lang natiyak,
humahaba ang tulay
at nawawalan ng tatag.
Hindi ako naniniwala noong simula
sapagkat sa akin, mito lang ang ganito,
nabubuhay sa mga pelikula
at salaysay ng matatanda.
Ngunit ngayong tayo na ang nasa edad
ng mga nagmamasa ng tinapay,
napapagod para may maihain sa mesa,
sinusubok ang tatag sa mga pinaniniwalaan,
malinaw na sa aking
hindi basta ang tulay ang humahaba

kundi ang mga isla ang dumidistansiya.
At kung magpatuloy na wala sa ating tatawid,
magiging masigasig na bagtasin
ang layong nalikha natin,
rurupok ito nang rurupok.
At unti-unting papapakin
ng dila ng alon at pangil ng hangin.

ISANG HATINGGABI

Hatinggabi iyong
 hindi ako binibisita ng antok
 ngunit dinadalaw ng kung anong lungkot,
 bumangon ako't nagpunta
 sa tahimik na salang silid-tulugan
 ang aking mga magulang.
 Marahan, binuksan ko ang ilaw,
 payapa silang pinagmasdan.
 Sa simula, naingayan ako
 sa kanilang hilik.
 Hanggang nakasanayan
 ng aking mga tainga, kalaunan.
 Hindi nga ba't ganito ang huni
 ng mga kuliglig?
 Hindi nga ba't ganito ang himig
 ng gabing tahimik?
 At sa saglit na pakikinig,
 sa saglit na pagmamasid,
 para akong kandilang itinulos sa sahi.
 Bakit ngayon ko lang narinig
 ang kanilang mga lungkot
 pangamba, pangungulila at takot?
 "Anak, maraming tumutumba sa kalsada,
 umuwi ka nang maaga."
 "Malapit na kaming mawala
 ng iyong ama.
 Matuto ka nang tumindig
 sa sarili mong mga paa."
 "Anak, magawa mo pa kaya kaming abut-abutan
 kung humayo ka na't

magtayo ng sariling tahanan?"
Sa nakalilis at tastas
nilang salawal at mga manggas,
nasilip ko ang
lumaylay na nilang balat,
mga kalamnang
nagdakit sa akin, nagpaaral,
mga brasong madali nang mapagal.
Ilan kayang taon
ang kanilang itatagal?
Ilan pa kaya sa kanilang mga pangarap
ang makatutulong ako sa pagtupad?
Minasdan ko ang kanilang mukha.
Hindi. Hindi sila ganyan katanda
sa aking gunita.
Hindi na ako ang iyaking bata
at hindi na sila ang matitikas
malalakas kong magulang.
Marahil, sasapit ang isang umaga,
hindi na ako makaririnig
ng kahit anong payo o sita
mula sa kanila.

Marahan, pinatay ko ang ilaw.
Nagbalik ako sa aking silid-tulugan.
Hindi na ako magugulat,
kung ang dumalaw sa aki'y
mapanglaw na panaginip.

DAGLI

UGAT

Mark Norman S. Boquiren

NAKANGITING PINAGMAMASDAN ni Ugat, isang Aeta, ang puno ng manggang nasa harapan niya. Hindi pa nakuntento, dahan-dahan niyang pinagapang ang mga kamay niya sa magaspang nitong katawan.

Sa kanilang tradisyon, sa tuwing may bagong ipinapanganak, sinasabayan nila ito ng pagtanim ng isang uri ng halaman, na sa pagdaan ng mga taon ay magiging isang matatag na puno. Ang sanggol at ang puno ay iisa, parang kakambal na rin, na kung minsan nga'y magkaparehas pa ng ipinapangalan.

Niyakap ni Ugat ang puno. Hindi niya napigilan ang maiyak. "Patawaran, Ugat, ala kong agawa." Patuloy na umaagos ang mainit niyang luha sa kaniyang pisngi. Bumubulong-bulong na wari mo'y nagsusumbong sa mga anito.

"Ugat, tara na. Mako tana!" boses 'yon ng kaniyang Inay habang karga-karga ang kaniyang mga kapatid at ilang malalaking bag na kinalalagyan ng kanilang mga gamit.

Nilingon ni Ugat ang kinaroroonan ng kaniyang nanay, nakahanda na silang umalis. "Opo, Ina, Saguli po."

Mula sa kinatatayuan ng kaniyang Ina't mga kapatid, at ilan pang mga kaanak, napansin niya ang isang toldang nakatayo mula sa 'di kalayuan. Naroon na naman ang mga sundalong nakauniporme pa't may tangan-tangan pang mahahabang baril. Sadyang kinatatakutan na nila ang militar sa lugar nila. 'Pag may nanlaban sa kanila, tiyak magdudulot 'yon ng 'di magandang pangyayari. Kaya't pinili na lamang nilang lisanin ang kanilang lugar.

Lumakad na si Ugat ngunit nilingon muli niya ang puno, ang puno ng manggang kapatid na rin, na kasa-kasama sa araw-araw habang siya'y lumalaki. Sa paglingon niya, 'di lang puno ang naabot ng kaniyang mga mata pati na rin ang mga bundok na unti-unti nang pinapatag.

NAGBAGONG AGOS

Mark Norman S. Boquiren

MAAGANG GUMISING si Gaspar nang umagang 'yon. Plano kasi niyang pumalaot nang maaga. Sa wakas, may pagbabago na. "Salamat kay Tatay Digong", wika niya sa sarili. Isa ito sa hinihintay nilang pagbabago.

'Yon ang unang araw na pinayagan na silang mangisda sa Panatag Shoal magmula nang pumutok ang isyu sa usapin sa pinag-aagawang teritoryo at ang pagtatayo ng mga imprastraktura roon ng bansang Tsina. Ilang buwan din silang halos 'di makalayo sa pampang sa tuwing mangingingisda dala ng takot na makasalubong ang mga sasakyang pandagat ng Tsina.

Pagbangon ay agad siyang nag-init ng tubig upang makapagkape man lang muna bago pumalaot, habang isinasakay sa bangka ang lambat at ibang kakailanganin sa pangingingisda. Pagkatapos ng kaniyang mga paghahanda, katulong ang binatilyong pamangkin, itinulak na niya ang kaniyang bangka mula sa pampang.

“Tiyak ko, marami tayong mahuhuli ngayon.” Puno ng pag-asa mula sa mga mata ni Gaspar. Tumango-tango lamang ang giniginaw pa niyang pamangkin.

Matiyaga munang pinakiramdamang ni Gaspar ang tubig. Sa ilang saglit pa’y isinenyas na niya sa kaniyang pamangkin ang paghagis ng lambat. Pagkatapos noon ay naghintay muna sila ng ilan pang saglit. Nakadalawang sindi pa sila ng sigarilyo bago pa nila iniangat ang lambat. Hindi pa lagpas sa mga daliri ng kanilang mga kamay ang nahuli nila.

“Mukha ho yatang hindi na sanay makipagkamustahan sa atin ang mga isda, Tiyo,” biro sa kaniya ng kaniyang pamangkin.

“Di na siguro ‘ka mo sanay gumising nang maaga, gaya mo,” dagdag ni Gaspar. Nagtawanan ang dalawa.

“O baka naman ho nag-iba na kasi ang timpla ng dagat, baka ho naging made in China na.”

“Ayos lang ‘yan, ang sabi sa balita, kaibigan na ang China.” Nagtawanan ulit ang dalawa.

Lumipat at lumayo muna sila ng puwesto upang subukang makahuli ng mas maraming isda. Naghintay ng ilang sandali. Inihagis ang lambat. Naghintay ulit. Hinila ang lambat. Kakaunting isda lang ang nakuha. Lumipat ulit sila ng puwesto. Naghintay ng ilang sandali. Inihagis ang lambat. Naghintay. Hinila ang lambat. At paulit-ulit nila ‘yong ginawa, ngunit wala pa rin silang nahuli.

Inabutan na sila ng sikat ng araw. Malayo na rin ang narating nila. Mula sa malayo ay natanaw nila ang isang sasakyang pandagat ng Tsina. Papalapit ito sa kanila.

“GO BACK. YOU ARE NOT ALLOWED TO ENTER THIS AREA.”

Natulala si Gaspar. Naguluhan siya sa narinig mula sa megaphone. Nangamba siya sa mga hawak na mahahabang armas ng mga unipormadong Intsik. Hindi na sila umimik at

iginiya ang kanilang bangka pabalik sa kanila. "Uuwi na tayo," utos niya sa kaniyang pamangkin.

Nang mga oras na 'yon ay pilit na iniintindi ni Gaspar ang mga nangyari. Ang buong akala niya'y nakamit na nila ang pagbabago. Hindi lang timpla ng dagat ang nagbago pati ang agos ng tubig nito.

Naubos na ang baon nilang sigarilyo.

KAPARES

Mark Norman S. Boquiren

HIMBING NA HIMBING na sa pagkakatulog si Juana nang gambalain siya ng kanilang mga kapitbahay. Halos magiba kasi ang pinto ng bahay nilang yari sa plywood ng dahil sa malalakas at mabibigat na katok. 'Di na siya nagdalawang-isip pang tumayo upang buksan ang pinto, kahit na pagod na pagod na ang katawan sa maghaponng paglalabada.

"Juana! Juana!" sunod-sunod na sigaw ng kaniyang mga kumare.

"Sandali! Maghintay naman. Hindi n'yo naman ipagagawa 'yang pinto namin!" angil ni Juana. "'Pag 'yan puro kalokohan lang, makikita n'yo talaga ang hinahanap n'yo!"

Pagbukas niya ng pinto ay nagulat siya sa dilat na dilat na mga mata ng kaniyang mga kumare. Lalo siyang nalito nang sabay-sabay na nagsalita ang mga ito sa kaniya.

"Juana, si Edgar..."

"Juana, ang asawa mo..."

“Juana ang pabrika...”

“Ha? Ano! Huwag kayong magsabay-sabay. Lintik naman!” Hindi niya maintindihan sa una ang mga sinasabi ng kanilang kapitbahay.

“Juana, si Edgar, ang asawa mo, ang pabrika... nasusunog!”

“Anong pabrika?” tanong niya sa kaniyang mga kumare.

“Sa pinagtatrabahuan ng asawa mo! Doon sa pabrika ng mga tsinelas!” Aligagang-aligaga ang mga kumare niya.

Mas mabilis pa sa alas-kuwarte na kumawala ang antok sa katawan niya. Dinampot na lamang niya ang kaniyang pouch na nasa tabi ng altar. Inihabilin na lamang niya ang mga natutulog na anak sa isa sa kaniyang mga kumare. Kasama ang isa pang kumare, agad nilang tinungo ang pabrika ng tsinelas na pinagtatrabahuan ng kaniyang asawa.

‘Di niya maipaliwanag ang nararamdamang kaba habang nasa biyahe. ‘Di na niya alintana ang ingay sa paligid, ang balagbag na pagmamaneho ng drayber, ang mga nagmamadaling trak ng bumbero’t ambulansya, at ng kung ano pa sa paligid. Ang tanging hangad lang niya ay makarating kaagad sa pabrika. Lalong-lalo na’t tanaw na niya mula sa malayo ang kumakapal na itim na usok sa kalangitan.

Hindi na umabot ang dyip na sinasakyan nina Juana dahil ni-reroute na ang daloy ng trapiko. Napilitan silang lakarin na lang, na may kasamang pagtakbo, hanggang sa marating ang sadya. Mas lumilinaw kina Juana ang hitsura ng pinangangambahang impyerno ng nasusunog na pabrika. Damang-dama na mas umiinit ang hangin sa paligid.

“Ay, Ale, bawal ho kayo rito,” saway sa kaniya ng isang fire volunteer.

“Ano’ng bawal! Ang asawa ko nariyan!” pagwawala ni Juana.

“Oo nga ho, pero hindi ligtas ang lumapit sa pabrika,” paliwanag naman ng isang tanod.

“Hindi! Hindi! Kasalanan ninyo ‘to. ‘Yong asawa ko!”

Ilang sandali pang nagwala si Juana sa harapan ng barikada kahit na inaalo siya ng kaniyang kumare. Patuloy naman sa pag-aapula ng apoy ang mga bumbero’t ilang residente. Parang isang eksena sa teleserye ang nangyayari sa paligid.

Maya-maya pa’y tila napagod na sa pagwawala si Juana. Puno pa rin ng pighati at pangamba sa kung ano nang kondisyon ng kaniyang asawa, napaupo na lang siya sa gilid ng isang tindahan. Napansin niya ang kaniyang mga paa. Ekstrang sinelas pala ng asawa ang kaniyang naisuot. Mula ‘yon sa pabrikang pinagtatrabahuan niya. Nawawala na pala ang kapares. Lalong lumakas ang apoy mula sa nasusunog na pabrika. Lumalakas din ang mga sirena ng mga trak ng bumbero’t ambulansya.

DILSON

KC Daniel Inventor

MAKINISTA

ISINALANG NIYA ANG rolyo ng film sa projector.

Ikaapat na ito ngayong araw, pero hindi pa rin niya alam kung tungkol saan ang pelikula. Basta ang pamagat, "Geography Club". Kung sa bagay, hindi naman niya trabahong alamin ang kuwento ng mga pelikulang ipinalalabas nila sa sinehan. Ang mahalaga, maisalang niya sa projector ng lima hanggang anim na beses ang pelikula sa loob ng isang araw, depende sa haba nito at manatili siyang nakabantay sa loob ng mala-bartolinang silid sa likod ng sinehang pinatanda ng mabilis na pagdaan ng panahon. Hindi rin naman dadagdagan ni Manager ang sahod niya kung aalamin pa niya ang istorya ng mga ito.

Naupo siya sa harap ng projector at napako ang tingin niya rito. Sa araw-araw nilang pagkikita sa trabaho, ngayon

lang niya napansin ang hitsura ng kabuuan nito. Nakaramdam siya ng awa. Sa pagkakatanda niya, ilang dekada na raw ito rito kuwento ni Manager. Mas matanda pa nga raw ito kesa sa kanya. Nginangatngat na ito ng kalawang. Pilit lang ginagamot ng paulit-ulit na pagtapal ng pintura.

Ganito din kaya ang itsura ng projector sa mga sinehan sa mall?

Kambal na malalaking makina na tila parisukat na robot ang gamit nila sa sinehan. May dalawang tubong nagdudugtong sa mga ito. May lente sa harap nito na saktong nakasalpak sa butas sa dingding, may mala-gulong ng bisikleta sa ibabaw ng makina kung saan ikinakabit at umiikot ang reel ng pelikula at sa ibabang bahagi naman naroon ang pihitan ng volume at switch ng on at off.

Ilang taon na kaya 'to?

Apat? Lima? O anim na taon na mula nang lumuwas siya ng Maynila at ipinasok ng trabaho bilang makinista sa sinehan ng isang kakilala?

Puro ka palabas ng sine, e, ikaw nga kahit isang beses di pa nakakapanood sa magandang sinehan. Sabagay, wala namang ibang dapat gawin ang makina kundi magtrabaho.

Noong bata pa siya, sa betahan ng Lolo Junior niya lang sa likod bahay sa probinsya siya nakakapanood ng mga pelikula. Betamax pa noon ang uso. Hindi tulad ngayon na DVD na ang gamit. Madalas na isinasalang ng Lolo niya ang mga pelikula ni FPJ. Kung hindi man, kahit anong maaksyong pelikula basta may habulan, suntukan, at barilan. Iyon kasi ang hinahanap ng mga tao sa lugar nila sa isang pelikula – ang nagbabakbakan kaagad sa simula pa lang at hindi na masyadong mahaba at komplikado ang pag-uusap ng mga tauhan. Sa halagang bente pesos ay nakakapanood na ng pelikula ang karamihan sa mga kapitbahay nila. Kaya palaging puno ang mga upuang kawayan sa loob

niyon. Minsan nga, nakikiusap pa ang iba na tatayo na lang sa likuran o hindi kaya ay uupo sa sementong sahig ng betahan makapanood lang.

Nang mamatay ang Lolo Junior niya, namatay rin ang marami pa sanang mga pagkakataong masulyapan niya ang iba pang pelikulang hindi pa niya napapanood.

Tumayo siya at lumapit sa nananahimik na kalendaryo sa dingding. Pinadaan niya ang hintuturo sa mga nakapilang numero at huminto sa numero kinse.

Muli siyang naupo sa harap ng projector habang sumisiksik sa magkabila niyang tainga ang namiminging bores ng mga tauhan sa pelikula. Isang oras na lang at matatapos na ito. Napaisip siya. Dahilan. Manager. Sahod. Dahilan.

Makakaabot pa ako sa last full show sa SM Manila.

Iginuhit niya sa isip ang hitsura ng sinehang papasukin niya mamaya bilang unang beses niyang manonood. Ang mga upuan. Ang screen. Ang mga tauhan sa pelikula. Hindi tulad ng mga pelikulang isinasalang niya sa kaharap niyang projector, malinaw ang lahat sa balintataw ng isip niya.

“Raid!”

Pinutol ng sigaw mula sa hagdan ng sinehan ang pagrolyo ng mga imahe sa isip niya. Hindi niya na matandaan kung pang-ilang beses na ito ngayong taon. Gumapang ang hilakbot sa batok niya at sigurado siyang ganoon din ang mga parokyano sa loob ng madilim na sinehan. Halos madurog ang mga baitang sa mga paang dumagundong paakyat.

Hindi siya natinag sa pagkakaupo. Ganoon din ang nanlalaki niyang mga matang nakakapit sa imahe ng projector. Marahas na binuksan ng isang tadyak ang pintuan. Naisip niya na ilang linggo na namang nakabartolinang mag-isa ang projector na iyon.

KOLBOY

Walang tigil sa pagkulo ang sismura niya nang umupo siya sa tabi ng lalaki at nagkunwaring tutok sa pelikulang nakasalang sa harap nila. Napatingin ito sa kanya. Nangingkit ang mga mata. Pilit hinahawi ng paningin ang dilim na nakaharang sa mukha niya at muling ibinaling ang pansin sa pinanonood.

Tulad ng iba pang mga lalaki sa loob ng lumang sinehan na ito, mga aninong nagbubulungan lang ang nasa screen kaya alam niyang nagkukunwari lamang sa panonood ang lalaki. Marahan niyang pinadapo ang palad sa tuhod nito. Naghintay siya ng pagtutol. Tanging ang sismura niya ang nakikipagpaligsahan sa binging pelikula. Binuhay niya ang kanyang mga daliri. Pinagapang at pinaglaro ang mga ito sa tuhod at hinayaang maghabulan sa hita ng lalaki. Hindi pa rin matinag ang lalaki sa kunwaring panonood.

Bibigay 'to. Bulong niya sa isip.

Itinuloy niya ang habulan ng mga daliri sa pagitan ng mga hita.

Sabi na e!

"Serbisan kita?" Bulong niya sa lalaki na para bang inaalok ito ng katakamtakam na putahe.

"Ha?" Napaupo ito ng direktso at muling napatingin sa kanya.

"Sandaan lang." Gumuhit ang nag-aalangang ngiti sa dilim.

"Hi-hindi ako nagpapaserbis e." May nginig sa boses nito.

"Sandaan lang. May libreng masahe." Hirit niya sabay pasok ng kamay sa loob ng pantalon ng lalaki matapos niyang maibaba ang zipper.

“Aaah-ayoko talaga. Pasensya na.” Napapaigtad ito sa galaw ng kamay niya sa loob ng pantalon.

“Sige na, boss, pangkain lang. Kaninang umaga pa ako hindi kumakain, e.” Nagbakasakali siyang matablan ito ng awa tulad ng pagtalab ng libog sa lalaki.

“Ito o, pangkain. ‘Wag mo na akong serbisan.” May inabot ang lalaki sa kanya sabay hugot ng kamay niya sa loob ng pantalon.

Sinipat niya sa dilim ang halaga nito. Bente pesos.

Pucha ambarat!

Kailangan na ang huling alas. Hindi puwedeng masayang ang pakiusap niya kanina sa takilyera na papasukin siya nang libre para may pantawid-gutom. Yumuko siya. Dumaan ang rumurondang flashlight ng guwardya. Bigla siyang napaupo nang tuwid ngunit agad ding bumalik sa pagsisid nang mabura ang gumuguhit-guhit na liwanag sa dilim. Naglaban sila ng lalaki. Pasulong siya at paurong naman ito. Hanggang sa nakarinig siya ng tingi-tinging ungol mula rito. Natalo niya ang lalaki. Nang umahon siya ay inabutan siya nito ng isang daang piso at saka nagpalitan ng “thank you” at tig-isang tapik sa hita at balikat.

Tumayo siya para lumabas. Patatahimikin lang niya sa tulong ng softdrinks at tinapay ang sikhura niyang kanina pa nag-aaklas.

“Raid!” Salubong sa kanya ng umalingawngaw na sigaw.

Nanghilakbot ang lahat sa sinehan. Marahas na bumukas ang magkabilang pintuang playwud at tuloy-tuloy ang mga lumusob. Hiniwa-hiwa ng liwanag ng mga flashlight ang dilim sa loob. Parang mga dagang nagpulasan sa kanilang mga lungga ang mga parokyano.

Mabilis siyang dumapa at gumapang. Kinalimutan niya muna ang tinapay at softdrinks at pilit inalala kung nasaan

ang direksyon ng fire exit. Hindi siya puwedeng makulong ulit. Baka mapatay na siya ng nanay niya kapag nalamang kailangan na naman siyang piyansahan. Araw-araw na nitong dinadaing na matumal na ngayon ang bentahan ng pamparegla at mga langis sa labas ng simbahan ng Quiapo. Sa panahon pa naman ngayon, mahirap nang pakiusapan ang mga pulis kung walang maisasayad na kuwarta sa mga palad at bulsa nila.

Nagpatuloy siya sa paggapang patungo sa labasan. May iilan siyang nakakabangga sa malagkit at masangsang na sahig pero hindi niya ito inintindi. Natatanaw na niya ang pulang liwanag ng mga salitang FIRE EXIT. Muling nagrebolusyon ang sikmura niya. Kapag narating niya iyon, dali-dali siyang lalabas at tatakbo. Siguradong mahihirapan na siyang mahabol at mahuli. Imbes na tinapay at softdrinks, maming gala ang lalantakan niya para ipagdiwang ang pagtakas niya sa raid. Iyon ang plano niya. Abot-kamay niya na ang exit nang bigla siyang umangat sa pagkakadapa sa sahig.

“Putang ina mo, tatakas ka pa?”

Namanhid ang dila niya. Nanigas ang katawan niya. Kinain ng takot ang gutom sa sikmura niya.

GUWARDIYA

Pinadaan niya ang liwanag ng flashlight sa lumulukob na dilim ng sinehan. Para itong kidlat na hiniwa ang madilim na langit. Napaupo nang direktso ang mga ulong lulubog-lilitaw sa likod ng mga upuan.

Hindi na bago sa kanya ang senaryong ito. Kung minsan nga ay hindi lang mga nawawalang ulo ang nadadatnan niya sa loob kundi mga nagkukumpulan pa sa mga upuan at sa mga sulok ng sinehan. Parang naglalaro ng cara y cruz. Ang pinagkaiba lang, hindi pera kundi init ng katawan ang ipinupusta sa dilim.

Nakasanayan na niyang batuhin ng sitsit o bulyaw ang mga nahuhuli niyang nagsusugal sa dilim. Kung minsan nga ay hinahabol pa niya ang mga ito ng mura kapag hindi na niya masikmura ang mga ginagawa. Sa katunayan kilala siya rito bilang si "Kalbo ang Guwardyang Berdugo" dahil bukod sa kalbo, berdugo siya ng mga baklang nahuhuli sa akto.

Kahit ilang beses na siyang pinagsabihan ni Manager na sawayin lang ang mga ito at huwag pahiyain at itaboy dahil sila ang bumubuhay sa sinehan, patuloy pa rin siya sa pamamahiya at paghabol sa mga ito.

"Mga hayop kayong mga bakla kayo! Dito pa kayo nagtsutsupaan!"

"Putang ina niyo! Dito pa kayo nagkakat ng AIDS!"
Ang lagi niyang litanya sabay tapat ng flashlight sa mukha ng mga ito para lalong mapahiya.

Pero pagbibigyan niya ang mga ito ngayong gabi. Hindi dahil pumapayag na siyang gawing parausan ang sinehan kundi dahil magnanakaw siya ng tulog. Hindi dumating ang karelyebo niya ngayong araw kaya pinakiusapan siya ni Manager na ituloy

ang shift hanggang alas otso. Total overtime naman ito at araw ng sahod ngayon, pumayag na siya.

Sinuyod niya ang pasilyo sa tulong ng dala niyang flashlight. Tuloy-tuloy sa mga blangkong hilera ng upuan sa unahan na kahawig ng mga nabubulok at bunggi-bunging mga ngipin. Naupo siya sa isa sa mga upuang iyon. Sa isip niya, mas mainam na doon siya pumuwesto para hindi siya magambala ng mga ungol at halinghing na nakikipagpaligsahan sa diyalogo ng mga tauhan sa pelikula na siyang humele sa kanya sa pagkaidlip.

Nagising siya nang maramdaman ang paggapang sa hita niya. Tinimbang niya sa sarili kung panaginip ba ito o hindi.

"Boy, guwardya ako dito. Hindi mo ba nakikita uniform ko?" Inaantok ang boses niyang sinaway ito. Hindi niya pa rin sigurado kung panaginip o hindi.

"Okay lang 'yan kuya." Mahinahon nitong sabi habang ibinababa ang pantalon niya.

Walang pagtutol. Pumikit ulit siya. Hindi niya maipaliwanag kung bakit hindi siya nagpuyos sa galit gayong halos isumpa na niya ang lahat ng mga bakla sa loob ng sinehang ito.

Panaginip. Paninigurado niya sa sarili.

Sunod niyang naramdaman ang pagtaas-baba ng ulo ng lalaki sa harap niya. Para siyang idinuduyan.

Bahala na kung panaginip o hindi. Mabuti na lang at dito ako pumuwesto. Naisip niya. Hinayaan niya ang pagsisid-ahon nito sa harap niya hanggang sa magpakawala siya.

"Thank you kuya," bulong nito sa kanya sabay alis.

"Tha..." Hindi pa man niya nabubuo ang sasabihin ay kumaripas na ito ng takbo.

"Raid!"

Ginising siya ng sigaw. Napatayo siya ngunit muling yumuko sa natuklasan. Dali-dali siyang kumapa sa sahig. Hindi niya mahagilap ang pantalon niya.

Kasabay ng pagpapakawala niya ng “putang ina” ang marahas na pagbukas ng magkabilang pintuang playwud. Tinadtad na ng liwanag ng mga flashlight ang dilim ng sinehan. Nagsidapaan at nagsigapangan na ang lahat.

Napaluhod siya at nagpatuloy sa pagkapa ng pantalon sa sahig. Hindi siya papayag na mabahiran ng ibang kahulugan ang bansag sa kanya. Tumapat sa mukha niya ang liwanag ng flashlight. Napatayo siya at nanlaki ang bilog na bilog na mga mata. Bumaba ang liwanag na nagmistulang spotlight sa pagitan ng kanyang mga hita.

TAKILYERA

"Nang, pangkain lang," paalam sa kanya ng binatang nakilala na niya sa halos araw-araw na pagpunta nito sa sinehan para kumita ng pera.

"Sus, pangkain daw. O siya sige," pagpayag niya sabay senyas sa guwardiyang papasukin ito.

Sinundan niya ng tingin ang dalawang halos magkasunod lang na umakyat sa sirang escalator ng sinehan.

Balik siya sa binibilang na kita ngayong araw. Nasa diyos mil na siya. Sa mga pagkakataong ito, malaki ang pasasalamat niya at may mga parokyano pa ring tumatangkilik sa sinehang pinagtatrabahuhan niya. Kahit na alam niyang hindi naman talaga sila nanonood ng mga isinasalang nilang pelikula, ayos lang.

"Sino ba naman ako para husgahan sila?" Palagi niyang sabi.

Sa katunayan ay nabubuhay sila – siya, ang binatang iyon, ang guwardiya, at marami pa sa mga katrabaho niya nang dahil sa pera ng mga parokyanong ito.

"Hayaan mo sila. Basta wala silang inaagrabyado, ayos lang," litanya niya kapag may nagsasabing imoral ang mga kostomer nila.

Dagdag pa rito, halos lahat ng dingding at sulok ng sinehan ay may mga karatulang nagsusumigaw sa pula na bawal ang kalaswaan at kahalayan sa loob. Sa harap pa lang ng counter kung saan siya nagbabantay ay bumubungad na kaagad sa mga nagbabayad ang:

"ANG GAGAWIN MONG KALASWAAN SA LOOB NG SINEHANG ITO AY MAY KAUKULANG PARUSA."

Sa baba naman nito ang rating ng MTRCB. Kaya hindi sila nagkukulang sa pagpapaalala sa mga manonood nila.

Kapag may naririnig siyang nagsasabing dapat tuluyan nang ipasara ang mga lumang sinehan sa Avenida at Recto, isa lang ang sagot niya:

“At paano naman kaming inaasa ang kabuhayan namin sa sinehan? Lalo na ako. Matanda na ako. Wala nang tatanggap sa akin para magtrabaho.”

Isa pa, mahirap na para sa kanyang baguhin ang nakagisnang trabaho sa mahigit na dalawang dekada. Mahirap na para sa kanya ang iwan ang sinehan.

Noong dalaga pa siya, nangarap siyang maging isang artista. Ang sabi ng nanay niya, ambisyosa raw siya. Hindi naman daw siya maganda tulad ni Vilma Santos at walang talento sa pag-arte tulad ni Nora Aunor. Kung gusto raw niya e magtrabaho siya bilang takilyera sa sinehan at ipapasok siya ng kakilala nito sa Dilson. Iyon na raw ang pinakamalapit na trabaho sa ilusyon niyang maging artista. At iyon na nga ang dahilan kung bakit hanggang ngayon ay takilyera pa rin siya. Tapos, sasabihin lang ng iba na ipasara na lang basta-basta ang mga lumang sinehan dahil lang pinamumugaran ng mga bakla?

Kulang-kulang kinse mil na ang bilang niya sa kita ngayong araw. Ang ibig sabihin halos dalawang daang katao na ang naglalabas-masok sa sinehan at madaragdagan pa ito.

“Tuloy ang sahod mamaya,” bulong niya sa sarili habang sabay na inaayos ang pumpon ng pera at mga barya sa kaha at ang suot niyang salamin.

May mga pagkakataong nagkakaroon ng aberya sa pagpapasahod sa kanila. Kung minsan ay matumal. Kung minsan naman ay may topak si Manager at sinasadyang ipagpaliban ang sahurang ng isa o dalawang araw. Pero wala nang mas sasaklap pa sa raid. Wala nang kita ng ilang linggo, wala pang kasiguraduhan kung mabibigyan ulit ng permit ang sinehan. Kapag nagkataong

minalas, damay-damay na silang lahat na walang trabaho at malamang ay makulong pa.

"Isa ho," may lumusot na isang daang piso sa butas sa salamin ng counter.

Kinuha niya ito at sabay na inabot ang green na ticket at bente pesos na sukli. Nakuha pa niyang masilip ang mukha ng kostomer bago ito tumalikod at umakyat sa paralisadong escalator. Napansin niyang may kung anong maliit na aparato ang nakasukok sa tainga nito.

"Isa ho," may lumusot uling pera sa butas at nasundan pa iyon nang nasundan.

Sandali niyang tinakpan ng pinunit na karton na may nakasulat na CLOSE ang butas ng counter. Magbabanyo muna siya. Ngunit hindi pa man siya nakatatalikod ay umalingawngaw na ang isang sigaw. Isang salitang kinahihilakbutan ng lahat sa sinehan – "Raid!"

"Labas! Labas diyan!" Bulyaw sa kanya ng isang lalaki. Patungo na sa pagtahal ang boses nito.

Sa paglabas niya sa counter ay tumambad sa kanya ang mga lalaking nakauniporme. Sa muling pagkakataon, para siyang naging bahagi ng maaksiyong pelikula sa nasaksihang paglusob sa sinehan.

Naisip niya ang mga parokyano sa itaas. Ang binatang nagpaalam sa kanya kanina. Ang mga katrabaho niya. Naisip niya ring araw ng sahod ngayon. Tuluyan nang tumagas ang mga luha at ihi niya habang paulit-ulit na iniisip ang mga ito.

**MALIKHAING
SANAYSAY**

ROUND TRIP

Emmanuel T. Barrameda

PALAGI AKONG TINATANGGIHAN ng mga tricycle driver na paparahin ko kapag sinasabi ko na kung saan ako umuuwi. Lalo na kapag mag-isa lang ako. Kung sakaling pasakayin man, ay tatagain ako ng doble sa dapat na pamasaha ko. Malas pa kung matatapat sa balasubas na drayber, halos triple na nga ang singil, may kasama pang ismid at padabog na pagpadyak sa makina ng motor kapag narating na namin ang hangganan ng baranggay na paghahatiran sa akin. Kaya madalas akong nagdadalawang sakay. Mula sa eskwelahan sasakay ako ng tricycle hanggang sa saod muna at doon ay may terminal na ng mga tricycle papunta sa amin at sa iba pang malalayong baranggay ng Virac. Minsan kapag napapasarap ang kain ng pansit bato at tinapay, ay naglalakad na lang ako hanggang sa saod. Doon na ako lulubugan ng araw kahihintay na mapuno ang tricycle na hindi makaalis-alis na kulang ang pasahero. Umuuwi akong amoy daing at bagoong sa tagal ng pagkakaburo ko roon.

Noong una, kahit ako ay nagrereklamo rin sa layo. 2nd year ako noon nang pauwiin at pag-aralin ni Papa at ni Mama Jo sa Catanduanes. Isang bus at barko ang layo nitong National mula sa dati kong eskwelahan. Kaya kahit na limang paaralan ang pinasukan ko sa anim na taon ng pag-aaral ko sa elementarya, nakaramdam pa rin ako ng pagkawala at pangangapa sa mga linggo sa isla. Mag-isa ako sa mga unang araw ko sa National. May pinsan naman akong doon din nag-aaral pero nasa special class siya at ako naman ay nasa regular section, at ibang-iba ang mundo namin sa kanila. Pero minsan nakakalaro ko rin sila ng basketball at nakakasama sa galaan noong wala pa akong kaibigan sa regular class. Noong maging kampante na sa akin ang mga kaklase ko, doon ko lang napatunayang hindi totoo ang konotasyon ng nakararami na parang balikbayan box na pinagkakaguluhan ng mga taga-probinsya ang lahat ng galing ng Maynila, o baka sa akin lang talaga pumalya. Unang ibinungad na tanong nila sa akin, "sa Manila ka ba talaga lumaki?" Tatango lang ako. Tapos bigla silang magtatawanan. Titingnan nila ako mula ulo hanggang talampakan at biglang susundan ang naunang tanong, "e, bakit mas maputi pa kami sa iyo?" Puputok pang lalo 'yung tawanan nila sa harap ko. Magbubulungan sila, bulungan na malakas at naririnig ko rin naman. Pero dahil nga nasa wikang Bikol ang pinagsasabi nila, hindi ko pa rin gaanong naiintindihan. Pinagtatawanan nila ako kapag nagta-Tagalog ako sa klase. Kapag sinusubukan ko naman silang kausapin sa ilang nakakabisado kong salita sa Bikol ay mas lalo nila akong pinagtatawanan, bulol daw kasi ako at pilit na pilit ang accent. E, kahit naman kako sa Tagalog bulol na talaga ako, sagot ko naman sa kanila. Pero nakasanayan ko na rin ang mga kanyaw nila sa akin, at siguro nasanay na rin sila sa akin. Hindi na naisuko ng dila ko ang laway na Tagalog, pero napapamahala na 'yung tainga ko sa wika nila at nagkakamabutihan na kami kahit papaano.

Wala pang dalawang buwan sa eskwelahan, nagkapalagayan na kami ng loob ng mga kaklase ko. Sumasama na rin ako sa ayaan nila sa pagba-basketball kung Sabado ng umaga. Nakakalaban na namin ang mga kaklase ng pinsan ko mula sa special class. Nakikitambay na rin ako sa bahay ng mga kaklase pagkatapos ng laro o kaya ng klase, na palaging nauwi sa panonood ng wrestling at basketball. Noong mga panahong iyon na rin ako nagsimulang magpaturong maggitara at mag-cifra ng mga kanta sa ilang katropa. Panahon 'yun ng F4 at Meteor Garden sa Maynila, pero ang binabanatan namin ay mga kanta pa ng Eagles, Guns N Roses, at Bon Jovi. At kahit na nabubulol-bulol pa ako sa pagbi-Bikol, nakiki-"kago mo!" at "patal ka!" na rin ako sa kanila.

Dala ng pagdami ng kakilala sa eskwela ang pagkakaroon ng mga kasabay sa maraming bagay. Magmula sa flag ceremony, magkakasunod na kaming magkakatropa, kahit pa may batas na ng find your height sa pila. Tabi-tabi rin kami sa upuan sa classroom, bale wala ang seating arrangement, p'wera na lang kung mahihigpit na titser ang nasa harapan. Kapag recess, kinukubkob naman namin ang tambayan sa lilim ng punong mangga, hindi para kumain kundi para banatan sa gitara ang mga kanta sa mahihiram naming songhits. At sa pag-uwi, hindi na ako nag-iisa. May mga nakakasabay na ako sa pagkain sa pansitan na siya ring nakakasabay ko sa paglakad papuntang saod. Habang naglalakad madadaanan kami ng ilang mga tricycle na punong puno ng estudyante. Doon sinisigawan kami ng ilang kaeskwela na "dae kamong tres!" Sabay senyas ng tatlong daliri sa hangin. Sasagot naman ako na, di bale na, busog naman. Malalaman ko kinalaunan na round trip pala ang tawag doon sa pagbibiyahe ng tricycle na punong-puno ng estudyante. 'Yong normal na tricycle na may pang-apat na pasahero (lima, kung isasama yung upuang pambata sa side car ng motor) ay

pagkakasyahin ang walo hanggang sampung katawan. Ang esensya ng round trip ay maunang ihatid ang pinakamalalayo bago ang pinakamalalapit. Gala iyon para sa mga estudyanteng halos kapitbahay lang ang eskuwelahan, at tipid naman para sa akin noong unang beses kong makisabay sa kanila. Imbes kasi na doblehin o triplehin ko ang pamasaha para ihatid ako sa amin, patak-patak system kami sa pagbabayad. Tatlong piso lang ang minimum na pamasaha noon. (Hindi ito panahon na may kalabaw pa sa malalaking piso, nagkataong probinsya kaya mura ang pamasaha.) Pero pare-parehong sampung piso ang bayad naming lahat, malayo man o malapit. Kaya hindi na lugi ang drayber, kung may 80 hanggang 100 siya sa isang biyahe. Noong malaman nilang malayo ang inuuwian ko, pinag-aagawan nila akong maisama sa kanilang grupong magra-round trip. Mas malayo nga naman, mas mahaba-habang biyahe, sulit ang paggala. Sama lang ako nang sama, ang mahalaga lang naman sa akin noon ay makauwi na hindi masyadong nasusugatan ang bulsa, bonus pa dahil puspos ng pansit bato ang sikmura ko.

Kapag uwian na, kaniya kaniya na kaming pili ng sasakyang tricycle. May tumatayong lider ang bawat grupo na haharap at makikipagtransaksyon sa drayber. Kapag nagkasundo na sa presyo, gagawa na ng seating arrangement ang lider at ang drayber, at imamapa na ang rutang dadaanan. Kikilalanin kung sino-sino ang magkakasunod na bababa pati na rin ang magiging ayos ng upo at puwesto kapag nagkabawasan na para balanse pa rin at hindi tataob ang tricycle. Sa loob at sa upuan sa likuran ng drayber pauupuin ang mga babae at ang mga lalake naman ay magsisitayo sa nagsisilbing compartment ng tricycle sa likod. Pwede ring tumayo sa may entrada at sa bakal sa ibabaw ng gulong ng side car ang ilan. Kapag may lovers, sila ang pauupuin sa loob para magkaroon sila ng moment of love. 'Yung may maliliit na katawan ay magsisilbing top load

ng tricycle. Dahil hindi naman kalakihan ang katawan ko noon, doon ako madalas na pumupuwesto, at sumesenyas ng tatlong daliri sa hangin sa tuwing may mga madadaanang estudyanteng naglalakad, sabay sigaw na, "dae kamong tres!"

Pero kung naabswelto na ako ng pagra-round trip sa pag-uwi, problema ko pa rin ang pagpasok. Kapareho lang ng siste ng terminal sa palengke ang kalakaran ng mga tricycle na lumalabas sa baranggay. Hindi umaandar kapag isa o dalawa lang ang sakay. Kaya kailangang agahan ang gising para makasabay sa mga mauunang batch ng mga estudyanteng pumapasok din sa National. Kung aabutan ng oras de peligro sa pagkahuli sa klase at walang masasakyan, kinakailangan pang lakarin ang kalsada palabas ng baranggay para doon mag-abang ng masasakyan papasok.

SA ITAAS NG TRICYCLE KO HIGIT NA NATATANAW ang malalawak na bukirin, ang malalayong pagitan ng langit at dagat. Minsan naggigitara pa ako doon at isang buong tricycle kaming kumakanta habang papauwi. Kung may lovers kaming sakay, hinaharana namin sila ng mga love song ng Siakol, E-heads, at Parokya. Inabot kami ng ulan sa biyahe isang beses, ako at ang pagkanta ko ang kanilang sinisi. Dahil karaniwang ako ang unang bumababa, ako rin ang may pinakasaglit na biyahe, at pinakasaglit na gala sa aming lahat. Pagkababa at pagkabayad ko papasok na ako sa bahay at sila naman ay magpapatuloy pa sa kanilang pagra-round trip. Hindi ko na alam kung anong saya at karanasan pa ang dinaanan nila pauwi. Sa susunod na araw ko na lamang malalaman sa pamamagitan ng kuwentuhan ang mga nangyari. Pagtatawanan namin 'yung huling bumaba na pinag-abono ng drayber dahil may isa sa aming hindi nagbayad. Walang umaamin sa tropa at hindi na rin hinahabol noong nag-abono kung sino man ang hindi nakapagbayad sa amin. Malulutong na

tawanan na lang ang bayad at sukli namin sa lahat. Sa susunod na pagra-round trip, nauuna nang mangolekta ng bayad 'yong huling bababa, dala ng takot na muling mag-abono kapag may hindi nakapagbayad. Kaniya-kaniya silang kuwento kung sino ang pinagalitan ng magulang at kung sinong hindi. Kung aling alibi ang ginamit para makalusot sa late na pag-uwi. Pero dahil kumpleto pa naman kami, at ang mga bahagi ng aming katawan, game na ulit at handa na uling sumabak sa round trip pauwi.

Dumating sa puntong, hindi na lang ang pag-uwi at ang pagtitipid ang habol ko sa pagra-round trip. Mas gusto ko na ang pakiramdam ng gumagalaw at bumibiyaha, kaysa sa pakiramdam ng nakakarating sa paroroonan, o sa inuuwian. Pero isang sumpa ang pagiging malayo ng inuuwian ko. Obligado na dapat ako ang unang ihatid, kung hindi ay masisira ang nakasanayan na naming ruta. Mas mapapalaki ang gastos ko sa pamasaha, at lugi rin sa gasolina si manong drayber. Kaya kahit na saang round trip pa ako sumama, palagi at palaging ako ang unang ihahatid, ako ang palaging mauunang bababa—'yon din ang akala ko.

Mabilis na nasagap ng tropa na pumoporma ako kay Issah, nauna pa nga yata sila sa aking makatiyak ng tunay kong nararamdaman noon. Lalo na siguro kay Issah na wala namang kamuwang-muwang sa mundo hanggang sa mga hapon na kaming dalawa na ang binubuyo para umupo sa loob ng tricycle kapag magra-round trip na pauwi. Inamin ko lang na crush ko si Issah sa isa sa mga slam notes ng kaklase namin. Hindi ko naman alam na 'yon na ang apoy na pagmumulan ng lahat ng haka-haka. Kumalat na sa buong tropa, at sa buong klase, hanggang sa ibang section. Alam na yata ng lahat na nagliligawan kami, maliban sa aming dalawa. Kaya pagdating sa loob ng tricycle, patay malisya siya, kinakabahan naman ako. Lalo na at hindi naman ako marunong manligaw, malayo sa imahen na idinidikit

nila sa akin bilang Manila Boy. Ni wala nga akong gusto noon kundi ang pumasok ng seminaryo at magpari pagkatapos ng high school. Para akong batang itinulak sa entablado sa isang perya, napasubo na. Sasayaw na lang sa kung anong patutugtuging kanta. Hindi ko na maalala kung ano ang mga una kong sinabi sa kaniya, siya ba o ako ang nauna? Kung ako, anong sinagot niya, o sumagot nga ba siya? O ninamnam lang namin ang ingay ng motor ng tricycle, ng kaskas ng gitara, ng pang-aalaska ng mga kaeskwela namin? Hindi malinaw ang lahat sa akin. Ang naalala ko lang ay kahit na maraming ulit na akong nakasakay sa tricycle at nakapag-round trip papauwi, iba ang pakiramdam kapag nagkakalapat ang aming mga manggas, at kung minsan ay nagkakakiskisan pa ng siko. Wala kaming lingunan, panay pakiramdaman. Salamat na lang at may salamin sa harapan namin. Doon na lamang namin nasisilip kung sino na sa amin ang sumulyap sa isa't isa. Kasama rin sa set-up ng pagra-round trip na palaging huling ihahatid ang lovers. Para daw may oras sa getting-to-know-each-other stage. Mauuna siyang bababa, tapos ako na ang huling ihahatid. Kaya sa wakas, naranasan kong matakasan ang sumpa ng unang pagbaba.

Mas maraming naikuwento sa akin ang biyahe namin papauwi noong ako na ang huling bumababa. Kuwentong hindi naman naibubukambibig ng mga kaibigang pasahero. Mga imahen na matagal sa aking hindi naipakita dahil sa palagi kong unang pagbaba. Mas naging malalim ang pagkakaunawa ko sa pinaghuhugutan ng mga katropa ko sa pamamagitan ng pagpapasilip nila sa tricycle ng kanilang mga bahay. May ilan sa kanilang wala pa ring kuryente ang inuuwian, tuklap ang mga bubong gawa ng mga nagdaang bagyo, mayroong bababa lang sa may arko ng baranggay, at mula roon lalakaran na pauwi ang daan na hindi pa kayang daanan ng mga sasakyan dahil sa sobrang putik. Hindi ko maiwasang isipin na, katulad

ko, lahat kami ay hinahabol ang biyahe hindi lang para gumala kundi para pansamantalang tumakas sa mga naghihintay na paroroonan para sa amin. Na para sa aming gubat ang tingin sa eskwelahan at bahay, paraiso ang biyahe. Isang gamot para sa saglit na paglaya. Kinaumagahan, hindi na mababakas sa aming mga mukha ang mga pinanggalingan naming bahay, ang mga pinagmulan naming buhay. Nasa mukha nilang lahat ang saya dahil nag-abono ako sa round trip sa nakalipas na araw. Mga loko-loko! Tatlo ang hindi nagbayad at kinailangan kong bawasan 'yong baon ko sa mga susunod na araw para mabayaran 'yong drayber. Pero gaya ng dati, tawanan lang ang ibinayad nila sa akin, sinuklian ko naman sila ng "kago n'yo!" Tawanan ulit.

Halos kaunti na lang ang araw ng klase pagpasok ng Disyembre. Kung paanong inaabangan at binibilangan ng lahat ang pagdating ng Pasko, kinapanabikan din ng tropa yung pagsagot sa akin ni Issah. Kung noong una ay siya ang huling nakaalam na nanliligaw na ako, sa pagkakataong ito, ako naman ang huling nakaalam na sinagot niya na pala ako. Masaya ako, pero mas masaya ang tropa. Mas dumalas ang round trip at mas ginabi nang ginabi ang uwi namin. Ganun nang ganun, nasanay kami na kung nasaan siya, dapat na nandun din ako, at kung nasaan ako, dapat nandun din siya, at siyempre sa lahat ng pagkakataon dapat kasama ang tropa. Magkasama at magkasayaw kami sa Christmas party at mga bailehan sa mga pista. Magkatabi sa loob ng tricycle pauwi, kesyo roundtrip kasama ang tropa o hiwalay na lakad namin. Ang esensya ng relasyon namin ay parang magnet, palaging magkadikit. Kaya noong lumuwas ako ng Maynila para magbakasyon pareho kaming nakaramdam ng panghihina. Hawak ko na ang teddy bear na iregalo ko sa kaniya nung nakaramdam ako na hindi naman yata kami masaya sa pinasok naming relasyon. Na katulad ko, napasubo rin siya. Dalawa na kaming nasa entabladong

sumasayaw na nagmumukhang tanga. Nasa biyahe ako pabalik ng isla noong magpasya kaming wakasan ang relasyon. Ni hindi umabot sa unang monthsary. Pero sa pagkakataong ito, kami at kami lang ang nakakaalam ng rason. Hindi ko alam ang rason niya, at hindi niya rin alam ang akin. Pero alam namin pareho. Tinatanong ako ng tropa kung anong problema, hindi ako makapagbanggit ng kahit na isa. Malamang inenterogate din siya, at wala ring napiga sa kaniya. Hanggang sa mahati ang tropa sa dalawa. Naglabasan na rin 'yong mga dating problema. Ang tag team match ay naging royal rumble. Hindi na lang tungkol sa amin ni Issah ang problema, tungkol na sa buong tropa. Ilang araw na hindi makabuo ng quorum para makapag-round trip. Naglalakad ulit ako papuntang saod kagaya ng dati kasabay ang ilang kaklase na labas sa tropa. Sila naman ay kaniya-kaniya uling ruta sa pag-uwi. Hanggang sa isang hapon humupa na ang mga tensyon at mapagkasunduan na lang ng tropa na pag-usapin kami ni Issah sa loob ng tricycle. Walang ibang maririnig sa tricycle kundi ang ingay ng motor. Wala kaming kibuan sa loob, at sila sa kani-kanilang pwesto sa labas. Isa-isa nang naihahatid ang mga pasahero. Nababawasan kami nang nababawasan hanggang sa kaming dalawa na lang ni Issah ang natira. Hawak namin ang kamay ng isa't isa habang binabagtas ng tricycle ang daan pa-State. Bumitiw kami noong makarating sa kanila. Nagkita-kita kami kinaumagahan, na parang walang nangyari. Walang gustong magsimula ng kuwento. Wala rin naman kasi talagang maikukuwento sa biyaheng 'yon.

Matagal na panahon ulit bago ako nakasama sa round trip. Hindi ko naman palaging nagagamit 'yong motor sa bahay, lalo na at ilan kaming naghihiraman. Naging maayos na rin kami ni Issah at ang buong tropa, pero kahit sila-sila ay bihira na ring mag-round trip. Dumarami at tumatambak na ang mga gawain namin sa eskwela kaya 'yong oras na para sa round

trip ay napunta na sa paggawa ng mga project at assignment. Nagkahiwa-hiwalay kami ng section sa mga sumunod na taon, may ilang nag-transfer, at nag-drop out, talagang hindi maiiwasan. May kaniya-kaniyang tropa na. May ilang sumali sa frat, may nag-varsity, ako naman ay lumubog sa pagbabanda. Tuluyan na kaming nilamon at pinaglayo-layo ng pagbabago. Kapag naglalakad ako papuntang saod at bitbit ang malalaking illustration board at kartolina, may mga lower year na sakay ng punong-punong tricycle. Sumisigaw sila sa akin ng "dae kang tres!", sabay sumesenyas ng tatlong daliri sa hangin. Sinasaluduhan ko rin naman sila ng gitnang daliri, sabay sigaw, "Kago mo! Nag-agi na ako d'yan!"

Noong minsang umuwi ako sa isla, tumambay ako sa tinatambayan naming pansitan. Nakakakita pa rin ako ng mga tricycle na punong-puno ng estudyanteng nagra-round trip. Sa mga nasagap kong kuwento, karamihan sa mga nakasama ko sa biyahe ang naistranded na sa hayskul at hindi na tumuloy ng college. May mga nanatili pa rin sa isla, at niyakap ang kung anong alok na trabaho sa sakahan, mga niyog, at abaka. Mayroong hindi na nakawala sa pagra-round trip at niyakap na ang pamamasada ng sariling tricycle, pero mas marami sa amin ang sumakay ng biyahe pa-Maynila sa paniniwalang nandun ang ginhawa. Samantalang ako, parang hindi pa rin nakakababa mula sa ibabaw ng tricycle. Lumalayo at palaging hinahanap ang sarili sa paglalakbay.

**MAIKLING
KUWENTO**

ANG BIRHEN NG TIPOLO

Renante G. Ciar

IKALAWANG ARAW NG AIR-RAID NG AMERIKA, patuloy sa pag-ikot ang mga Douglas Dauntless aircraft para gupuin ang Shimbu Line Defense na itinayo ng mga Hapon sa buong kabayanan ng Tipolo. Dakong alas otso ng gabi habang nagliliyab ang mga kabahayan at nag-aabo ang iba pang mga gusali sa bayan, ang mga mamamayan ng Tipolo na nagkukubli sa loob ng simbahan na binabalot ng labis na takot ay agad nagsikilos para sa isang paglikas. Ang matandang lider barrio na si Mang Copio ang inatasan at pinagkatiwalaan ng simbahan para ingatan ang Mahal na Birhen ng Immaculate Concepcion, ang Nuestra Señora dela Paz Y Buenviaje.

Hindi hadlang ang paos na boses ni Mang Copio para pasigaw na mag-utos sa lahat upang igayak ang kanilang mga sarili. Dadalhin niya ang kalahati ng bilang ng mga mamamayang nagtatago sa loob ng simbahan. Sa lambak ng Colaique ang hangganan ng lalandasin nilang daan para sa gagawing paglikas.

“Ako na ang bahala sa mga maiiwan, susunod kami bago maghating-gabi” ang pampanatag na sabi ng sakristan mayor na si Mang Tasyo kay Mang Copio.

“Bakit kasi’y hindi pa kayo sumabay?”

“Bubukol tayo at mahirap maniobrahin ang ganitong kalaking bilang”.

“Ay siya, tinamaan ng lintek. Ako’y hindi na makikipagtalos, tutuloy na kami” ang tugon ni Mang Copio

“Ingatan nyo ang mahal na Birhen at ang inyong mga sarili”, ang huling pabaong salita ni Mang Tasyo kay Mang Copio

Inatasan na ni Mang Copio ang mga babaeng kagampan para pabalutan ng makapal na kumot ang Mahal na Birhen, matapos balutan, pahiga itong inilagay sa hamaka. At saka muling binilot ng isang manipis na kumot para ibuhol sa mismong lunan ng duyan upang maiwasang malaglag ang mahal na santo. Animo’y isang panapal na tinahi sa butas ang gayak ng santong nakabukol sa duyan. Unang lumabas ng simbahan ang grupong panlaban na buong-buo ang loob na mamatay at pumatay sakaling may mga kawal ng Hapon na masasalubong sa dadaanan. Kasunod ang mga binata at dalawang umaalalay sa mga matatandang hirap nang lumakad. Kasabay na lumabas ni Mang Copio ang mahal na santo na pasan-pasan ng dalawang lalaki. Sa gayak ng dalawang lalaking ito, aakalain mong matagal na nilang sinanay ang kanilang mga sarili para paghandaan ang sakunang di naman nila sukat akalain na mararanasan. May sariling memorya ang kanilang binti’t mga braso, sinasayawan lamang nila ang pakandirit at palundak na pagpasan sa mahal na santo habang patakpong lumalakad.

Hindi bababa sa sampung bilang ng mga babaeng kagampan ang nakapalibot sa santo. Lahat sila’t may mga tangang rosaryo at bibliya. Sa gitna ng manakanakang pagsabog ng bomba at putukan ng mga baril, umiibabaw ang mga tinig na

sumasambit ng panalangin at dasal. Matapos dasalin ang Ama Namin at Aba Ginoong Maria, kasunod nang lumabas sa simbahan ang makapal na bilang ng mga mamamayan. Hindi magkandaigi ang mga ina habang karga ang kanilang mga sanggol, bukod sa mga matatandang hirap nang lumakad inaalalayan din ng mga binata at dalaga ang mga nagdadalang-tao, sakay sa duyan na gawa sa lumang kumot ang mga matatandang hirap na sa paglalakad, pasan-pasan ang mga maysakit, at pahilang binibitbit ang mga batang walang muwang. Okupado ang palad ng lahat ng mga taong nagsisilikas, sa pagitan ng pasakit at hirap na kanilang dinadanas, isang babaeng lumpo ang himalang nakapaglakad.

Punong-puno ng maiitim na usok ang paligid na umiikot-ikot mula baba-paitaas at muling bababa sa lupa. Hindi pa rin magkamayaw ang mga tao sa taranta. Huminto pansamantala sa likod ng palengke ang grupo nila Mang Copio. Inatasan niya ang ilang mga kalalakihan na pumasok at libutin ang palengke para humanap ng lahat ng klaseng bagay na pwede pang mapakinabangan, maiinom o makakain. Habang ang iba nama'y patuloy sa pagdarasal at paghingi ng gabay sa Mahal na Birhen para sa kanilang ligtas na paglikas patungo sa lambak ng Colaique. Dahil sa lakas ng pagdarasal at pagsusumamo nagsilabasan ang ilan pang mga tao mula sa kanila-kanilang air raid shelter at nang matanaw nila ang imahen ng Birhen, tila nagbigay sa kanila ito ng panibagong lakas at pag-asa. Hinawi ng kanilang pagkamalas ang halatang takot, pagod, uhaw, at gutom. Sumanib na rin sila sa mga taong nagsisilikas. Bumalik ang grupo ng mga kalalakiang inatasang maghanap ng mga bagay na pwede pang mapakinabangan, bitbit nila ang apat na buwig ng saging na bulok, at galon ng mga tubig. Wala mang katiyakan kung ligtas ang tubig, agad itong pinainom sa mga bata, sa mga sugatan at matatanda. Sino pa nga ba ang

makapagsasabi ng ligtas at hindi kung ang kamatayan ay nasa layo lamang ng isang hakbang? Mabilisan ding pinagpasa-pasa ang mga bulok na saging. Agad din ang pag-uutos ni Mang Copio sa lahat na magsipaghanda na ulit para sa paglalakad.

Patuloy na nararamdaman ng mga mamamayang lumilikas ang magkakahalang takot at pangamba. Sa daang kalabaw ang pinakamainam at mabilis na daan patungo sa lambak ng Colaique, nadaraanang nila ang mga nasusunog na kabahayan. Nakahandusay sa paligid ng daanan ang mga sugatan at patay na kawal ng Hapon. Bagamat madilim at maramot ang liwanag ng mga sulong tangan-tangan, hindi nila alintana ang mga tanawing nakatambad sa kanilang paglalakad. Makalikas ang tanging mahalagang tumatakbo sa kanilang isip. Ang makatakas. Ang makaligtas. At patuloy pa rin sa pagdarasal ang karamihan.

Muli nilang natanaw ang umiikot na Douglas Dauntless aircraft o mas kilala sa tawag na SBD (Slow but Deadly), paligid-ligid ito sa papawirin na waring sinusubaybayan ang mga lumilikas, sa takot na mapagkamalang mga kawal ng Hapon, agad na tinanggal ng mga kababaihan ang tali ng kanilang buhok at ito'y kanilang inilugay, samantalang ang mga kalalakihan nama'y nagsipagwagayway ng kanilang mga sambalilo. Senyales ito upang ipakita sa piloto na sila'y mga sibilyan. Umalis ang aircraft habang sumasanib ang malaki at mahabang hanay ng mga taong lumilikas sa kasukalan. Hindi batid ng mga nagsipaglikas na habang binabagtas nila ang kasukalan patungo sa lambak ng Colaique, kasabay na inaaresto at dinadampot ng mga sundalong Hapon ang mga opisyal at lingkod bayan, kasama ang alkalde na si Ginoong Pascual. Binitbit ang mga ito patungo sa simbahan, walang hirap at mabilis nilang napasok ang bakuran nito. Animo'y sukalang damo ang pangkat ng mga Hapon na nakabalagbag sa harapan ng simbahan. Ligalig ang umibabaw

na pakiramdam sa mga paring naiwan. Daang sundalong Hapon ang ngayo'y nasa kanilang harapan sa ilalim ng pamumuno ni Commander Hajime Tojo.

Humahangos palabas ang pangkat ng mga kalalakihan kasama ang ilang mga madre na pinamumunuan ni Mang Tasyo, pakay sana nilang mapigilan kahit paano ang mga sundalong Hapon, ngunit bago pa man makapagsalita si Mang Tasyo sa mga sundalong kaharap, bigla na lamang lumapat sa kanyang kaliwang panga ang hawakan ng isang nambu pistol, halos magsilagang ang kanyang ngipin sa lakas. Napasigaw ang mga madre habang kalmado naman ang mga kalalakihan. Sinundan ng magkakasunod na tadyak at halos walang mapaglagyan ang bota ng mga sundalong Hapon sa buong katawan ni Mang Tasyo, tinutukan ito ng pistol sa leeg habang iniaangat ang ulo. Bakas sa mukha ni Mang Tasyo ang sakit. Animo'y mabubunot sa anit ang kanyang mga buhok habang hinihila ng mga sundalong Hapon. Nagsusumamo ang mga madre habang walang magawa ang mga lalake. Nagbigay ng utos si Commander Tojo, itinuro ang entrada na tumutumbok sa daanan papasok sa mismong simbahan. Nagsipaglingunan ang mga kawal na nakakita ng atas ng commander at agad na inginudngod sa lupang kalsada ang mukha ng walang kalaban-laban na sakristang mayor. Talilis na pinuntahan ng mga madre ang tila lantay na bagay na nasa kanilang harapan. Kasunod na bumagsak ang katawan ng anim na kalalakihan, lahat may tama ng bala sa ulo. Panalangin ang tanging nagawa ng mga madre habang sapo-sapo sa ulo ang mga taong inaagusan ng dugo sa ibaba ng bumbunan. Mabilis na narating ng mga sundalong Hapon ang pinakaloob ng simbahan, nakiusap si Mang Tasyo sa mga madre na hayaan na lamang siya. At tulungan na lamang ang mga kababayan na nagtatago sa simbahan para makatakas.

Walang pusong pinipitas ng mga Hapon ang buhay ng mga taong nakikita at nasasalubong nila sa loob ng simbahan. Ang iba'y nakaluhod at nananalangin, habang ang iba nama'y tila isdang nalalason na hindi mawari kung saan pupunta. Hindi nakaliligtas sa kanilang baril ang lahat ng makikita nilang gumagalaw, lahat ng boses na maririnig, lahat ng buhay na mayroon sa loob ng simbahan. Patuloy ang pag-alingawngaw ng mga bala sa loob ng simbahan. Magkakaroon ng kaunting katahimikan na pinapalitan ng huni at lipad ng mga ibong maya. Ang mga ibon ma'y tila nangangamba. Patuloy ang pagkislap ng liwanag na nanggagaling sa dulo ng mga baril.

Hirap man ang katawan, pinilit ni Mang Tasyo na bumangon at lakarin ang likod ng simbahan para makatulong sa mga kababayang nagnanais makatakas. Kasama ang ilang mga pari at madre, maingat at tahimik nilang inaalalayan ang mga kababaihan, matatanda, bata at mga buntis. Sinuot nila ang mga pader at ilang bahagi ng simbahan na mga nangabuwal sanhi ng mga nakaraang bombahan sa lugar. Laking gulat nila, na ang inaakalang daanan na magliligtas sa kanilang buhay ang siya palang magdadala sa kanilang kapahamakan. Tumambad sa kanila ang mga sundalong Hapon na nasa ilalim ng watch tower ng simbahan habang pinapahirapan ang ilan pa nilang kababayan, hinahampas ng grand rifle ang likod ng mga taong nagkakakanda subsob sa pagtakbo habang patuloy ang pagsunog sa mga natitirang estrukturang nakatayo na yari sa sawali at pawid na nasa paligid ng simbahan.

Nagmistulang pista ng pagpatay at penitensya ng mga makakasalanang ang sinasapit ng mga tao sa kamay ng mga Hapon. Ang mga nangangalumatang mata'y pinabibilog at pinadidilat ng mga eksenang ni hindi nila lubos maisip na mangyayari. Ipinaghahahagis paitaas ang mga sanggol at saka ito tutuhugin-pasalubong ng mga bayonetang nakakabit sa mga

trench gun ng Hapon. Kitang-kita ng mga mata ni Mang Tasyo kung paano nagkakaroon ng puwang ang mga malalambot na katawan ng mga nilalang na walang kalaban-laban. Nawala ang kintab ng mga bayonetang pinakikislap ng liwanag na nanggagaling sa buwan. Nabalutan ng dugong walang kamuwang-muwang ang buong katawan ng isang metal na bagay na umuutas sa mga bagong sibol. Bubunutin sa bayoneta ang mga sanggol na kanina lamang ay may buhay, at saka ito iiitsa sa mga nagliliyab na apoy.

Sinisipa ang mga batang hahara-hara sa kanilang dinaraan para tapusin ang tinig ng mga taong nagsusumamo para sa kanilang buhay. Iniharap ng isang Hapon ang isang buntis na nakadapa at hirap na hirap sa pag-aahon ng sarili. Nang tumambad sa kanya ang tiyan ng babaeng kumakanlong sa isa pang buhay, agad na binunot ng Hapon ang kanyang katana, itinaga sa hangin, kasunod sa manipis na tela at sumuot ang talim nito sa balat ng taong nasa harapan. Kumawala sa harapan ng babae ang kanyang bituka. Sinapo niya ito at tila hinahanap ang sinapupunan ng dugo't laman na matagal niyang inalagaan. Kapwa namatay ang dapat sana'y magiging ina at anak.

Magkahalong galit at takot ang nararamdaman ni Mang Tasyo. Papalapit sa kanilang lugar ang mga Hapon ngunit hindi pa sila napapansin. Sinamantala niya ang pagkakataong ito. Kinawayan niya ang mga madre at itinuro ang bandang gulod na nasa ibaba ng watch tower para dun magdaan papatakas ng simbahan. Dumating ang SBD aircraft na kanina pa paikot-ikot sa kabayanan at agad itong nagsagawa ng sunod-sunod na strafing run. Kumawala ang napakaraming bala. Napuruhan ang watch tower na naging dahilan ng pagkagupo nito. Bumagsak ang tatlong kampana ng simbahan, ang pinakamalaking kampana'y sumabit sa tuktok ng puno ng tipolo na nasa direksyon na kinalalagyan ng mga taong magsisilikas. Habang ang dalawang

kampana nama'y nagmistulang pader na haharang sa kanilang daraanan. Nanalangin ang mga madre at ang iba pa. Agad na lumayo si Mang Tasyo sa kanyang kinalalagyan. Dahil sa bigat ng kampana, naputol ang mga sangang pinagsabitan nito, gumulong ito pababa ng gulod kung saan doon din papunta si Mang Tasyo. Mapaghimala ang birhen ng simbahan. Dinidinig nito ang panalangin ng mga taong nais pang makaligtas.

Kasunod na ni Mang Tasyo ang kanyang mga kababayan, sumenyas ulit ito ng pagtahamik. Tinakpan ang bibig ng mga batang kanina pa iyak nang iyak, habang pinagmamasdan nila Mang Tasyo ang kinaroonan ng mga Hapon. Patuloy sa pag-ikot ang SBD Aircraft at nagsagawa ulit ito ng halos dalawang minutong strafing run sa buong paligid ng simbahan bago tuluyang lumayo. Matapos mawala ang ingay, agad na dinungaw nila Mang Tasyo ang itaas ng gulod, kumunti ang mga kawal na Hapon ngunit mayroon pa ring mga nakaligtas. Patuloy ang mga sundalong ito sa paghahalughog sa buong paligid, tila hindi ininda ang airstrike na isinagawa ng mga Amerikano.

Sa pag-aakalang hindi na maglalagi nang matagal ang mga kawal na Hapon, nagpasya sila Mang Tasyo na ikubli ang mga buntis, bata at matatanda sa loob ng kampanang nalaglag. Mas mabilis na makakatakas ang iba kung walang alalahaning bitbitin. Tulong-tulong na inangat nang marahan ng mga kalalakihan ang kampana, at saka isa-isang pinasuot ang mga tao. Ang mga madre, pari at iba pa'y nagsimula nang maglakad para makasunod sa mga kababayang nauna nang lumikas patungo sa lambak ng Colaique. Habang sila Mang Tasyo kasama ang ilang mga kalalakiha'y mananatili at magtatago sa sukalan. Hihintaying makaalis ang mga Hapon.

Taimtim nilang inoobserbahan ang tila clearing operation na isinasagawa ng mga kawal. Patuloy sa panalangin ang mga taong nasa loob ng kampana. Hinihiling nila sa mahal

na birhen, na patron ng santo ng kapayapaan at mabuting paglalakbay na bigyan sila ng ligtas na patnubay sa tila isang 'paglalakbay' na paglikas ng mga mamamayan ng Tipolo. At kung sakaling masukol naman ng mga Hapon ang mga taong nasa loob, laban ang mga kalalaking nagmamasid lamang sa sukalan.

Mahigit sampung kawal ng Hapon ang bumaba sa gulod na nasa paanan ng gumuhong watch tower ng simbahan, inoobserbahan din nila ang paligid. Tahimik at halos hindi huminga ang mga taong nagkukubli. Kapwa man nasa loob at labas ng kampana. Paulit-ulit na kinatok ng isang kawal na Hapon ang buong paligid ng kampana gamit ang bayoneta. Na sa bawat pagkatok nito'y, lalo namang humigpit ang mga palad ng mga taong nagtatago sa loob para busalan ang bibig ng mga bata at sanggol na kanina pa gustong pumalahaw ng pag-iyak. Ganoon din ang palad at mga matang nakapikit ng mga taong nananalangin. Sila Mang Tasyo nama'y patuloy sa paglunok nang malalim.

Kinapa ng isang sundalong Hapon ang pinakababa ng kampana, at saka humukay sa lupa ng kaunting lalim gamit ang bayoneta. Rinig na rinig nila mang Tasyo ang kutkot ng matalas na kutsilyo sa tigang at matigas na lupa. Kinuha ang isang granada at saka ikinalso, tinalian ang firing pin. Nag-utos sa ibang mga kawal na kumubli, nang makalayo ang sundalong may hawak ng tali, agad niya itong hinila. Umalingawngaw ang napakatining na tunog na nagpayanig sa buong katawan ng kampana. Waring isang malaking bibig na sumisigaw para maibsan ang sakit na nadarama. Pinawalang silbi nang nakatutulig na tunog mula sa malaking metal na bagay ang tainga ng mga taong nasa paligid na hindi handa sa nangyaring pagsabog. Nagkaroon ng saglit na katahimikan matapos ang nakabibinging pangyayaring iyon, ilang segundo pa, sumunod ang palahaw ng mga sanggol at

batang kanina pa nagpipigil. Nagitla sila Mang Tasyo at muling nanlaki ang mga nangalulumatang mata. Agad nagsikilos ang mga kawal na Hapon, nag-utos ang isa na manguha ng mga kahoy at sanga at ipinalibot ang mga ito sa labas ng kampana. Nabalutan ng kahoy at sanga ang kanina lamang ay hubad na kampana. Hindi makakilos ang grupo nila Mang Tasyo, ipinako sila ng mga pangyayaring natatanaw.

Halos lampas tao ang nakayakap na kahoy at sanga sa buong kampana. Binuhusan ng gas at saka sinilaban. Dito nagsipagtayuan sila Mang Tasyo at iba pang kalalakihan para sugurin ang mga Hapon, dala marahil ng pagod, gutom at uhaw, pati ng mga katawang sugatan, wala silang nagawa kundi murahin na lamang ang mga tila halimaw na taong nasa kanilang harapan. Pinagbabaril ang ilang mga kalalakihan bago pa man sila makalapit sa mga kawal ng Hapon, si Mang Tasyo nama'y nakapitan pa sa leeg ang kawal na may tangan ng apoy na nagsisilab sa buong paligid ng kampana, ngunit 'gaya ng sinapit ng iba niyang kasamahan, mabilis lang din siyang napatumba. Hinampas ng Hapon sa mukha ni Mang Tasyo ang kahoy na may apoy. Sumunod na iniangat nito ang kanyang trench rifle na may nakasukok na bayoneta at agad na isinaksak sa kaliwang hita ng walang kalaban-laban na matanda. Tila isang susi na naglikot sa padlock ang bayonetang nakabaon sa kabuuan ng hita ni Mang Tasyo, mabangis ang mukha ng Hapon habang pinapaikot-ikot padiin ang hawak na rifle. Impit ang boses ng matanda, paos ang pagsigaw para maibsan ang sakit na nararamdaman. Patuloy na hinahaluglog ng bayoneta ang kanyang hita. Walang magawa sa pasakit na nararanasan hanggang sa siya'y tuluyan nang mawalan ng malay. Nangingibabaw sa buong paligid ang sigaw at paghingi ng tulong ng mga taong nasa loob ng kampana. Ang mga pari at iba pang nauna nang umalis kanina'y hindi na rin ligtas na nakasanib pa sa mga kababayang nagsisilikas

patungong Colaique, nasalubong nila sa kabayanan ang daan-daang bilang ng mga respondeng kawal ng Hapon matapos ang airstrike na isinagawa ng mga Amerikano sa simbahan.

TATLONG ARAW ANG LUMIPAS. Nagkamalay si Mang Tasyo na nakahiga sa isang papag kasama ang iba pang mga kababayang sugatan. Isang pansamatalang hospital ang itinayo sa mga ilang buo-buong bahagi ng munisipyo. Halos kalahati ng gusali ang pinabagsak ng gera. Kasabay ng kanyang pagkagising ang balita sa buong mundo na binagsakan ng atomic bomb ng Amerika ang lunsod ng Hiroshima at Nagasaki, kasunod ang pagsuko sa digmaan ng bansang Hapon. Nagbunsod ang pangyayaring ito upang ipagbunyi at ipagpasalamat ng mga tao sa Diyos, lalo na ng mga taga-Tipolo ang kaganapan ng kanilang kaligtasan.

Nakabalot ng benda ang kanyang kaliwang hita. Inikot ni Mang Tasyo ang kanyang paningin sa buong paligid. Hindi lalampas sa dalampu ang kasama niya sa ward. Agad siyang nilapitan ng isang batang nurse na si Conchita Coronado, isa sa mga unang nakapagtapos ng ganoong kurso sa bayan ng Tipolo. Inalalayan siya nito para makatayo, niyakag ni Mang Tasyo ang nurse papalabas ng ward, tumambad sa kanya ang nakahanay pang mga kababayang nagpapagaling, hindi kukulangin sa isang daang papag ang nakasalansan sa labas ng munisipyo, lahat okupado. Ang iba'y nasa sahig habang ang iba nama'y nakasalampak na lamang sa mga upuang yari sa kahoy at kawayan. Inabutan sila ng isang lalake ng mainit na sabaw na nakalagay sa isang kopita. Tahimik na nagmamasid si Mang Tasyo, nangingilid ang luha sa kanyang mga mata. Isinalaysay sa kanya ng nurse ang mga pangyayari nang nakaraang tatlong araw na wala siyang malay.

Na noong gabing lumilikas ang kanilang mga kababayan at nakarating na nga sa lambak ng Colaique agad

silang sinalubong ng mga kababayang nauna nang dumating doon. Ang imahen ng Birhen ng Tipolo'y itinuloy sa isang bahay-kubo. Habang ang mga tao naman, sa ilalim ng liwanag ng buwan ay nagkanya-kanyang hanap ng punongkahoy na matutulugan, pagod na pagod ang lahat at patuloy ang panunuyot ng kanilang mga lalamunan. Madaling nakatulog ang ilan sa damuhan na walang sapin sa likuran. Ang iba nama'y hindi makatulog kahit antok na antok at hapong-hapo, sa dahilan na kinakailangang alagaan ang mga sugatan at may karamdaman. Parang nadudurog ang kanilang puso sa mga impit na daing at pag-iyak ng maraming mga batang nauuhaw at nagugutom. Mga batang walang nauunawaan sa mga nangyayari. Mga bata na sa murang gulang ay nakararanas ng matinding sindak at takot. Nagkaroon ng patlang at panandaliang katahimikan ang pagsasalaysay ng nurse kay Mang Tasyo. Kapwa nagpapaalala ang katahimikang iyon sa kanilang dalawa na napakasakit pag-usapan ang pangyayaring inabot ng kanilang bayan, na kung hindi lang sana kinakailangang pagkuwentuhan pa, mas mainam na lang sanang isama ang mga pangyayaring iyun sa kahapon. Hinigop ni Mang Tasyo ang kanina'y mainit pang sabaw. At sa pagpapatuloy ng nurse makikilala ang pagpapamalas ng katatagan ni Ka Magneng na magdamag na tinutulungan para gamutin ang mga kababayang sugatan. Wala pang gera, nakilala na siya sa kanyang makataong paglilingkod nang walang kabayaran. Mga may ubo, sipon, napilayan, ang madalas niyang pasyente, pero mas parokyano niya ang mga nakulam o nabarang, yung mga taong bigla na lang tinutubuan ng mga kung ano-anong klaseng sugat sa balat na hindi maipaliwanag. Bagamat ganoon man ang madalas niyang mapagaling pero kahit kailan hindi siya inakusahan o pinagdudahan ng mga kababayan. Dahil panahon ng gera, walang Red Cross o kahit ano mang ahensiya ng gobyerno ang maaaring tumulong sa kanila. Alam ni Ka

Magneng ito. Alam na alam niya ang mga maaaring ibungang kakulangan sa panahon ng digmaan kaya't ang pag-asa sa sarili at sa kapwa ang susing solusyon para malampasan ang mga pagsubok na kanilang kinakaharap. Samantalang nagaganap ang mga pangyayaring ito sa lambak ng Colaique patuloy naman ang madugong pakikipaglabanan ng mga kawal ng Amerikano at Pilipino sa lunsod ng Maynila. Kinakaharap nila ang mahigit labinlimang libong mga kawal ng Hapon. Dahil sa malalakas na opensibang inilunsad laban sa mga Hapon, nagsipag-atrasan ang mga ito sa bayan ng Montalban para sumanib sa right line of defense na itinayo nila roon, bunsod ng malaking bilang ng mga nagsisipag-atrasang kawal, aabot ang mga ito sa Tipolo. Na magiging dahilan para sudsurin lalo ng mga Amerikano at bombahin ang bayan. Kaya't hindi pa man nakababawi ng pahinga ang mga lumikas sa Colaique, binulabog sila ng kaganapang ito at dali-daling iginayak ang mga sarili para sa muling paglikas. Muling nabalot ng pagkabalisa ang mga taga-Tipolo. Sa kabila ng pagbabalikwasan mabilis na tinipon at inatasan ni Ka Magneng ang mga kagampan na sinupin ang mga kagamitang panggamot habang si Mang Copio nama'y hindi mailarawan ang taranta kung paano muling maisasalba ang imahen ng Birhen. At may bigla na lamang nakapagmungkahing ilagay ang imaheng ito sa isang bariles, para kung sakali mang aksidenteng mahulog ang Birhen mas maliit ang tsansang masira ang bahagi o kabuuan nito. Mahirap nga namang isipin na kung mabitawan ang Birhen at mabalian ito ng ilong o kamay kaya. Nang mailagay ang Birhen sa loob, pinalamanan nila ito at siniksik ng mga tela.

Kanya-kanya na naman silang buhat ng dala-dalahan. Bagamat balisa, organisado pa rin kung titingnan ang kanilang paglikas. May mga karga na sanggol, mga may sakit, sugatan, matatandang hirap nang makalakad. Bitbit ang mga bata.

Nililisan nila ang lambak ng Colaique sa presensya ng paglalim ng gabi. Nililisan nila ang lambak habang nanunuot ang lamig sa kanilang mga balat dulot ng hamog na lumalatag sa magdamag. Hindi na nila madama ang sikmurang kumakalam. Buong gabi nilang sinusuyod ang madamo at magubat na daan. Marahan ang kanilang paglalakad at manakanakang humihinto sa pag-aakalang may mga kawal ng Hapon sa kanilang dinaraan. Patuloy ang walang humpay na pagdarasal ng marami. Ang napakaliwanag na sikat ng buwan noong gabing iyon ang waring naging pananglaw ng Diyos upang makita ng mga taga-Tipolo kung saan sila dadaan. Madaling-araw ng sapitin nila ang bayan ng Angono. Dinatnan nila ang bayan na nasusunog ang halos kabuuan ng kabayanan. Nagpasya sina Ka Magneng, Mang Copio at ibang mga kababayan na sa aplaya ng bayan magpunta. At iyon na ang pinakahuling balita patungkol sa kanila, wala pang makapagsabi kung saan napadpad o kung kaninong palad napunta ang pag-iingat sa mahal na Birhen. Wala ring makapagsabi kung anong nangyari o kung nasaan sila Mang Copio at Ka Magneng. Ipinapaasa na lamang nila na gabayan pa rin sila ng mahal na Birhen at makabalik sa bayang pinagmulan. Sa bayan ng Tipolo.

Isang malalim na buntong-hininga lamang ang naitugon ni Mang Tasyo sa sinalaysay ng batang nurse. At saka lamang siya nagtanong dito. Tinanong niya kung anong nangyari sa simbahan at kung naibalik na ba ang kampana. Sumagot ang nurse, na ngayong araw din sisimulan ang pag-aayos sa simbahan. Pangangasiwaan ang pag-aayos ni Rev. Fr. Francisco Ortiz, at nanawagan siya sa mga kababayan para sa isang bayanihan, upang maumpisahan na ang planong pag-aayos. Nakiusap si Mang Tasyo na kung maaari siyang alalayan patungong simbahan. Pumayag naman ang nurse at maghahanap saglit ng taong bubuhat sa kanya gamit ang

hamaka, ngunit tumanggi si Mang Tasyo at naggumiit na lamang na humingi ng isang tungkod at kakayanin naman niyang lakarin ang simbahan mula munisipyo.

Magkaharap ngayon ang dalawa. Si Mang Tasyo at ang kampana. Waring nag-uusap ang dalawa. Bagamat bakas na bakas ang sunog sa kabuuan ng kampana, aninag pa rin ang matikas na pagkakatindig nito. Animo'y nagbubunyi sa pagkakatindig na isa siya sa mga taong nakaligtas sa gera. Sabik ang mga taong muling maisabit ang mga kampana. Lungkot naman ang bumabalot kay Mang Tasyo, nais na niyang maitaas agad ang kampana para mabigyan ng dangal ang mga taong namatay sa loob nito. Nais niyang mabigyan ang mga ito ng isang marangal na libing. Ngunit laking gulat na lamang ni Mang Tasyo nang makita niyang ni walang kahit na anong buto ang naiwan sa loob ng kampana. Nang maingat ang kampana, agad na sumanib sa hangin ang isang manipis ngunit napakaputing usok at saka bumalot ito sa kabuuan ng kampana. Tila baluting yumapos ang hangin na ito. Nilingkis ng kanyang pagkaputi ang bawat sulok at kurbada ng kampana. Natuwa ang lahat at nanalangin. Ang kanina lamang na maruming kampana'y napakakintab na ngayon. Inisip ng lahat na milagrosa ang kampana, narinig ang malalakas na dalangin ng mga taong nakasaksi sa pambihirang pangyayari, tanging si Mang Tasyo lamang ang walang imik. Bakas sa kanyang mga mata ang pagtataka at pangamba. Laging may kapalit na buhay ang kamatayan at ganoon din naman buhay. Banaag ni Mang Tasyo. May panibagong kamatayang darating.

ILANG EKSENA MULA SA PRE-KOLONYAL NA PILIPINAS

U Z. Eliserio

1

HINAHASA NI ALISOT ang kanyang mga ngipin gamit ang puting bato.

Umiling si Guibuan. Hinawakan n'ya ang balikat ng kapatid at bumulong, "Ilang beses ko bang sasabihin sa 'yo? Itong kulay abo ang dapat mong gamitin. Mas epektibo. Alam naman nating lahat na may kung anong salamanka ang mga puting bato, nagpaparupok sila't hindi nagpapatibay."

Ngumiti si Alisot, kita ang gilagid. "Gusto mong kagatin kita?"

Umiling si Guibuan at naglakad palayo. Iniwang n'ya na lang ang kapatid na naliligo sa ilog. Hindi n'ya na alam kung ano ang gagawin dito. Palibhasa'y pinaglihi ito sa labanos, at siya'y sa gabi, kaya hindi sila magkaintindihan. Kinakagat s'ya ng init ng araw. Sa daan, nakasalubong n'ya si Sumarang. Bagong tusok

pa lang ang titi nito, pero mabilis ang takbo, patalon-talon pa. "Kaibigan," sabi ni Guibuan, "saan ka papunta?"

Hinawakan ni Sumarang ang kanyang mga braso. "Hindi mo ba narinig? Si Namungang Maganda, nagpapalaro?"

"Nagpapalaro si Namungang Maganda? Baka naman si Namungang Pangit?"

"Hindi, hindi. Si Namungang Maganda. May palaro s'ya. Sa kabilang ilog. Kung sino raw ang kayang sumisid nang pinakamatagal, iyon daw ang makakasama n'ya sa kanyang paglalakbay sa gubat."

Ngumiti si Guibuan, hinawakan ang kanyang ngipin. May kung anong kidlat ang nasa loob ng kanyang bibig, at napapangiwi s'ya pag umiinom ng malamig na tubig. "At sino namang hangal ang naloko n'ya? Magpapakamatay sa pagsisid, pagkatapos magpapakamatay sa gubat? Aling gubat ba iyan? Gubat Malaki o—"

"A, bakit hindi ka tumulad kay Alisot, kaibigan? Kailangan mo ng tapang!" Tumigin sa malayo si Sumarang. "Tingnan mo 'yang titi mo, walang tusok."

Gusto sanang hawakan ni Guibuan ang bayag ni Sumarang. Ang mayabang na ito, aba'y akala mo'y buong buhay may tusok sa titi. Wala pa ngang isang buwan ang nakalipas--at umiyak s'ya sa ritwal! "O, sige na. Tumakbo ka na papunta sa iyong kamatayan."

Tumakbo si Guibuan. Narinig n'ya ang boses ng kaibigan, may isinisigaw ito, pero hindi na n'ya naintindihan. Pagdating n'ya sa kanilang bahay, nadatnan n'ya ang kanyang nanay na nakikipagtalik sa kanyang tiyo. Wala nang ibang matutuluyan, humiga na lang s'ya sa isang sulok at nagkunwaring walang naririnig.

Paggising n'ya, sumusulyap na ang buwan sa kanilang bintana. Mula sa labas narinig n'ya ang pag-awit ng kanyang

ina. Naamoy n'ya ang kanilang magiging hapunan. Ano ang ipinagdiriwang, bakit pagong ang niluluto? Walang panahon, nagsalsal si Guibuan, saka nagpunta sa mga banga para maghugas ng mga kamay at mukha.

2

"Banna!"

"O?"

"Aba'y ang bangus na 'to--panis!"

"Oo!"

"Aba'y hindi mo sinabing espesyal ang gabing ito! Dapat ay nagdala ako ng tuba!" Kinagat ni Guibuan ang kanyang labi. Pinapahiya ako ng walang hiya. "Hindi mo naitatanong, ako mismo ang pumipitas ng mga buko namin." Ilang beses na s'yang nahuhulog, pero hindi n'ya ginagamit ang mga alipin. Gusto n'yang ang kanyang iniinom ay kanyang pinaghirapan. "Hindi bale, sa susunod na bumisita ka, lulunurin kita sa tuba!" Sayang. Sayang talaga.

Magkatabi sila sa sahig. Hinawakan ni Banna ang kanyang tuhod. "Pangako?"

"Pangako."

"Naniniwala ako sa 'yo." Hinimas nito ang puting balbas. "At ang iyong pangako--para sa gabing ito?"

"A, oo, oo naman." Pumitik si Guibuan at lumapit ang kanyang dalang alipin. "Ayan, ginto, ginto, perlas. Tulad ng aking sinabi."

"Walang dudang pumasok sa aking isip, kaibigan!"

Takam na takam na si Guibuan. Hinihila ng sangsang ng bangus palabas sa kanyang bibig ang kanyang laway. "Kung gayon, wala ka nang galit sa aking kapatid?"

“Wala na, wala na!” Kinagat ni Banna ang ginto. “Sabihin mo sa kanya, kung gusto n’yang makipagtalik kay Kisla, bukas ang aking tahanan kung papayag muli ang aking asawa.” Pumitik ito, at lumapit ang isang alipin. Inabot nito ang ginto’t perlas. “Gutom ka na marahil!” Humalakhak ito. “Kain na, kain na!”

Sa labas, kinakain ng araw ang mga kambing.

“Sige pa, inom pa! Tuba, tuba!”

Walang bituin ang langit, at tinatakpan ng mga ulap ang buwan. Kumikinang ang tiyan ni Guibuan sa pinaghalong pawis at tuba. “Sige pa, tuba!” sigaw n’ya. Sa kanyang tabi, humihilik si Banna. Sa kanilang paligid, malakas ang tawanan at mas malakas ang inuman ng mga alipin. Sumenyas si Guibuan. Mula sa sulok na pinagtataguan tumakbo ang kanyang dalang alipin palabas ng bahay ni Banna. Tinabunan ang kwentuhan ng mga kuliglig ng awit ng digmaan.

“Sige pa, Banna, tuba, tuba!” sigaw ni Guibuan. Nang hindi sumagot ang kaibigan, sinaksak n’ya ito gamit ang puting batong si Alisot ang naghasa. Humalakhak si Guibuan. Madaling araw na s’ya makakauwi, kasama ang isang dosenang aliping lumabas na rin mula sa pagtatago at ang ulo ng taong gumahasa sa kanyang kapatid.

Nang ikwento n’ya ito kay Sumarang isang buwan pagkatapos, ang tanong nito ay, “Sabi mo, mahina ‘yung puting bato. Bakit hindi ang balarao mo ang iyong ginamit?”

Hinaplos ni Guibuan ang buhok ng baldadong kapatid. “Ang hayop na Namungang Pangit, ninakaw pagkatapos naming magtalik.”

"O Lumawig, Lumawig purihin ka..." Panlimang pagpiyok na ito ni Sumarang.

Hindi malaman ni Guibuan kung lalakanan n'ya ang pagsagwan o hihinaan. Tumingin s'ya kay Alisot, tahimik sa kanyang tabi. "Nag-iimbento ng bagong awit, kita na nga n'yang bumabagyo."

Ngumiti lang ang kanyang kapatid. Bulok ang mga ngipin nito, itim, amoy n'ya ang sangsang kahit puno na ang kanyang ilong ng tubig-dagat.

"Purihin ka! Purihin ka!"

Sasagwanin ni Guibuan ang mukha ng kaibigan pagdating na pagdating nila sa Buhangin. Nilakasan n'ya ang kanyang pagsagwan. Sa kanyang tabi, gumaya si Alisot. Sa mga alon n'ya inilabas ang kanyang galit. Araw-araw, namamatay ang kanilang mga baboy, ang kanilang mga kambing. Anong peste itong dinala ng mga dayuhan? Ang mga kuneho, may ugnayan ito sa dala nilang mga kuneho. At bakit sila tanong nang tanong tungkol sa mga Igorot? Ano ang pag-uusapan ng mga ito na hindi maaaring marinig ng isang Ilocano?

"Lumawig, Lumawig!"

Walang silbi ang pagpunta nila sa Gubat Malakas. Hindi rin maaalala ni Dumulao kung saan sila nagkahiwalay ni Namungang Maganda. Wala rin naman ang mga dambuhalang ahas na kinuwento nito nang buong detalye habang lumalagok ng tuba. Ang mayroon lang ay mga ordinaryong ahas, na buti na lang din. Ang nakuhang lason ni Guibuan mula sa mga ito ang pampalubag ng kanyang loob. Pagdating nila sa Buhangin, sasagwanin n'ya ang mukha ni Dumulao. Kainin sana s'ya ng buwaya, sinayang n'ya ang sampung araw ko!

May buti rin namang idinulot ang kanilang paglalakbay.

Nagawa nilang mahila si Alisot papunta sa bangka. Maputla na ito dahil hindi lumalabas ng bahay, pero ngayon ay mamula-mula dahil sa muling pakikipagkilala sa araw.

Napaigtad si Guibuan. May kumalabit sa kanya. Si Alisot. Nakasimangot ang kanyang kapatid. "Bakit?"

"Ang mga dayuhan. May masama silang balak. Kailangan natin silang patayin."

"Lumawig, purihin ka!"

"Guibuan, kainin ka ng buwaya, ako lang ang kakanta!"

Humalakhak lang si Guibuan. Kapuri-puri talaga si Lumawig. Nagsasalita nang muli ang kanyang kapatid! Purihin! Purihin!

"Kuya, nakikinig ka ba?"

"Oo, oo. Ang mga dayuhan. Pati ang kanilang mga kuneho. Pero wag ang mga kabayo, wag." Ang sabi ni Namungang Pangit, masarap daw mga itong katalik.

4

Gawa sa pilak ang kahon ng buyo ni Guibuan. Ang kay Alisot, ginto. Pag naglalaro ng duraan, mas malayo ang inaabot ng dura ni Guibuan. Madamot si Alisot pagdating sa kanyang bunga, mga babae lang ang kanyang binibigyan--at kailangan pang magmakaawa sa kanya. Ayaw din n'yang ginagamit ng iba ang kanyang gunting. At hindi n'ya pinapahawakan ang kanyang gintong kahon.

Isang gabing walang buwan, may dumating na grupong nais magtanghal. Iba't ibang laki at kulay ng tao, may mga Tsino at Ilonggo. Kumakain ng alakdan sa labas ng kanilang bahay sina Guibuan, dumalaw si Namungang Pangit. Papaalisin na sana ni Alisot ang mga nais magtanghal pero may

ibinulong si Namungang Pangit kay Guibuan. May matututunan daw sa kanilang palabas. Sapagkat nakakatandang kapatid, si Guibuan ang sinunod nang iutos nitong pakinggan ang bisitang mangkukulam.

Busog na sa alakdan, sinimulan nila ang pagnguya ng nganga habang nanonood. Himas-himas ni Namungang Pangit ang kwintas n'yang gawa sa bahay ng puting suso. Bigay ito ni Guibuan, na natuwa sa mangkukulam nang napatunayang tunay ang pangitain nito tungkol sa mga aso. Nasa dugo ang kadakilaan.

"Purihin si Lumawig, mga kaibigan!" sigaw ng pinuno ng grupo. "Sa gabing ito ikukwento namin sa inyo ang buhay--ni Kemokul!"

Nagpalakpakan ang lahat. Nakita ni Guibuan na umalis patungong ilog si Alisot.

Hating-gabi nang may maglabas ng tuba. Tuloy ang inuman at nguyaang at panonood hanggang tumilaok ang mga manok. Huling awit ng pinuno ng grupo: "At mula sa kisame nahulog ang ipis. Patay na ito bago bumagsak sa sahig. Ito, ito ang pagtatapos ng kwento ni Kemokul!"

Palakpakan ang lahat.

Inutusan ni Guibuan ang pinuno ng kanyang mga alipin na bigyan ng matutuluyan ang mga nagtanghal. Nagpaalam sa kanya si Namungang Pangit. Nang wala nang tao, saka lamang napansin ni Guibuan na nawawala ang kanyang kahong pilak. Humihikab, tumungo s'ya sa ilog. Doon n'ya nadatnan ang natutulog na si Alisot. Sa tabi nito ang ginto at pilak na kahon. Binuksan n'ya ang gintong kahon at kumuha ng bunga. Nagising lamang si Alisot nang magkamali s'ya sa dura.

Nakahiga si Guibuan. Sa tabi n'ya'y humihilik si Namungang Pangit. Katapat ng kanyang mukha ang mga paa nito. Parang sanggol kung humiga si Guibuan, nakadikit ang mga kamao sa baba, lumalapit sa pusod ang mga tuhod. Naririnig n'ya ang pag-awit ni Alisot sa labas. Isang buwan na ang nakaraan mula nang gahasain ito ni Banna at hindi pa rin ito nakikipag-usap sa kanila. Panay lang ang kanta nito, mga kantang iniwan sa kanila ng mga nagtanghal na Tsino at Ilonggo limang buwan na ang nakararaan. Gustong takpan ni Guibuan ang kanyang mga tenga gamit ang mga paa ni Namungang Pangit, pero natatakot s'yang sa mga sandaling iyo'y magbalik ang katinuan ng kanyang kapatid. Paano kung hanapin s'ya nito, at dahil hindi s'ya sumagot ay bumalik na lang sa kabaliwan? Isang buwan nang hindi natutulog si Guibuan.

Sa unang pagtilaok ng mga manok tumayo na s'ya. Malakas pa rin ang paghilik ng mangkukulam, at ang kanyang kapatid ay tahimik na. Sa labas ng kanilang bahay binati n'ya ang kanyang kaibigang kwago, na ang sagot ay paglipad. Pumito si Guibuan, at pagkatapos ng ilang sandali'y napalilibutan na s'ya ng lima sa kanyang mga alipin. "Dalhin sa akin ang espadang bigay ng mga Tsino," sabi n'ya sa isa, at pag-alis nito'y bumaling s'ya sa apat na natira. "Ngayong araw, ang mga kalabaw ang ating pupuntiryahin." Inubos nila ang mga usa ni Banna noong nakaraang linggo. Bumaha ng tuba sa dami ng mga alahas na ipinalit ng mga Hapon para sa balat ng mga ito. Ang mga Tsino, sila naman ay may telang ipapalit para sa mga sungay. Mahusay na mga Tsino, mahusay mangalakal, mahusay magtanghal.

Bumalik na ang aliping kanyang inutusan. Dala nito ang espada galing sa Tsino, na kanyang tinalo sa pustahan kung sino ang mas malayong dumura ng nganga. Ayon sa Tsino, galing

daw ito sa isang isla mula sa silangan. Hindi madalas gamitin ni Guibuan ang espada, mahirap itong gamitin sapagkat kasing tangkad n'ya ito. Mas gusto n'ya ang kris na bigay ng kaibigan n'yang si Gumeganal, na taga-Timog. Ang bawat lalakang lampas sa sampu sa kanilang angkan ay binigyan ni Gumeganal ng kris kapalit ng pagpapatawad ni Guibuan sa pag-agaw nito sa puso ng kanyang asawa. Mas mabuting kaibigan si Gumeganal kaysa mabuting asawa si Bugan, kaya pagkatapos ng tatlong araw na pakikipagtalo sa harap ng datu, pumayag si Guibuan sa hiling ng dalawa.

Binuhat ni Guibuan ang espada, nawalan ng balanse, tumayo nang maayos at tumingin sa direksyon ng ilog, sa direksyon ng mga lupang sinasaka ng angkan ni Banna. "Ang mga kalabaw," sabi n'ya hindi sa mga alipin kundi sa kanyang sarili, "ang mga kalabaw ang ating kukunin."

"Guibuan." Tinig mula sa kanyang likuran.

"Namungan," bulong n'ya, "Namungang Pangit."

"Mag-iingat ka."

Sumenyas si Guibuan, at dalawa sa kanyang mga alipin ay tumakbo sa direksyon ng ilog. Ang kanilang unang apat na mata. "Halina," sabi ni Guibuan. Apat silang naglakad patungo sa mga kalabaw. Sa totoo lang, ayaw na ayaw ni Guibuan ang pumuputol ng sungay ng kalabaw. Pero gagawin n'ya ito para sa kanyang kapatid. Gagawin n'ya ito para kay Namungang Pangit. Gagawin n'ya ito para sa kanyang angkan.

6

"Tibor?"

"Tibor."

"Marami kaming banga."

Nagkamot ng ulo si Dumulao. "Kami rin, marami. Pero ang kailangan namin 'yung tinatawag nilang tibor."

"Tibor."

"Tibor."

"Wala kaming banga na tinatawag na tibor. Ang tawag namin sa banga ay banga." Pinagmasdan ni Guibuan ang kanyang pinsan. Mula nang sumisid ito nang halos kalahating araw para manalo sa palaro ni Namungang Maganda, nagbago na si Dumulao. Lagi itong tingin nang tingin sa likod, na para bang pinagmamatyagan. Lalo na ring nawala ang tiwala nito sa kapwa tao. "Bakit mo ba kailangan ng tibor?"

"Para sa mga Hapon. Magbibigay sila ng ginto para sa tibor."

"Marami naman tayong ginto. Bakit hindi ka na lang makipagkalakal sa mga Igorot? Ay," uminom ng tuba si Guibuan, "hanggang ngayon ba'y nais nilang pugutan ka ng ulo?"

"Hayaan mo na ang mga Igorot. Hindi ang ginto ng mga Hapon ang kailangan ko."

"Ang sabi mo kanina--"

"Kailangan ko ang ginto ng mga Hapon, oo, 'yun nga ang sinabi ko."

"E paano mo ngayong sinasabing--"

"Kailangan ko ang ginto ng mga Hapon dahil iyon lang ang uri ng ginto na tinatanggap ng mga Hapon. Ayaw nila sa ginto natin, ayaw nila sa ginto ng mga Igorot. Na hindi ko rin naman makukuha kasi, oo, gusto pa rin akong pugutan ng mga iyon."

"Dahil ninakawan mo sila."

"Wag mo na ngang ibahin ang usapan. Kailangan ko ng tibor para sa ginto ng mga Hapon!"

"Wala ngang tibor dito, wala namang tibor sa buong bayan natin. Wala nga sigurong tibor sa buong Ilocos. Kasi, hula

ko lang a, wala naman talagang tabor. At kung kailangan mo ng ginto ng mga Hapon, e bakit hindi na lang iyon ang hingin mo sa akin?"

"Meron kang ginto ng mga Hapon?"

"Wala."

Tumayo si Dumulao at dumungaw sa bintana. "Kailangan ko ng sandata, pupunta kami ni Namungan sa gubat. Ang mga Hapon, hindi lahat sila ay mangangalakal. Meron sa kanilang mga mandirigma. Ang isa rito'y may dalang kakaibang espada. Matalas ito."

"Matalas din naman ang mga kris a."

"Hindi mo naiintindihan. Nakita ko, kahapon, ang matandang Hapon na mandirigma, pumutol s'ya ng puno--sa isang bigwas lamang ng kanyang espada!"

"Aba'y s'ya ba ang pumatay ng buko--"

"Pinsan, tama na!"

"Tama na ang ano?"

"Tama na ang pagpapanggap. Alam kong may tabor kang tinatago."

Wala na talaga itong tiwala sa ibang tao. "At alam mo ito dahil kaya mong magbasa ng utak?"

"Sinabi sa akin ni Namungan. Sabi sa kanya ni Namungang Pangit, mayroon kang tabor. Magkasama kaming tatlo nang ilarawan ng Hapon ang kailangan n'yang uri ng banga para sa kanilang espesyal na inumin. Cha. Sa. Hindi ko alam ang tawag. Basta inilarawan n'ya kay Namungan, pagkatapos ay may ibinulong si Namungang Pangit."

"Bago ang lahat, bakit Namungan lang ang tawag mo kay Namungang Maganda?"

"Dahil wala namang saysay tawagin s'yang Namungang Maganda, hindi naman nakakatawa!"

“Nakakatawa kaya. Ikaw pa nga ang nagkalat sa buong bayan! Naaalala ko, sabi mo noon pang nagbibinata pa lamang tayo. Nagbabala si Namungang Pangit tungkol sa pagdating ng apoy, at sabi mo, dahil puro s’ya babala tungkol sa kanyang pangitain, ang dapat tawag sa kanya ay Namungang Pangit. At ang tawag dapat natin kay Namungang Maganda ay Namungang Maganda--kasi pangit s’ya! Alam mo ba, hanggang ngayong matanda na tayo, nakakatawa pa rin.”

“Hindi pinsan, hindi. Mahal ko si Namungan.”

“At mahal ko si Namungang Pangit. Ano ba kasi ang pumapasok sa kukute mo’t itinatakwil mo na ang ating nakaraan, ang ating mga tradisyon, ang ating mga kinalakhan at nakasanayan?”

“Kung mahal ko si Namungan, hindi ko s’ya pagtatawanan. Ngayon ibibigay mo ba sa akin ang tabor, o kailangan kong bilhin ito sa ‘yo?”

“Ano ba kasi ‘yung tabor?”

Umupo ulit si Dumulao at tumungga ng tuba. “Ang matandang mandirigma, sabi n’ya, ibebenta n’ya sa akin ang kanyang espada. Pero gintong Hapon lang ang kanyang tatanggapin. Kaya ibebenta ko ang tabor sa mga Hapong mangangalakal, at ang ginto nila ang aking ipambibili.”

“Alam mo hindi pa rin ako naniniwalang may Hapong mandirigma. Ang mga Hapon ay mapayapang bayan.” Lumagok si Guibuan ng tuba.

“Ang sabi ni Namungang Maganda, ang sabi ni Namungang Pangit, tinataihan mo raw ang tabor pag gabi at ayaw mong lumabas ng bahay.”

Naubo si Guibuan. Lumabas ang tuba sa kanyang bibig. “Tubol, tubol. Ang tinutukoy mo’y ang tubol. Oo, marami akong bangang tubol.” Tumayo s’ya. “Halika, halika. Bibigyan kita ng

dalawa. Dalawa, dahil pinsan kita. Tubol, oo, binigyan ako noon ng mga sampu ni Gumeganal."

7

Umiiyak na naman ang mga anak ni Dumulao. Ayaw na ayaw talaga ni Guibuan sa mga bata. Ayon sa mga dayuhan, mayroong bayan sa malayong dagat na nagsasakripisyo ng sanggol sa kanilang mga diwata. Sana'y pareho na lang ang hingin ni Lumawig. Ang kapatid ni Sumarang, ayaw nang katalik ng asawa, at nang magdalaga ang panganay na anak ay kasama ang inang nilalait ang ama. Walang kilala si Guibuan na may anak at masaya. Kaya nga siguro sumama si Dumulao sa Gubat Malakas. Gubat Malakas? Gubat Malaki. Ilang araw na nga ba ang lumilipas? Sampu?

Naramdaman n'ya ang pagpasok ni Alisot sa bahay. Kinakaladkad nito ang mga paa.

"Saan ka nanggaling?"

"Nanay, nariyan po pala kayo. Bakit ang aga-aga umiinom kayo ng tuba?"

"Alisot!"

"Galing ako kay Kisla."

"Ang asawa ni Banna?"

"Ang Catalona."

Mula sa repleksyon ng kanyang mga mata sa tuba tiningnan ni Guibuan ang kanyang kapatid. "Si Kisla... ay catalona?"

"Si Kisla ang Catalona."

"Ano ba ang sinabi ko?"

"Iyon din." Tumabi si Alisot sa kanya. "Ang sabi ko sa 'yo kanina'y sumama ka. Marami kaming pumunta sa ritwal."

“Hindi ko kailangang pumunta sa catalona para kausapin si Lumawig.”

“Hindi, hindi. Hindi mo naitintindihan. Hindi ang pumagitna sa inyo ni Lumawig ang silbi ng catalona. Si Kisla--”

“Si Kisla ay iyong kakalimutan. Mamaya, matalim ang hugis ng buwan. Mamaya, sasama ka sa aking humuli ng pusa.” Aba’y kailangan pa pala n’yang ihanda ang mga lambat. Mahabaging Lumawig, bakit ayaw tumahimik ng mga batang iyan? “Bakit ganyan ang iyong titig sa akin?”

“Bakit ba natin guguluhin ang mga pusa? Kawawa naman sila, maliliit na hayop. Kung gusto mong maglaro, bakit hindi tayo magpahabol sa kalabaw?”

“Wag ka ngang magsalita tungkol sa mga kalabaw!” linom sana ng tuba si Guibuan, pero inabot na lang n’ya ang baso kay Alisot. “Hindi naman natin papatayin ang mga pusa. Pagkakuha ng kanilang amoy, pawawalan din natin sila.”

“At sa tingin mo’y masaya sila pagkatapos?”

“Ano?”

“Isipin mo na lang, isipin mo na lang kung si Kabunyian, halimbawa, ay hulihin ka gamit ang isang dambuhalang lambat, kunin ang iyong amoy, at saka ka pakawalan. Isipin mo, magiging masaya ka ba pagkatapos?”

“Sino bang nagpapasok ng mga kaisipang iyan sa utak mo? Ang catalona na iyon?”

“Oo, oo, bakit? Ikaw, naisip mo na ba kung saan nanggaling ang laman ng ulo mo? Kung bakit mo pinaniniwalaan ang iyong mga pinaniniwalaan? Bakit ayaw mong isipin? Isipin mong pusa ka!”

Kinalmot ni Guibuan ang mga mukha ni Alisot, saka ito kinagat sa leeg. Buong araw silang uminom ng tuba at nang dumating ang buwang hugis sundang, nakahuli ng higit sa dalawampung pusa ang magkapatid. Pito rito ang may amoy.

"Mula Marihuma tumungo kaming Ilog Tajo. Mula roon ay napadpad kami sa Isla ng Tendaya, at pagkatapos, sa Viri, saka sa Capul. Ilang araw ang lumipas nang madatnan namin ang tinatawag ng mga nakatira bilang Naranjos."

"Naranjos'?"

"Naranjos."

"Tunog dayuhan." Nginuya ni Guibuan ang laman ng pagong. Kung araw-araw kaming magdiriwang, at sa bawat pagdiriwang papatay ng pagong, isang araw wala nang pagong. Ipagdiriwang din kaya namin 'yon? "Ipagpatuloy mo."

"Ang islang Naranjos ay mahirap abutin. Ang mga alon sa paligid nito'y kasing taas ng mga bundo--"

"Bundok?"

Hinimas ni Dumulao ang kanyang balbas. "Buro! kasing taas ng burol." Uminom ito ng tuba. "Pwede na ba akong magpatuloy?"

Tumango si Guibuan. "Basta walang panloloko."

"Ang mga alon sa paligid ng isla Naranjos ay sinlaki ng mga burol, at ang mga bato sa pampang nito'y matatalas. Mula sa aming ginawang bangka nakita namin ang mga buto—"

"Buto?"

"Buto, sa mga bato."

"Buto nino?"

"Buto ng mga namatay sa dagat, mga nakasakay sa bangkang winasak ng mga alon at bato."

"Bakit hindi inanod ang mga buto?"

"Alam mo, ang singit, mabaho!" Ipinakita ni Dumulao ang kanyang mga pangil. "Patatapusin mo ba akong magkwento?"

“Hayaan mo na nga s’ya, kaibigan,” sabi ni Sumanang. Nagsitangian ang mga kasama nilang nag-iinuman.

“Sige,” sabi ni Guibuan, “hindi na ako sisingit.” Tahimik n’yang nginasab ang laman ng pagong.

“Kakaunti lang ang tao sa Naranjos. Ilang pamilya, at hindi iisang angkan. Ang naaalala ko sa kanilang wika’y ang wika ng mga taga-Cebu. At bago ka sumingit, pinsan, hindi sila taga-Cebu. Wala silang pintura sa katawan, hindi tulad ng ating mga nakikilala sa kalakal. Wala silang pintura sa katawan, pero may pintura sila sa ulo. Pero hindi sa buong ulo, kundi sa likod ng tenga. At bago mo itanong, Guibuan, kung paano kong nakita ang likod ng kanilang mga tenga, sasabihin ko sa ‘yong maikli ang kanilang buhok. Parang ilan sa mga dayuhang ating nakikita. Ang kanilang mga hikaw ay gawa sa ginto, pati ang telang kanilang isinusuot ay may gintong nakahabi. At ang nakakapagtaka’y hindi sila nakabahag, tulad ng mga nakakasalamuha nating mga taga-Cebu. Ang buong katawan nila’y nababalutan ng tela, babae, lalake, matanda, bata.” Hinawakan ni Dumulao ang kanyang mga balikat, at nanginig. “At dito kayo mabibigla. Lahat tayo’y may ngipin, at marami sa kanila’y gayundin, pero ang iba’y--wala.”

“Walang ngipin?” tanong ni Sumanang.

“Wala.”

“E ano kung may ngipin o wala?” sigaw ni Guibuan. Nananakit na ang kanyang mga ngipin sa kanyang kakakagat, pero matigas talaga ang laman ng pagong. Ilang taon na kaya itong pinatay namin nang walang pakundangan? Ano nga ba ang sinabi noon ni Alisot tungkol kay Kabunyan, tungkol sa paglalaro nito sa buhay ng mga tao? “Ituloy mo na ang kwento!”

“Mula sa Naranjos tumuloy kami sa Cebu, at mula Cebu sa Panay, sa piling ng mga Aswang at Aklanon. Nakalulungkot

na balita, sa kung anong dahilan ay nakikipagdigma ang mga dayuhan sa mga Aswang.”

“Nakikipagdigma naman ang mga dayuhan sa lahat ng nakatira sa mga isla.”

“Hindi. Hindi, iba ito. Ang sabi ng aming mga nakausap na Aklanon, inuubos ng mga dayuhan ang mga Aswang.”

“Inuubos?”

“Inuubos. Hindi ito pananakop, hindi pang-aalipin. Ang sabi pa nga’y sa loob ng ilang buwan, wala nang bayan para sa mga Aswang. Uubusin nila ang lahi ng mga Aswang.”

Tumahimik si Dumulao. Tumahimik lahat. Inabot ni Guibuan sa isang alipin ang laman ng pagong na ayaw magpakain. Nang tumanggi ang alipin, ipinatong ni Guibuan ang matigas n’yang ulam sa plato ni Alisot. Ngumiti lang ang kanyang kapatid. Tumungga ng tuba si Guibuan. “At ano, tumigil kayo sa isla ng Panay para tumulong sa mga Aswang?”

“Hindi. Hindi. Kainin ka ng buwaya, pinsan, hindi. Tumuloy kami sa isla ng Jolo. At mula roon, mula roon narating namin ang mga isla sa pangitain ni Namungang Maganda at Namungang Pangit. Mula roon narating namin ang ikapitong isla ng Calamianes. At doon, doon namin natagpuan ang Gubat Malakas.”

Nagsibulungan ang mga nakikinig. Humikab si Guibuan. “Ikwento mo na ang gusto naming marinig. Anong nangyari kay Namungang Maganda?”

Nagsimulang magkwento si Dumulao.

Pinagmasdan ni Guibuan ang umuusok pang bahay ni Datu Puti. Hindi pa rin n’ya maintindihan kung paanong ang isang bahay

na sa ibabaw ng puno itinatag ay maaaring abutin ng apoy mula sa nilulutong kabayo sa ilalim nito, ilang tao ang layo. Ang sabi ng mga alipin, sa simula ng kanilang pagluluto'y biglaang tumangkad ang liyab, tila ba may kapangyarihan ang laman ng kabayo. Di naniniwala si Guibuan. Nakapatay na s'ya ng kabayo, nakakain. Di ito masarap, at mas lalong walang salamangka. Itong si Datu Puti ay may lihim na itinatago, at natatakot si Guibuan para sa kanilang bayan.

"Daga, kaibigan?"

Hindi hinarap ni Guibuan si Sumanang. Hindi n'ya matanggal ang kanyang mga mata sa niyog na sunog. Sa kanyang utak kunwari'y malaki pa ang apoy, maraming galamay, kumakaway sa kanya, nang-aakit.

"Kaibigan?"

Bumuntong-hininga si Guibuan. "Ano?" Tumingin s'ya sa paa nila, hinahaplos-haplos ng dagat.

"Kung ayaw mo nitong daga, pwedeng akin na lang ang iyo? Gutom na ako e."

"Sa 'yo na lang." Mabuting tao si Sumanang, mabuting kaibigan. Nang iwan s'ya ni Bugan, ito ang may pinakamahusay na payo. Naalala pa ni Guibuan ang kanilang pag-uusap:

"Ilang taon na ba kasi 'yon?"

"Labinlimang taong gulang lamang."

"Sa susunod na kukuha ka ng asawa, iyong mababa sa labing-isang taon, o di kaya'y lampas sa apatnapung taon. Lahat ng nasa pagitan ay mahirap pakisamahan."

"Kaibigan?"

Bumalik sa kasalukuyan si Guibuan. "Ano?"

"Nananakit ang titi ko. Nagnana kasi!"

"Ang sabi ko sa 'yo, wag mong ipatusok. Di ka nakinig sa akin." Sinipa ni Guibuan ang alimangong sisipitin sana ang kanyang kanang paa. "Nasaan na si Alisot?"

Nagkibit-balikat si Sumanang. "Sumunod sa mga taong papunta sa babaylan."

"Catalona? Sino, si Kisla?"

"Oo, si Kisla. Alam mo bang nakikipagtalik daw iyon sa kabayo?"

"Marahil iyon ang ating tadhana bilang bayan. Datung kumakain ng kabayo. Catalanag nakikipagtalik sa kabayo." Muling sinipa ni Guibuan ang alimango. "Sana man lang kung masarap!"

10

"Sinasabi ng mga dayuhan na itong si Villalobos, na hinahanap ang ating bayan, sakay ng kanyang balangay, ay isinumpa ng kanilang diwata, at iniwang lumulutang sa karagatan."

"Ang diwata nila," sabi ni Sumanang, "ay diwata ng bagyo?"

"Hindi."

"Diwata ng karagatan?"

"Hindi."

"Diwata ng hangin?"

"Hindi."

"E, diwata ng ano?"

"Diwata--diwata ng lahat."

"Diwata ng lahat?"

"Diwata ng lahat."

"Diwata ng lahat."

"Diwata ng lahat."

"Alam mo Sandayo," kinamot ni Sumanang ang ginto sa kanyang ngipin, "masyado kang nakikinig sa mga kwento ng mga dayuhan."

“Kinukwento ko lang sa inyo ang kinukwento nila, hindi ko naman sinasabing totoo ito.”

“Kahit na, inuulit mo pa rin. Ibig sabihin, binibigyan mo ng halaga.”

“Halaga bilang pang-aliw, kaibigan.”

“Aliw? Anong uri ng aliw ang makukuha mula sa kwento tungkol sa diwata na--”

“Kaibigan,” sabi ni Guibuan, “sigurado akong wala namang nais na masama si Sandayo. At, di ba nga nakakaaliw makarinig tungkol sa diwata na diwata ng lahat. Diwata na walang itinitira para sa ibang diwata, diwata na--madamot? Duhapang? Gahaman? Isipin mo na lang kung sabihin natin iyon tungkol kay Lumawig, o kay Kabunyian. Aba’y di ba’t nakakakiliti.” Inabot ni Guibuan ang kanyang baso ng tuba kay Sumanang. May mga tao talagang hindi kayang uminom ng dalawang sunod na araw. “Uminom tayo, sa ngalan ng pakikipagkaibigan.

Uminom si Sandayo.

Uminom si Sumanang. “Oo, tama kayo. Nakakatawa. Nakakaaliw. Paumanhin, kaibigan. Masyado akong seryoso. Nakalimutan ko na yatang ngumiti. Sige, sige pa. Magkwento ka pa.”

Wag na. Tiningnan ni Guibuan si Sandayo. Wag na, matulog na tayo, sabihin mo.

Uminom muli si Sandayo. “Aba’y marami pa akong maaaring ikwento. A, ano ba ang nakakaaliw din? Tekang lang. Alam ko na! Narinig n’yo na ba ang tungkol sa kanilang diwata na bata? Gumagawa sila mula sa kahoy ng eskultura ng diwata na ito.”

“Ito ba ang diwata nilang babae? Iyong walang suso?”

“Hindi, hindi. Lalake, lalake ang diwata nilang bata. Ang tawag nila dito’y--ano nga ba? El Partero, El Partero. Narinig n’yo na ba ang tungkol sa kanya?

“Oo, oo. Ito ang diwata na tumutulong sa pagpapalaglag ng bata.”

Nagkamot ng mata si Sandayo. “A, oo. Tama, tama. Diwata na tumutulong sa mga babaeng ayaw mabuntis. Kaya s’ya bata dahil tinatawag n’ya ang lahat ng mga bata na pumunta sa kanya at iwan ang lupa. Narinig n’yo na ba ang kwento kung paanong tumulong ang El Partero na ito laban sa mga mananakop na Tsino?”

Inunahan ni Guibuan ang pagsabat ni Sumanang. “Mayroon bang mananakop na Tsino? Ang alam ko’y lahat sila’y mangangalakal. Sabagay, mayroong Tsinong nagtatanghal.”

“Totoo, totoo. Tulad din natin sa ating bayan, may mandirigma, may lumilikha ng eskultura, may catalona. Ang pangalan ng Tsinong mananakop ay Limahong.”

“Limahong!” sigaw ni Sumanang, sabay inom ng tuba. “Ikwento mo ang kwento ni Limahong!”

“Nagsimula ang lahat sa pagtataksil ng mga taga-Cebu at pagluhod sa diwata ng mga dayuhan, at sa kanilang diwata na tao sa Silangan. Naalala n’yo marahil ang balita tungkol sa sandugong santaksil, kung saan si Datu Kalantiaw ng bayan ng Cebu ay kinutsilyo ang kanyang pulso. Inabot n’ya ang kanyang braso para sipsipin ng dayuhan ang kanyang pulso, pero tumanggi ito. Tinusok ng dayuhan ang kanyang tiyan, at ipinagsigawan sa buong bayan ng Cebu ang kanilang pagkaalipin.”

“Oo,” sabi ni Guibuan, “oo, narinig namin ang balita. Ang mga taksil, ang mga kaawaawa, ang mga nilinlang, ang mga pinagtaksilan, ang kinalimutang bayan ng Cebu.” Aba’y di lang pala si Sumanang ang di kayang uminom nang dalawang sunod na araw. “Ituloy mo.”

“Pagkatapos ng Cebu ang sunod na sinakop ng mga dayuhan ay ang Maynila.”

“Oo, oo,” sabi ni Sumanang, “may dayuhan sa Maynila.”

“Ang Tsinong si Limahong ay nagdala ng mga balangay, may hukbong isang libong mandirigma, at pinalibutan nila ang Maynila. Ipinagtanggol ng mga dayuhan ang kanilang sinakop, kahit kaunti lamang sila, wala pang isang daan laban sa isang libo! At ang isa sa kanila, iyong tinatawag nilang pari.”

“Ang kanilang catalona.”

“Oo, ang kanilang catalona.”

“Ituloy mo.” Ipinagtataka ni Guibuan kung bakit walang babaeng catalona ang mga dayuhan. Ngayong napag-isip-isip n’ya, di pa s’ya nakakakita ng dayuhang babae.

“Itong pari ay iniwan ang Maynila! Hindi dahil s’ya ay taksil, kundi dahil alam n’yang hindi nila magagapi ang hukbo ni Limahong kung wala ang kanilang diwata. Ang diwata na bata, si El Partero. Iniwan n’ya ang isang daang dayuhan laban sa isang libong Tsino, at bumalik sa isla ng Cebu. Doon, ninakaw n’ya mula sa kanyang kapwa mga dayuhan ang eskultura ng batang diwata. Nang makabalik s’ya sa Maynila halos limampu na lang ang kanyang nadatnang kasama. Pero sapat na. Ang halos limampung ito, sa tulong ng lakas na bigay ng batang diwata-ginapi ang isang libong Tsino! At hindi lang ginapi, hindi lang pinatalsik sa Maynila. Hinabol pa nila ang mga ito. Kay rami nilang napatay na Tsino, kaya’t sa pagtakas nina Limahong may naiwan sa mga balangay. Ito ang ginamit ng mga dayuhan para habulin ang mga Tsino, habulin sa karagatan. May mga nagsasabing ang plano pa nga’y habulin sila hanggang Tsina mismo! Nalansi nila ang mananakop, at nabitag ito sa Ilog Pangasinan. Pinalibutan nila ang balangay ni Limahong, tulad ng paglibot ng mga tao nito sa Maynila. Ang plano nila’y gutumin ang Tsino sa loob ng kanyang balangay, hanggang sa ito na mismo ang lumabas para magmakaawa, o kaya’y mamatay sa gutom kung hindi susuko.”

"Anong nangyari?" sabay na tanong nina Guibuan at Sumanang.

"Sa gabi, gamit ang kahoy ng kanyang sasakyan, at ang dugo ng kanyang mga tauhan bilang pandikit, gumawa si Limahong ng bangka, at ito ang sinakyan n'ya patakas, pabalik sa Tsina." Ubos na ang baboy ramo. Pinagmasdan ni Guibuan kagat-kagatin ng kanyang pinsan ang plato nitong kawayan. "Iyon, iyon ang kwento ni Limahong."

"Hindi ako naniniwala, hindi ako naniniwala!"

"Kaibigan..."

"Sinungaling ka!"

"Sumanang!" sigaw ni Guibuan.

"Ilang daang taon na nating kaibigan ang mga Tsino? Katulad ng mga Hapon, mabuti sila sa atin sa kalakal. Katulad ng mga Indiano, ipinapakilala nila sa atin ang kanilang mga diwata. Sino nga ba 'yung--'yung lagi nilang binabanggit? Mataba, kalbo... Ma... Mo? Mawa? Basta! Hahayaan na lang ba nating siraan sila ng mga dayuhan? Hahayaan na lang ba nating magkwento ang--ang--kainin ka ng buwaya Sandayo! Guibuan, kaibigan, sabihin mo sa akin! Hahayaan na lang ba nating may mga kwentong sinisiraan ang mga Tsino? Paano na ang ugnayan ng ating mga bayan?"

Nagtinga si Guibuan. Nilunon n'ya ang bawat hiblang kanyang matanggal sa kanyang mga ngipin. "Bra," sabi n'ya. "Hindi ba 'yung diwata na mataba't kalbo'y nagngangalang Bra?"

ANG PAG-IBIG AYON SA ISANG PUTA

Lenin Carlos Mirasol

NAGDADABOG PASI JASMIN PALABAS NG APARTMENT KO, na akala niya hahabulin ko siya. Pinipigil ko nga 'yung paghalakhak ko habang mabagal na mabagal siyang nagsusuot ng boots sa may pintuan. Nag-aabang ng reaksiyon ko. Nagpapaawa rin. Magkasalubong 'yung kilay niya tapos kunwaring gustong humagulgol, at kunwari ring nasaktan siya sa paghampas ko sa kanya. Wala akong reaksiyon, bukod lang no'ng nagtinginan na 'yong mga tao sa labas dahil ang bagal niyang gumalaw. Kunwari lang, nakatingin lang ako sa TV sa gilid ng pintuan, sa gilid niya, palihim na nagpipigil ng tawa. Alam naman niya kasi 'yon, na isa lang naman talaga siyang puta sa paningin ko. Prostitute. Babaeng binabayaran ko kapag magpapalipas ng init ng katawan. Pero kahit gano'n siya, hindi siya kagaya ng ibang prostitute. Hindi maputi ang mukha ni Jasmin, hindi rin nagsusuot ng maiiksing damit, hindi siya halatang prostitute, hindi (raw) kasi siya basta pumapayag kung kani-kanino (sabi niya), dahil

isa rin siyang estudyante sa isang pribadong eskuwelahan sa Maynila. Ginagamit lang niya 'yong perang kinikita niya para lang sa pagtatapos niya ng kursong Tourism Management. Lahat iyon batay sa kuwento niya.

Kaya biglaan lang, nagulat din ako, sa ilang linggo naming pagkikita at pagse-sex sa mga motel kung saan sa Maynila, sinabi niyang mahal na niya ako. Naknamputa 'yan, naisip ko no'n, inuuto ako. Nagliwanag pa nga 'yung mukha niya nu'ng sinabi niya 'yon, kunwari niyakap ako nang mahigpit at saka niya sinabing mahal niya ako. Kaya sabi ko sa kanya n'on, may t'yansa naman sigurong maging tayo, bumuo ng pamilya. Pero ang totoo, libreng sex lang naman ang iniisip ko. Totoong mahal kita, sabi niya. Sinabi ko rin na mahal ko siya.

Gano'n naman kami, sa una pa lang, alam ko na na puro kasinungalingan lang kami. Panghawakan lang mabuti lahat nang sasabihin, totoo man o hindi, dahil talo ang unang magsasabi ng lahat nang totoo tungkol sa sarili. Talo ang unang aamin ng nararamdaman.

Sa unang beses naming mag-usap, doon ko nalaman ang batas ng pagsisinungaling. Dapat palaging hango sa tunay na buhay mo, ng kakilala, o ng kung sino man, mas magandang pakinggan 'yon hindi dahil tunay na nangyari kundi dahil makatotohanan. Talo ako sa una naming pagkikita. Sinabi ko sa kanya na, habang nasa pipitsuging amoy ipis na motel kami sa Recto Ave., nagri-research ako. Tinitingnan ko 'yung hitsura ng kalsada tuwing gabi, kung paano nabubuhay 'yung mga tao sa pagkagat ng dilim. Mabuti't hindi ko nasabi na kailangan ko nang makapag-publish sa kung saang journal ng papel para magka-tenure ako sa trabaho bilang teacher dahil kung hindi, baka masipa na ako sa trabaho, dahil hindi pa ako tapos ng master's, at kailangan ko na talaga 'yon para sa semestre na 'yon. Kung hindi, tuluyan na akong mawawalan ng gana sa buhay.

Nagkakilala kami kasi ni Jasmin isang buwan matapos kaming maghiwalay ng walong taon kong karelasyong si Egi. At pakiramdam ko no'n, wala nang kahulugan ang lahat ng bagay sa mundo, na pangit at dapat mawala na ako sa estupidong mundong ito. At ang pagpilit ko na lang siguro sa ginagawa kong research ang nagsisilbing kaligayahan ko sa buhay.

Gano'n ang pakiramdam ko no'n nang magkita kami ni Jasmin, na sinamahan pa ng alak, kaya para na lang akong sumusunod kung saan ako dalhin ng hangin. Nagkasalubong kami sa kalsada sa may Mendiola bandang gabi. Basta sumama lang ako sa kanya. At sa naaalala ko, na 'di ko sigurado talaga ngayon kung tama ba ako, basta puro oo lang ang sagot ko nang lumapit siya sa 'kin no'n, dahil yata tinawag ko siya o binastos ko talaga siya, nagtatanong ako kung magkano ba. Parang gano'n. Basta galit siyang lumapit sa 'kin no'n, sa naaalala ko, pero, biglang tinanong niya kung ayos lang ba ako, dahil bigla akong humiga yata sa tabi ng mga taong natutulog sa gilid-gilid ng kalsada, banda rin 'yon sa tabi ng mga manggagawang nagpapahinga na sa pagta-trabaho sa binubuo nilang building.

Para saan 'yong research? tanong niya no'ng nasa motel na kami. Sinagot ko naman ng para sa English 4 subject namin, 'yon na lang subject ko para maka-graduate, e. Gagawa ng short story. Ay, 'yung parang mga binabasa natin nu'ng high school? tanong niya. Oo, sagot ko.

Hindi pa niya alam no'n na isa akong teacher sa isang unibersidad sa Maynila. Kahit naman kasi ako, pakiramdam ko, matandang kaklase lang ako ng mga estudyante, 24 years old pa lang kasi ako. Nagkataong may thesis akong nagawa tungkol sa kasaysayan ng lugar namin sa Bulacan no'ng college ako, na ang totoo no'n, orihinal talagang proyekto ni Egi 'yon na nag-aaral sa sikat na eskuwelahan sa Quezon City, tapos ni-rewrite ko lang dahil ayaw na niyang tapusin o gawin, tapos naglagay ako ng mga

pangalan ng kung sino-sinong intelektuwal na sikat sa Europa at mga pilosopong patay na nang daan-daang taon. Pinaglalaragay ko lahat 'yon sa thesis ko, dinikit ko 'yong pangalan ko sa mga pangalan nila, kaya nagmukha rin akong matalino. Hindi nila alam, hindi ko alam ang sinasabi ko sa mga nakasulat do'n. Tapos, binigyan ng award 'yong thesis ko. Natuwa ang marami sa 'kin, inimitahan akong magturo. Hinihintay ko na lang na magka-tenure ako no'n, tapos plano na naming magkaanak ni Egi, bago kami magpakasal 'pag malaki na 'yung baby. Kaso, hindi ako nagka-tenure kahit tatlong taon na akong nagtuturo, dahil wala nga akong master's at wala na akong nailimbag o nagawang kahit anong papel pagtapos no'n. Naghiwalay tuloy kami, dahil sa frustration ko yata na makagawa ng kakaibang papel nang hindi niya ako tinutulungan, Lumpenproletariat & Literature ang inisyal na pamagat ng sinusulat ko. Ayaw kong magpatulong sa kanya. Inaamin ko, lumaki ang ulo ko sa mga papuri sa 'kin, mga salitang walang laman kundi hangin na pumasok lahat sa kukote ko, na nagpalaki ng aking ulo, na nagpalutang sa akin sa lupa't iniisip na hindi ako pangkaraniwang tao. Hanggang nagkandaletse-letse lahat. Siguro.

NANG PAPASOK KAMI SA MOTEL na amoy ipis no'n, may nag-aya sa amin na mukhang skeletal system na babaeng paos nang kung ano bago pumasok, pampalakas daw. Shabu pala 'yon, nang tiningnan ko. Para sa research, para sa pag-alam sa buhay ng mga lumpenproletaryado sa ika-21 siglo ng Pilipinas, bumatak ako, kasama si Jasmin at 'yong nagbenta. Tinuruan kami ni Skeletal System kung paano magplantsa ng foil, ng tamang lakas ng apoy ng lighter, ng tuter, ng burner, at nang tamang pagpapagulong ng mahiwagang kristal, pati na rin tamang paghithit. Parang luhang natuyo 'yong kristal habang nag-brown bigla 'yong foil na sinunog namin.

Kahit lasing na lasing ako no'n pagkaalis ng nakalibre-batak sa amin, na gusto pa sanang mag-sex kaming tatlo't buti na lang parehas kaming takot ni Jasmin sa hitsura niya, sabi ko kay Jasmin, wala naman pa lang tama 'yong shabu, lasang basurang kemikal lang sa bibig. Tumawa siya. Nagtawanan kami na parang magkakilala na kami nang matagal. Dahil umaga na pala, 'yon at 'yon lang ang sinasabi ko, walang tama 'yong shabu. Paulit-ulit ako. Na gano'n lang pala 'yon. Hindi ko alam, 'yon na pala 'yong tama. Akala ko lang, nalipasan ako nang antok. At ang saya ko, dahil nakatipid ako na hindi mag-agahan no'n at dumiretso sa klase ng 7 a.m. Naghiwalay kami ni Jasmin bago pa lang lumabas ng motel, nauna ako't binigyan ko siya ng P1,000, P2,500 dapat pero dahil hati kami sa bato, P1,000 na lang.

Pakiramdam ko no'n habang papasok sa klase, kaya kong baguhin ang mundo, na pipilitin ko, tatlong oras lang, babaliktarin ko ang takbo ng kasaysayan ng Pilipinas sa mga susunod na araw. Sa klase no'n, pinalakpakan ako ng mga estudyante pagkatapos. Bilib na bilib sila sa teacher nilang sabog. Sabi ng isang babae, Sir, ang galing mo talagang mag-lecture! High-tier prof! Hindi nila alam, 'di ko rin alam ang sinasabi ko no'n. Basta tungkol 'yon sa carnivalesque at kay Bahktin mismo na napunta na lang basta sa debate ni Michel Foucault at Noam Chomsky tungkol sa human nature. Sinagot ko, gusto n'yo pa bang ituloy ang lecture? Kung puwede raw. Nagulat din ako. Sabi ko, pagtapos ng huling klase nila ulit. Hapon. Iniisip ko, kahit wala akong mailimbag na papel, at least, mayroon akong nagagawang matino. Masaya na ako no'n. Pero pagtuntong ng 1 p.m. pa lang, namawis ako nang husto, malagkit na pawis, nanginginig ako, nauuhaw nang todo. Gutom din, pero 'di ako makalunok ng pagkain. Sobrang pagod ako. Hindi na ako nakapasok no'n sa mga susunod na klase. Parang naging spaghetti na 'yong tuhod ko. Kaya bumiyahe ako pauwi sa

apartment ko malapit sa eskuwelahan, sumakay ng tricycle, kahit kaya namang lakarin, tapos nakatulog at nagising nang gabi na mayroong maraming text sa cellphone. Unang mensahe, sa mayari ng apartment, pinaaalalahanan ang lahat na kailangan nang maghakot ng gamit paalis. Ide-demolish na kasi 'yung inuupahan kong apartment sa mga susunod na araw, dahil tatayuan daw 'yon ng isang mall. Ang sumunod na text, hinahanap ako ng mga estudyante, 'yong iba, gusto nilang magklase pambawi sa mga araw na hindi ako pumapasok, magsasama raw sila ng iba pang mga estudyante. Parang lecture forum o seminar ang gagawin ko. Masaya ako dahil nagustuhan nila ang lecture ko. At isa pa, sa mga unang araw nang semestre sa klase na 'yon, doon ako nag-umpisang tawaging Nietzsche ng mga kaibigan ko, dahil lagi akong nakatanga at mukhang malalim ang iniisip kahit wala naman talaga akong iniisip na kahit ano, doon kasi nag-umpisang lumalayo na sa akin si Egi. Kaya madalas akong absent din sa klase. Doon kasi niya nakilala si Smith. Isang Amboy na ang hilig magbida at mag-feeling matalino sa social media, na nag-aastang sugo ng Marxismo para sabihin kung ano ang tama at mali—online. At buong akala ko, magkaibigan lang sila't wala akong ginawa para pigilin sila sa nabubuong pag-ibig nila.

Hindi muna ako sumagot nang sige sa text ng mga estudyante. Mas nauna pa akong nag-text kay Jasmin na hindi naman nag-text. Musta? sabi ko sa text. Kailangan ko kasing makabuo ng koneksyon sa kanya, para makagawa ng research tungkol sa mga lumpen. Natakot ako nang mag-reply siyang magkita kami. 'Di ko kasi maalala ang hitsura niya no'ng gabing kasama ko siya. Baka sa dilim lang siya maganda, nasabi ko sa isip ko. Diretso kaming nagkita sa loob ng motel nang 4 a.m. Do'n sa hindi naman pipitsugin. At walang nag-aalok ng shabu. Nauna siya sa akin. Pinalitan ko 'yong kulay ng ilaw pagpasok ko, kulay pula kasi, dalawang pindot ng switch, naging manilaw-

nilaw 'yung liwanag. Para siyang suman sa kumot. Nakahubad na kasi siya.

Maganda pala talaga si Jasmin. Maputi, matangos ang ilong, malalim ang mga talukap ng mga brown niyang mata. Malayo sa hitsura ng dati kong karelasyon, mas maganda si Jasmin kay Egi ng tatlong ulit sa totoo lang, mukha kasi siyang colonial master, Tisay. Si Jasmin, kamukha ni Mama Mary. Kaya lang, puta siya. Nagkuwentuhan kami sa experience namin sa pagbatak no'ng una naming nagkita. Sabi niya, hindi naman daw niya first time 'yon. May ex daw siya na bumabatak dati. Adik 'yon, sabi niya. Hindi ko alam kung totoo ba 'yon, kung alin sa mga sinabi niya't sasabihin. Nagkuwentuhan kami ng buhay namin, tinatak ko na sa utak ko 'yong batas ng pagsisinungaling no'n, pero ang totoo, palagay ang loob ko sa kanya, at oo nga, gano'n din siya sa akin. Kaya ang hirap magsinungaling.

Mabuting halimbawa nito ang mga Sophist, unang mga gurong nagpapalipat-lipat sa mga siyudad ng Gresya (tulad ng Atena). Nakilala sila sa husay nila sa pagtatalumpati sa mga pagtitipong pambayan at pampolitika. Pinuna ni Plato sa Phaedo at Gorgias, mga bahagi ng tanyag niyang obrang *Diyalogo*² na may "kaduda-dudang intensiyon at patotoo" ang mga Sophist na mapustura't mapanghikayat na pagtatalumpati ng mga ito. Sa sumunod na mga panahon, ang ganitong pananaw sa mga Sophist ang nagluwal ng mga kasabihan sa ating kultura na kapag matamis magsalita, pakaingata't may lason ang dila. At isang paraan iyan sa pagdurugtong uli ng mga teksto sa pagpapabulaan at pagpapatotoo sa mga pahayag.

Kaya sabi ni Aristotle³, hindi sapat na katangian ng retorika ang mahusay na paghahanay ng mga salita at ang makapangyarihang paghahatid niyon sa mga tagapakinig (pathos). Hindi pa rin sapat ang itinatanghal na kaasalan, husay

at talino ng nagsasalita (ethos). Higit sa lahat, sinabi niyang puso ng retorika ang lohika (logos), isang proseso ng pangangatwiran na sisigurong maalis ang kontradiksiyon sa isang pahayag.

Ang artikulasyong ito nina Plato at Aristotle (at ni Aristophanes) na isinabig ng “kathang karakter” na si Socrates sa mga akda ng tatlong henyong ito ng Gresya ang indikasyong hindi pahatiran o “medium” lamang ang retorika; higit dapat itong kilalanin na “mensahe” kung gagawin nating reperensiya ang teorya ng komunikasyon ni Marshall McLuhan.⁴ Magkakaroon ng “diskonekta” ang retorika sa kabuuan nito kung batayan lamang ang husay ng paghahatid nito, gaya ng sinabi ni Winston Churchill. Ipinaliwanag niyang magiging “dukha sa kahulugan para sa marami (ang retorika) kung magkakahiwalay (ang mga bahagi nito); (magiging) mayaman naman sa kahulugan sa iilan kung may pagkakasundo sa pagkakasama-sama (nito).”⁵

Sa panahon ngayong sala-salabat ang relasyon ng mga institusyon at tao, interes at pagsasagawa ng mga proyekto, hindi sapat ang doble bistang salamin para matiyak kung makikita ang mga pakinabang sa bandang huli. Dalhin sa kasalukuyan ang pagdududa ng lumang panahon dahil kadugtong iyon ng kamulang maaaring magpasilip sa atin hindi ng ilusyon kundi ng realidad.

ANG RETORIKA SA PANAHOON NI DUTERTE

Sa edukasyon, pagkabansa ang esensiya ng mga hinuha ng sino mang lider-politika sa konteksto ng isang nagsasarili, malaya at pinagsisikapang maisulong na kasaganaan ng isang sambayanan. May mga plataporma ng marapat isagawa nang naaayon sa konstitusyon, ilan ang programa para sa proteksiyon at pangangalaga sa mga komunidad at mapayapa't

nakikipagtulangang relasyon sa mga kapwa-bansa. Laging hangad ng ganiyang lider at mga kaagapay ang itulak sa pagsulong na kalagayan ang mga pinamumuan hanggang sa katapusan ng termino ng kanilang tungkulin. Iyan ang retorika ng pangako ng mabuting pamamahala na batayan ng pag-unlad ng sibilisasyon sa kinabukasan. Mga senaryo iyan na maiuukit sa mga bato para maging representasyon ng nakamit na pinakamataas na mga ambisyon ng tao. Sa ganiyang diwa kikilalanin natin si Rodrigo Duterte bilang pangulo ng Pilipinas. Sino si Rodrigo Duterte?

Sabi ni Rodrigo Duterte:

I am Rodrigo Duterte, I am a Filipino. I love my country because this is the land of my birth! And the home of my people.

Sino nga ba siya?

Siya ang huling kabit na kandidato sa pagka-presidente sa ilalim ng Partidong PDP-Laban. Muntik nang matanggal sa listahan ng Comelec, sabi niya sa simula ng kampanya:

*Gusto ko sanang magpahinga. Matanda na ako, e. Pero nakikita ko kasi—ang sadness of this country. Gusto ko na sanang magretiro (nakapitong termino na siya bilang mayor sa Davao City) pero nakikita ko ang bayan. Tang—buti sana kung masasamang tao lamang ang nagpapahirap sa mga Filipino. Dito ngayon, it is the government itself that's oppressing the people. Ayoko ng droga, ayoko ng kidnapper, ayoko ng holdaper, ayoko ng snatcher. Palalayasin ko talaga kayong kriminal!*⁶

Lengguwahe ng masa, larawan ng macho at mga aksiyong walang pakialam sa mundo. Dugtong pa niya nang matagal-tagal na ang kampanya: *Itaga n'yo 'yan kahit saan gusto ninyong itaga! Wala akong pakialam. Basta gawin ko ang trabaho ko.*⁷

May hindi naisaayos sa mapayapang paraan na hostage taking sa Davao City noong 1989. Nagkabarilan at

inubos umano ng meyor pa noong si Duterte ang isang magasin ng bala sa mga kriminal. Pagkatapos ng insidente at kinikilala na raw ang mga napatay, may napansing isang kabataang babae na naghihingalo pa. Sabi ni Mayor: *O, Puti...parang artista, galing 'ata sa Amerika. P'tangna, naunahan pa ang Mayor...naunahan pa ako!*"⁸

Pabiro-biro ang kandidato sa una. Patawa sa mga tudyo at kantiyaw. Marami naman ang nakinig. Marami na ang natuwa. Maraming dumalo sa mga kampanya at nakalikha ito ng bandwagon effect. Ngunit overboard ang isang kuwentong ganito. Buladas lamang ba? Fiksiyon?

Pinatulan ang ganitong mga "birada" ng "do gooders", hindi lamang sa loob kundi pati na sa labas ng bansa. Panahon na para sukatin si Duterte ng mga disente, edukado at sosyal at ng mga nasa poder ng kapangyarihan. Nag-alala ang mga ito sa maaaring malikhang "mukha" ng Pilipinas sa tingin ng mundo.

Pinulot ng lokal na midya, ikinalat naman ng mga dayuhang media network, pati na ng social media ang ganitong kinulayang naratibo. Ginamit din ng mga politiko ang mga alingasngas na nalikha ni Duterte sa kababaihan at sa mga relihiyoso para ilarawan siyang hindi angkop sa liderato ng bansa.

Sinagot iyon ni Duterte: "Do not control my mouth! This is my mouth! God given gift 'to!"⁹

Nanalo ang kandidato ng Mindanao. Natalo ang kandidato ng Bisaya. Natalo rin ang kandidato ng Luzon. Yumuko ang Imperial Manila! Kanino ba pangit ang larawan ni Duterte? Sa masa? O sa elitista/oligarka?

Inuna ni "Digong" ang pangakong maigting na kampanya laban sa droga--isang krimen na hindi hinarap ng nakaraang mga administrasyon. Lalo kayang maging "pangit" ang larawan ni Duterte sa inilunsad na Oplan Tokhang sa bukas

at mararalitang komunidad at Operation Double Barrel sa gated communities? Sa talaksan ng libo-libong bangkay ng mga pusher, courier at user na umano'y nanlaban sa pulisya, naging grabe ang retorika ng pagkondena kay Duterte, gamit na pamalo ng Commission on Human Rights at iba pang mga kampiyon ng karaniwang mga tao ang metapora, alusyon, pagmamalabis (onomatopea), pagpapasalungat at pambabaligtad hindi ng mga salita kundi ng maiigting na mga imahe ng nalilikhang klima ng pamamaslang.

Pag-ampat ng suplay ng bawal na droga sa pamilihan ang retorika ng gobyerno ni Duterte. Dahil marami ang "user" na mahihirap, ang mga iyan ang binabantayan ng awtoridad para hindi na matustusan ng mga sindikatong umaangkat o gumagawa ng droga. Nakatawag-pansin sa publiko na kadalasang "mararalita" ang napapatay sa kampanya laban sa droga. At kasama sa mga nabibiktima ang hindi iilang menor de edad.

Sabi ng manunulat na si Lualhati Bautista sa post niya sa Facebook page na hindi nagbabago ang "kultura ng pulisya", gaya ng kaniyang inilarawan sa premyado niyang nobelang "Bata, Bata...Paano ka Ginawa?";¹⁰ nang mapatay ang kabataang karakter doon na si Jason dahil napagbintangan din na sangkot sa droga. Ito ang konteksto ng kampanya laban sa droga na binibigyang-diin sa ganitong mga kataga: *Itaga n'yo 'yan kahit saan gusto ninyong itaga! Wala akong pakialam. Basta gawin ko ang trabaho ko.*¹¹

Sa dami at iba-ibang imahe na hatid ng midya, nadagdag si Digong sa mga tagalikha ng retorika gaya nina Ninoy, Marcos at Estrada. Kumapal, yumaman pa ang hilatsa ng retorika ng politika sa Pilipinas.

Mga isyu rin ng pagkabansa ang paghaharap ng reklamo ng human rights advocates laban kay Duterte sa

International Criminal Court (ICC), gaya rin ng pagkuwestiyon sa “pagpapaubaya” niya sa paglabag ng China sa mga karapatan ng Pilipinas na ipinanalò ng bansa sa International Court of Arbitration, huwag nang isama ang isyu ng pananaliksik at pagpapangalang Tsino sa kailaliman ng Philippine Rise. Sa una’y idinidepensa ng gobyerno ng Pilipinas ang umano’y mahigit sampung libong biktima ng pagpatay dahil sa droga sa pamamagitan ng pagkumpara nito sa may 40 libong biktima ng kampanya sa droga sa Mexico na hindi “ipinaghaharap ng kaso” sa ICC ng malalaking bansang tulad ng Estados Unidos. Binigyan pa ng 12 Blackhawk helicopter ang Mexico ng Amerika para tulong laban sa droga at ginawa pang chair ng G20 Summit si Felipe Calderon sa panahong ito ang presidente ng Mexico. Sagisag ng double standard sa human rights ang kaso ng Pilipinas sa ICC, ebidensiya na maliliit na bansa lamang sa Aprika at Asya ang sinampahan ng ganitong reklamo sa hukumang ito.

Sa geo-politikal na relasyon, isang isyu rin ng nasyonalismo ang “pagdaiti” ng Pilipinas sa orbit ng malalakas na bansang tulad ng China at Rusya. Ang “nominal” umanong pagtulong ng dalawang bansang ito sa Pilipinas nang mangyari ang “pagkubkob” ng ISIS sa lungsod ng Marawi ay pagdaragdag ng mga detalye para tuluyang mabuo ang larawan ni Duterte bilang isa pang malakas na lider sa mundo, gaya ng ibinibintang dito ng oposisyon. Ang pagsusulong niya sa Mababang Kapulungan ng Federalismo, ang kaso ng quo warranto laban kay CJ Sereno (na ikinatanggal nito sa puwesto) o ang impeachment na inunsiyami ng quo warranto, ang “init” na itinutuon sa opisina ni Ombudsman Morales at ang pinagmadaling pagtapos ng termino sa CHED ni Patricia Licuanan ang mga indikasyon umano ng ambisyon ni Duterte na maging diktador. Inuulapan lamang ito ng mga anekdota ng pagpapatawa, kumbinasyong ireberendong mga buladas at tudyo na bale wala sa karaniwang

mga mamamayan, ngunit talab at maanghang sa may maselan na mga panlasang sosyal at mayayaman. Ganito ang retorika ng analisis ng dating Education Secretary Armin Luistro:

“Yanig ako sa palagay ng mga Pilipino na mga biro lamang ang pahayag ni Duterte tungkol sa kababaihan. Kapag tinanggap ng sambayanan ang ganiyang lengguwahe at kawalang katotohanan, sila ang dapat sisihin sa pagkalat ng maling impormasyon at ng huwad na mga balita...”¹²

Hindi na mayamang materyal sa sining ng retorika si Presidente Duterte, kung bibigyan ng pagpapakahulugan ang sinasabi ni Bro. Luistro. Hinggil kay Duterte ang diskurso niya tungkol sa proseso kung paano naiimpluwensiyahan ang psyche ng sambayanang Pilipino ng istruktura ng pambansang kumbersasyon na nakalilibang, ngunit nagpapahina sa pangkaisipang abilidad natin na masuri ang mga isyu sa bansa tulad ng mga karapatang pantao, pagdupok ng mga suhay sa kabuhayan ng mga dukha, pamumuhunang lokal at dayuhan na palayo ang development sa mga lugar na kailangan ito at higit sa lahat, sa usapin ng monopolyo ng mga pribiliheyo at kapangyarihan at sa globalisasyon na iginigiit ng mga may interes na nagpapalakas ng demokrasya at kalayaan ng ating bansa.

Ito ba ang retorika ng kultura ngayon, mga pagpapahayag ng pagwawalang-bahala kung personal na apektado ng mga isyung pambayan? Sa ganitong retorika ba umiikot ang proseso ng pagbabago ng kaisipan at karakter ng ating mga mamamayan? Pag-aralan ito ng mga kabataan na lilikha ng sariling retorika pagdating ng kanilang panahon.

SI TRUMP AT ANG GLOBALISASYON

Tradisyon ng Pilipino na laging nakatanaw sa Kanluran, partikular na sa Estados Unidos na pinagmumulan ng malalaking kuwento ng pag-unlad. Edukasyon ang transportasyon ng “mabuting balita” na hatid ng mga Pilipino na nagsipag-aral sa mga kolehiyo at unibersidad doon na naitatag sa pawis ng paggawa ng mga Afrikano, ayon sa mga huling pananaliksik. Ngayon, sa akyat-baba ng politika sa kanilang dalampasigan, nakalkal at nahantad ang isa pang “inuuri” nilang mababang klase ng buhangin.

Sabi ng isang karaniwang edukadong Amerikano:

“... alam kong isa o dalawang presidente ng Amerika ang nanirahan sa White House nang walang alam kung paano pamamahalaan ang bansa, pero may ilan namang may nagawa dahil ginustong matuto...”¹³

Hindi si Trump ang tinutukoy? Wala naman itong alam, walang kakayahan?

Ang linaw ng iba't ibang postura ni Trump sa salamin ng midya: nakaismid, kunot-noo, pabilog ang bibig sa pagbibigay-diin sa mga sinasabi, ginintuang buhok na parang sasalipadpad, nakahanda sa biglaan niyang pagkilos. Sa maraming tao sa mundo, milyong mga salita, kataga at sambit ng mga ito ang naglalahad ng maraming kahulugan. Kung isasalin si Trump sa video games, interesante siyang karakter na maaaring maging libong kaaliwan ng kabataan.

Kung mababanggit ang magandang asawa niyang si Melania, makikisig na mga anak at nakatutuwang mga apo, huhugis sa isip ninyo ang Trump Tower sa New York. Kung masusulyapan naman ninyo ang advertisement ng Mar-a-Lago Exclusive Club sa Palm Beach, Florida bibilangin ninyo sa isip ang mga bilyonaryong nakalista taon-taon sa mga pahina ng Forbes Magazine.

Ano na ang ginawa ni Trump sa halos dalawang taon niya sa White House? Sino ang magsasabing walang kakayahan si Trump? Tingnan ang kaniyang rekord sa midya.

“Nilumpo” niya ang ISIS sa Gitnang Silangan sa loob ng isang taon at nakalikha siya ng ilusyong nababawi na ng Amerika ang hegemoniya nito sa Gitnang Silangan. Kabaligtaran ito ng ilang libong Amerikanong namatay sa Twin Tower sa New York na halos isang termino ni Obama ang itinapat bago ito “naiganti” kay Bin Laden ng Al-Qaeda. Sino sa mga lider ng malalaking bansa ang kumumpronta kay Kim Il Jong ng North Korea sa hilera ng imahe ng mga bapor-pandigma sa Hilaga ng Pasipiko? Sino ang buong tapang na nagdeklara (na hindi ginawa nino mang lider ng Amerika) na kilalanin na ang (buong) Jerusalem bilang punong lungsod ng Israel (hindi na ang Tel Aviv)? Sino ang nagbanta na iaatras ang bilyon-bilyong dolyar na tulong sa mga kaalyadong bansang tumutol sa pagpapatibay na ito sa botohan sa United Nations?

Ngunit mabilis din ang “karma” kay Trump ng kaniyang mga pahayag. Isipin na lamang ninyong parang “dinumog” si Trump ng kalarong mga batang biglang nagalit sa kaniya:

“Our decision is not intended, in any way, to reflect a departure from our strong commitment to facilitate a lasting peace agreement. We want an agreement that is a great deal for the Israelis and a great deal for the Palestinians. We are not taking a position of any final status issues, including the specific boundaries of the Israeli sovereignty in Jerusalem, or the resolution of contested borders.”¹⁴

Hindi ba’t ito ang sinasabing magkasalungat na mga argumento (antimony) sa retorika? Sino nga uli ang nagsabing “walang alam” ang Presidente ng Estados Unidos?

May kasabihan tayong mga Pinoy na “nahuhuli ang isda sa bibig”. Tingnan natin ang maraming “pagkahuli” ni Trump

sa bibig. Isa na ang insidente ng barilan sa Parkland, Florida, na hindi kalayuan sa Mar-a-Lago Exclusive Club ni Trump:

Very sad that the FBI missed all of the many signals sent out by the Florida school shooter. This is not acceptable. They are spending too much time trying to prove Russian collusion with the Trump campaign — there is no collusion. Get back to the basics and make us all proud.

Repleksiyon ang reaksiyong ito ni Trump sa pagbaril at pagkapatay sa 17 katao sa isang haiskul sa Florida--isang reklamo niya sa "umiinit" na imbestigasyon ng FBI tungkol umano sa pakikipagsabwatan sa Rusya ng ilang taong kabilang sa kampanya niya noong eleksiyong 2016. Ibig sabihin ni Trump na lubhang abala ang FBI sa imbestigasyon ng hinihinalang sabwatan na itinanggi niyang nangyari kaya nalulungkot siya na hindi na napansin (ng FBI) ang mga senyas (palatandaan) ng nangyaring barilan. Kaya sinabi niya (sa mga taong kaugnay sa imbestigasyon): Balikan ninyo ang dati ninyong ginagawa para naman makapagmalaki kaming lahat!

Balintuna rin (paradoxical) ang twit na ito ni Trump. Bago pa at nang hinawakan na niya ang pamamahala sa gobyernong federal ng Amerika, nangyari na ang maraming barilan na inosenteng mga tao ang biktima. May ginawa na ba silang programa ukol dito sa White House? May itinulak na ba siyang mga panukalang batas sa Kongreso? Nagsagawa na ba siya ng mga speech caravan para mailagay sa kamalayan ng mga Amerikano ang kasamaan ng ganitong karahasan? May programa na ba sa gun control na sigaw ng publiko (na hindi niya pinaniniwalaang mabisang solusyon sa walang saysay na mga patayan)?

Kaugnay ng isa pang kaso ng barilan sa Orlando, Florida rin noong 2016, lubhang inclusive o mapagdamay

naman si Trump sa sinasabi niyang radikal na mga Muslim na bukambibig niyang huwag nang payagang maging migrante sa Amerika. Sinabihan niya nang ganito ang publiko noon, kaugnay naman ng barilan din sa isang paaralang elementarya sa San Bernardino, California: kung alam ng isang Muslim na ang kapwa niya (Muslim) ay may indikasyon ng marahas na pagkilos, kailangang iulat agad nito iyon sa awtoridad. Sakaling may mangyari ngang gayong krimen, ang Muslim na hindi nagreport sa awtoridad ang mananagot sa mangyayari.

Natatag at naging makapangyarihang bansa ang Estados Unidos sa utak, sikap at ambisyon ng iba't ibang lahi ng mga migrante (sa pundasyon ng ethnic cleaning ng mga tribong katutubo roon) isang kabang yaman ito ng retorika ng testamento ng kanilang yumao't buhay na mga presidente. Kontra-naratibo ang kontrobersiyal na mga pahayag ni Trump tungkol sa mga patakaran ng pandarayuhan sa kanilang bansa ngayon.

Kung pag-uusapan naman ang #MeToo movement sa Amerika tungkol sa sexual harrasment, isang inosenteng postura ang maobserbahan kay Trump sa paglitaw ng mga babaing biktima ng pagsasamantala ng malalaking personalidad sa mundo ng kanilang showbiz. Paano paniniwalaan ang gayon niyang postura kung rerebyuhin ang mga katularing akusasyon noong kumakampanya pa lamang siya sa pagka-presidente ng Estados Unidos? Sa nagsasalubong at nagsasanib na mga pahayag ng nakalipas at kasalukuyan maaasahang lalawak pa ang retorika ng imahinasyon at alaala.

Nasyonalismo ba ang kahulugan ng lubhang pag-aasikaso ni Duterte sa mga maralita at sa tingin niya'y nagsisilbi sa bayan, tulad ng mga pulis at sundalo? Gayundin ng painsultong tuligsa niya sa mga naratibo ng mga konsepto ng demokrasya, kalayaan, at ng pagkamamamayan na hindi abot ng

edukasyon ng masa? Ngunit sa ngalan din ba ng nasyonalismo kaya siya “nakikipagsayaw” sa kumpas ng mga Ruso at Tsino? Ano naman ang kahulugan ng mga pag-atras ni Trump sa mga tratado ng pagpapatibay sa globalisasyon. Ano ang kumakalat na akusasyon na kinukunsinti niya ang kilusang White Supremacist? Kaugnay ba ito ng kaniyang islogan na “America First”? Kadugtong ba ito ng Brexit sa Great Britain at ng “papaloob” na tingin sa ekonomiya ng liderato ng France? Kakatwang ang inirereklamo ng mga Pranses ang Estados Unidos na sanhi ng “pagsasara ng kanilang mga pabrika” at erosyon ng kanilang kultura. Sa retorika ng mga bansang ito, hindi na meta-narrative ang globalisasyon; may kani-kaniyang na silang bersiyon naman ng mga ito, ayon sa kani-kanilang interes. Para sa maliliit na bansa, suntok sa buwan ang full development -- “katas ng pawis ng OFW”, turismo, foreign aid at pautang lamang ang inaasahan. Pinagdedebatihan na ngayon ang “pagkabuo at pagkalusaw” ng globalisasyon at ang paghahanap ng proseso ng pagkabuo ng matatag na nasyonalismo. Sa tunggalian ng dalawang prosesong ito ng kasaysayan, nasa gitna at hilo ang Washington Consensus, ang think tank ng mga patakarang pang-ekonomiya ng mundo. Kinakitaan na ng depekto sa sistema ang konsepto ng market, ang pagpapalano sa pananalapi at ang agos ng mga produkto sa pamilihan at iba pang pantapal na mga solusyon sa mga krisis ng kabuhayan sa mundo. May panibagong pagbasa ngayon sa papel ng pakikialam ng gobyerno, tulad ng modelo ng produksiyon sa agrikultura ng lokal na mga pamahalaan ng China at Taiwan.

Nasaan dito si Trump? Nakasubaybay na ba sa kaniya ang mga iskolar na abala sa ebalwasyon ng globalisasyon dahil may posibilidad umano na baligtarin ito ng isang tao?

ANG RETORIKA NG PANITIKAN SA KASALUKUYAN

May isang nobelang Pilipino sa Ingles na nagwagi ng tatlong prestihiyong gantimpala at isinapelikula, ang *Smaller and Smaller Circles* ni F.H. Batacan.¹⁵ May isang antolohiya ng tula ng mga Caviteño, ang "Longos!"¹⁶ Ito ang hangganan ng Las Piñas at Bacoor sa coastal road na araw-araw dinaraan paluwas at pauwi kahit gaano kasikip ang trapik. At may isang tula tungkol sa MRT na pinapaksa ang walang katapusang aberya nito, ngunit naroon pa rin, araw-araw, nakapila ang mga pasahero. At may kuwento ng taho vendor na maubos-mapanis ang tinda, bumabalik pa rin sa mga bata, tinatawagan niya at tinatawag siya ng mga ito.

Maidodrawing mo ba ang ibig sabihin ng palitan ng mama at bata? "Bibili ka ba?" tanong ng vendor sa batang walang pera. Pagkapa ng bata sa bulsa, nablango ang mga mata!¹⁷

Damhin kung ano ang nasa kalooban ng nagsasalita: "Sana, hindi na lang ako nagkuwento. Sana, hindi ko na lang alam ang...Sana nga...sana nga, wala na lang akong alam. Tatal mukha na lang akong tanga. Shit talaga!"¹⁸

Makagagawa ka ng bagong teksto mula sa istruktura ng kaisipan dito: "Hayup ka, Susan...yari ka sa akin pag-uwi. Tandang-tanda ko na ang itsura ng mukha mo't katawan mo!"¹⁹ Ganyan ang retorika ng kalagayan ng tao. Nasa loob ka ng bilog. Walang pinto na malalabasan. Wala kang mapupuntahan.

Namnam ang tamis sa pahayag ng isang matandang ubanin bago yumao sa lupaing dayuhan: *Sapagkat ang paglisan ay isang pagbalik din*. Ngunit sa kaniyang pagkamatay, pinagtalunan ng mga kamag-anak kung iuwi siya nang "buo o abo."²⁰

Naniniwala ako kay Plato, at sa ibang pilosopo na may sariling istruktura ang retorika at hindi lamang bahagi ng panitikan o ano mang pahayag na may kaisahan. At ganoon din, tulad ng lahat ng taong nag-aral tungkol sa buhay sa mundo, naghahanap siya ng “katotohanan” sa pagiging relatibo nito. Sapagkat marami ang katotohanan para sa maraming tao.

Narito ang kuwentong “Ang Daga” na nagwagi ng unang gantimpala sa Palanca Memorial Awards (2016).²¹ Istorya ito ng isang dagang bukid na naligaw sa lamay ng isang Nanay na mahal na mahal ng asawa nito, ang Tatay sa kuwento. Dahil sa pamahiin ng Tatay na igalang ang buhay ng kahit anong hayop-maging langgam, ibon o daga na “mangyaring mapunta sa lamay dahil sa mga iyon daw nananahan ang ang ispiritu ng yumao”. Sa buong panahong ibinurol ang Nanay, balik at balik ang daga, at pinaniwala ang mga kaanak ng namatay na “Narito na muli ang Nanay.” Nagdahilan ng kung ano-ano ang Tatay na huwag munang ilibing ang asawa para hindi tuluyang umalis ang daga na bumabalik sa burol gabi-gabi. Sa wakas, nalibing din ang Nanay.

Tuluyan nang nanirahan sa bahay ng mga naulila ang daga na itinuring na hindi na iba sa pag-aaruga ng Tatay. Lumaki ang daga na sinlaki ng pusa, saka sinlaki ng aso hanggang maging sinlaki na ng tao. Nawala na ang anyo at ugaling daga, tumindig, lumakad at nagbihis na itong parang tao. Dumaan sa pagsubok ang daga sa pagdadamot ng mga anak ng Tatay hanggang sa mag-ugali na ito ng tao.

Sa kabila ng mga alitan ng mag-anak dahil sa daga, nanatili ito sa pamilya. Pinangalan itong Greg at dahil nag-iisip, nakababasa, nagsasalita at nakasusulat pa ng libro, sumikat ito sa social media. Hanggang sa nakatulong ito sa isang politiko para sa kabutihan ng bayan. Binigyan ito ng gobyerno ng sariling bahay, bukod sa suweldo. Malaya rin ito na nakabibili ng mga

libro ng iba't ibang karunungan hanggang maging aklatan ang bahay na ibinigay sa kaniya.

Hanggang kapanayamin ito bilang tao ng isang siyentipiko tungkol sa iba't ibang paksa, isa na rito ang halaga ng kalayaang tinatamasa ng daga. Ngunit malaya nga ba ang daga sa araw-araw na pananatili sa bahay na iyon? Naisip ito ng daga, na daga pa rin ito sa kabila ng mga "narating". Nakita ng siyentipiko na napaiyak ang daga na nagsabing gusto na nitong magbalik sa pagkadaga at naghahanda na raw ito sa sariling kamatayan. Hindi na hiniwalayan ng daga ang matanda, nililibang, ibinibigay ang lahat ng bagay na makagagaan sa kalooban nito. Nang mamatay ang Tatay, naisip ng daga na hindi mahalaga ang pagiging malaya o pagiging maligaya sa konteksto ng materyal na mundo.

"Pagbibigay-galang at pagbibigay-tanda sa mga pagsisimula at pagtatapos, sa malulungkot at masasayang bahagi ng napakaikling bahagi ng buhay ng tao, at higit sa lahat, para sa ito sa kapanatagan ng mga patuloy na nangabubuhay, na may tinutugunang pangangailangan, at pawang magaganda ang mga ito kung uunawain lamang."

Si Tatay, sa mga pamahiin nito ang naging huwaran ng daga at nang ilibing ito, nagbalik ang daga sa bukid nitong pinagmulan.

Ito ang sagot ngayon sa mundo na inilayo sa makitid na espasyo ng kalayaan at kaligayahang ibinigay ng kasaysayan sa tao, na lalo pang pinakikitid ng retorika ng pagkakasalungat at ng pagkakalayo at paghahanap ng katotohanan sa mga ilusyon ng makasariling paghahangad. #

Mga Tala:

1. Ukol sa batas ng kalikasan sa tingnan ang *The Education of Henry Adams* (Oxford, England: Oxford University Press, 1999)
2. Basahin, *Dialogue, The Continental Edition of World Masterpieces* (New York, USA: Norton and Norton Company, 1962)
3. Basahin, "Rhetorical Power of Ridicule" sa Disertasyon ni Sean William Larson (University of Minnesota 2014)
4. Basahin, *The Global Village: Transformation in World Life and Medium in the 21st Century* (Oxford, England: Oxford University Press, 1992)
5. Hanapin, *The Scaffolding of Rhetoric*, <https://winstonchurchill.edu>. (mula sa Hillsdale College, Michigan, USA, 2006)
- 6-9, 11. Mula sa *The Duterte Manifesto* (Manila: ABS-CBN Publishing Company, Inc. 2016)
10. Tingnan, ukol kay Jason, tauhan ng nobela niyang "Bata, Bata...P'ano ka Ginawa?" Kaugnay ng kultura ng mga pulis (Facebook, Pebrero 9, 2017)
12. Tingnan, Ex-Dept Ed Chief: People Laugh at Duterte's Joke (Rappler, Feb. 15, 2018)
13. Tingnan, History experts in New York Times op-ed: Trump worst president ever (USA Today, Feb. 18, 2018)
14. Tingnan, Full text of Trump's speech recognizing Jerusalem as capital of Israel (Times of Israel, Dec. 6, 2017)
15. *From Smaller and Smaller Circles* by F.H. Batacan (New York: Soho Press, 2015)
16. Mula Longos Patnugot: Aserit/Orit/Villasin

17. Mula sa 'Ina Mo... ni Lenin Carlos (Walang lugar: pribadong lathala, 2010 Ang mga Kwento ng mga Supot sa Panahon ng Kalibugan)
18. Mula sa Born Against ni Dekkie Morales (Walang lugar: pribadong lathala, 2010 Ang mga Kwento ng mga Supot sa Panahon ng Kalibugan)
19. Mula sa pilas na pahina ng lumang lingguhang Bulaklak
20. Manuskrito ng kuwento

ARRESTING THE WORD AND UNRESTING THE WORLD: A READING OF GINA APOSTOL'S BIBLIOLEPSY

Ivan Emil Labayne

THE JOURNEY OF PRIMI PEREGRINO, the bibliolept in Gina Apostol's *Bibliolepsy* (1997), is not a journey from a singular point of origin to a singular point of destination. Rather, it is a journey of excess, marked by the "endless logo-itch" (3), characterized as a "replenishable boon" (159) just like reading. In other words, how all genuine journeys should be: never-ending, never settling finally and definitively. But the staging ground of the bibliolept's never-ending journey must be up for discussion for as "antisocial and inert" (59), some can argue that Primi is easily tantalize the world of books and representations, something that can make fans of post-structuralism grin without grinning, but nonetheless jubilant. Following this, one can forward that the excess is brought about by the system of language, or more generally, the system of signification at work in books which Primi devours; or rather, the books whose words "devour" Primi, the "nonentity, waiting only for words" (1997, 76) to launch the proactive devouring.

But language is not all, sorry Derrida; and this essay will seek to counter the move to discreetly pedestal language and textuality and invoke them as transcendental while also feigning passion in attacking “transcendental signifieds.” The excesses and gaps in Primi’s journey are not just matters of interpretations, or versions; these excesses and gaps also implicate a sociality, a material reality where the logo-itch takes place, a material reality which makes bibliolepsy possible and desirable, and yes, very productive.

The plan of counter-attack is as follows: from the novel, cull textual hints of privileging signification at the expense of acknowledging the sociality and material history where it takes place. Then, to make more explicit the relationship between signification and history and to designate this relationship as dialectical: that is, show how language is a product of but also an intervention in history and society. Resources for this venture will mostly come from Marxist literary criticism. For instance, here is a tug-of-war of ideas through Edel Garcellano: (1) from “The EDSA Drama as Literary Text: A Possible Reading,” “any reading of a text is a reading of a process” (24) and (2) from “Directions for Filipino Poets,” “All literature is prey to this uneasy¹ alliance between language and the real (the object of language: inscribed in language)—and indeed blessed is the man who rules (but alas, is also ruled by) the word” (Intertext 90). Stressing this process, this uneasy alliance helps in countering the two extremes of idealism and empiricism, transcendentalist and pluralist tendencies. Against the quest for “the ultimate meaning” and reveling in the “play of signs,” Terry Eagleton advocates for the

1 From the novel, a promise of unease: “You think that the world is designed, even in your random biblioleptic acts. But in fact, as in all cosmogonies, the construct breaks down.” What happened then? Did someone/something ‘deconstruct’ the system? Or, what to do after, espousing the angelic “pile of debris,” to misappropriate Walter Benjamin? Do we grieve what has broken down; lick the wounds, build anew?

"ideologically governed process of self-production" (Criticism and Ideology 168). Neither of them blank slates before and during the contact, the reader and the novel are both enmeshed in their respective, and yet also intersecting histories—manners of looking at and shaping the world, placement in history and social relations.

Bibliolepsy having a rapacious reader for its main character is already a notable detail, inviting an attribution of reflexivity since it is the main character/focalizer whose perspective we follow and is shaping the narration of events. Primi the bibliolept's attitude and manner of relating to her world is but one possibility. Being faithful and devious at the same time, we can start from Primi's peregrinations to ponder how her textual travels and behavior—reading with rapacity and monomania, lying antisocial and inert—can point to different possibilities, say, just renting the text instead of dwelling in it permanently, or ransacking it to find something useful in the world 'outside' it.

THE POINT OF EXCESS BETWEEN STRUCTURE AND AGENCY

Exhibiting a journey of excess, the account of events in Primi's life is shown as mostly rebelling at a source, an origin. These sources serve precisely as the point of departure for the excess to transpire, for the surpassing to be done. Tending toward being excessive, the journey can only "look[ing] for the final word" (159) but as announced very early at the novel, "it can't get no satisfaction" (3). This dissatisfaction applies not only to the "final word" but also to the "first word." Origins and destinations are both indefinite and so what is really significant

is what transpires in between—from page 3 to page 160 of the edition published by the UP Press and the LIKHAAN: Sentro ng Makathaing Pagsulat on 1997—and how such transpirations have taken place, how they have been crafted.

The act of rebellion must be underlined for this essay argues that it has been crucial in setting into motion, even engendering Primi's life. Her parents, Prospero and Prima—the former having Chinese blood and the latter, a Spanish and American one—met and fael in love in a “third class deck.” The novel said that “Prima was travelling third class in defiance of her mother” (18). She was just “expelled from her convent school”² (1997, 18) where we can suppose she was enrolled by her mother, Primi's abuelita, “owner of backbreaking, ancient lands in Leyte, Cebu and Mindanao, shareholder in those shipping lines that owned the boats roaming the Visayas” (31). In her defiance of her mother—not an uncommon scenario in Philippine society where familial ties are next to sacred – Prima sailed forth, doing so in third-class. Rebellion then works twofold: the first involves leaving the place where she was made to stay, made to become by her mother and the second is in the choice to travel third class. In both, Prima defies the hands of her mother who we can imagine has moves and words like these: Hija, here, I hand you to the nuns, they will make you a good girl and hija, here, I hand you an affluent life resulting from backs that have broken, backs and boats that have been owned. This act of fleeing will then lead Prima to Prospero, her would-be husband, who during their travel, helped her first as she fumbled with the “third-class

2 In another Apostol novel, *Gun Dealer's Daughter*, Soledad Soliman, the female protagonist's comparable struggle in an institution—a medical facility: “I planted tulip bulbs in a shady part of the garden, moving timidly with other patients, all of us passive and not meeting other eyes, afraid to be caught in each other's company, wearing our white uniforms with blue sashes” (2012, 7). Again: being bashful, being inert, being socially challenged.

cot" (1997, 18) and second as she vomited, succumbing to the unfamiliarity of a situation lacking in comfort, if not luxury.

The rebellion is at work in Prima as much as in her eventual marriage with Prospero, a person who betrays his name at least in the aspect of material or economic wealth. Prevalent as well in Philippine society is this supposed stigma on people from different social classes marrying each other, a notion reinforced by popular culture, most notably romance pocketbooks and telenovelas, even as they also play with and profit from it by depicting how true love 'transcends' such limitation. Given this premise, Prima and Prospero's act of getting together can also be seen as defying social expectations, expectations that sometimes call themselves "norms" as if to mark their normalcy, their inviolability.

And so there: Primi "was born of weak intestines and a brown-wrapped book" (21), the latter being a "mark of a subversive or a pervert," was under Prospero's arms when Prima first saw him. This comprises the gist of the love story of Primi's parents and together with her older sister Anna, they will comprise a family, a family that will eventually be reduced to the sisters after their parents' death, also in a ship.

The context provided by this familial background is important for it presents itself as a source—not just biological but also social as one can recall the textbook and hence lazy definition of "family" as a primary socializing unit—for Primi and Anna. Following this, it can be stated that early on, the sisters' lives have been marked by a loss. It is tempting to propound that this background explains the 'excessive journey' of both sisters—Primi's Primi's fondness for books and reading, Anna's hunger strike and then retreat to the mountains and mysticism—a journey that is more pronounced in its sense of disanchoring and not a certain kind of grounding which gives the journey a

purpose other than just going on with it. But there is more to the formation of Primi and Anna's characters than this familial source/loss. To identify the sisters' self-constitution with these episodes of loss can be read as the downplaying of any possible agency.

This in turn could be akin to typical readings of psychoanalysis which posit that everything we do and everything we try to be is always taking root from the originary moment of loss that took place in the 'imaginary' stage. The last is closest to an extreme position in its two obverse forms: the all-originating moment which engenders everything (The Creation, the Big Bang) and the end-all be-all moment which concludes everything (the Hegelian Geist and multifarious versions of the "end of history"). But as suggested above, the novel is not buying any of these. This essay will even argue that the novel was concealing its tears as it was laughing exorbitantly at these postulations. We can take the characters of Primi and Anna to illustrate the novel's position and we can also ask a little help from Terry Eagleton.

I always find useful something that Eagleton said in talking about the space for freedom in the classic dichotomy of structure and agency. In *How to Read Literature* (2014) – and this is pertinent both to the relationship between Primi and Anna and their parents and Primi and her books – Eagleton remarked: "rather as our parents do not continue to govern our lives as we grow up, so the poet cannot determine the situation in which his or her work will be read, or what sense we are likely to make of it" (2013, 17). And in *The Event of Literature*, he said that "human freedom is not a question of being bereft of determinants but of making them one's own, turning them into the ground of one's self-constitution" (Eagleton 2012, 140).

This dynamic which Eagleton posits in relation to freedom and constituting oneself must be kept in mind as the essay proceeds. The peregrination of Primi Peregrino, is both an enactment of freedom and an act of constituting one's self even as these acts are determined, but not fully, in various ways by other factors. Now we can postulate that the most prominent plane by which this peregrination takes place and takes shape is in Primi's relationship with books, with texts. Using this relationship as springboard, we can investigate larger things – language, signification, textuality -- and how the novel elaborated these things in relation to other ideas and events.

Texts bewitch Primi and this predilection was apparently tied to her personal history, her journey of excess. Suffering a parental loss, she sailed forth but not in rebellion as did her mother but more in wistful yearning, "desperately seeking" something filling, something stabilizing, something that can cover up the loss. But all for naught because as Primi realized while probing small mysteries using a dictionary only to uncover the grand mystery, "the construct breaks down" (28). Still, there is a catch to this that must not be left unmentioned and it works in like the two sides of a coin: the sailing forth is for naught only in the sense that it cannot ascertain The Definitive reality of entity; the sailing forth is for naught only if it takes pride in the sailing forth itself, the endless wandering that leads nowhere because it no longer cares about its purpose now that the possibility of arriving at The Definitive has not only been drowned but told incapable of living in water. If the construct breaks down, if God as "Dictionary of all possible multifold sensual things" (29) can contain everything except its inability to contain everything, then excess looms, with eyes sparkling or drab, with hands muddy and dirty or very clean, yet-to-be, cannot-wait-to-be-muddied.

But excess cannot be productive if it is aware only of its being unstoppable because there is no endpoint. Primi's biblioleptic frenzy cannot be productive if it goes on in itself, keeping Dostoyevski in between bosoms or listening to the vague hopes and grumbles of poets singing like 'angelheaded hipsters' in the midst of a dictatorship. This excess may amount to something like a self-constitution but not so much in showing the self's relationship to its world and thus constituting, illuminating, transforming something larger than the self. Excess can be productive if it is aware of where it is taking place and how this setting impinges on its own making and perhaps more vitally, how it can extend itself to this setting so as to extend or affect it. In *Bibliolepsy*, what appear as excessive and inexhaustible are words, texts, the processes of signification as Primi appreciates them.

While Primi's social surroundings are clear as she keeps her favorable taste for words and signification – entering college, living under a dictatorship, her sister Anna's peaceful modes of healing, a long street being occupied to rail a deemed common foe – it entails more careful attention to see the kind of relationship the novel is positing between these two: texts and the processes and powers of signification in general and the material sociality where they sway and dance and usually get dizzy.³

3 From the section "First poetry reading": "This episode had sprung first from the bitterness of beer. I had left my post by the tree and returned to the arena of the text's pale shadows, these authors of my discontent. There was comfort in the wick-man liquid that trotted keenly down the spine. The ruin of many authors has been from the high hooves of this traveling warmth; no one says much about the drunkenness of readers" (83).

WORD AND WORLD GET SHY, THEN HAVE A FUCK

The main character's fascination with words and reading, gulping texts and sometimes melting in the face of some of the characters she encounters is very useful in thinking about how Word and World are played out in the novel, how signifying processes and material realities are positioned in relation to each other.

Right after saying a few things about bibliolepsy, the novel, via its narrator-focalizer Primi Peregrino the bibliolept, enumerated four things that one can hate about bibliolepts. The second section of Part One, called "What I hate about the bibliolept" is noteworthy, the pronoun specifically demanding attention. The "I" here is Primi, but the assertion should not be read fallaciously as, What I hate about bibliolepts like myself, or, more crudely, What I hate about myself. I posit that this title clues Primi's way of appraising things. There is no monolithic category of bibliolepts or bibliolepsy. In detailing what she hates about the bibliolept, Primi is not renouncing her biblioleptic identity; she is revealing the expansiveness of that category, of that condition.

In addition, inspecting the list hints that Primi's her tendency is away from the purposeless, ungrounded excess. She hates "name-dropping, the squandering of proper nouns like gaudy wealth" (4). She hates "amorous indiscretion, such volubility, such blattance of love, untiring discourse about books" (4). She dislikes "lack of discrimination." While others are "disarmed by failures of the text," Primi is intrigued by it, perhaps even thrilled by it that she "hunt[s] for [his] weaknesses" and plunge into "another adventure, equally vital, equally doomed"

(5)⁴—an adventure which, after getting done with the substantial presence, specializes on what is not there, the erasures, the almost-there, the what-could-be. Lastly, she dislikes “adulterous adulation, such wanton superlatives, polygamous praise” (5).

I delight in actually stating that she abhors the kind of bibliolept who lingers on excess so as to avoid commitment, to avoid settling in and waging a confrontation. But “abhor” will be too strong, too rank a word. Nevertheless, I am reminded of something Aijaz Ahmad said and in following him, I can aver that the kinds of bibliolepts Primi hates are those who timorously face the demands of ethics, let alone politics. Said Ahmad: “The pain of any ethical life is that all fundamental bondings, affiliations and stable political positions require that one ceases to desire voraciously everything that’s available in the world; that one learns to deny oneself some of the pleasures... even affiliations of certain sorts” (1994, 219). Here, hints of positioning, the cruel but constructive necessity of making a choice; ang pagkakaroon ng tindig, stance, paninindigan.

Polygamy is for those who want to taste as many as possible. Adultery is for those who want to kiss as many as possible. Name-dropping is for those who are unsure of names to trust. Lack of discrimination is for those who are unsure about being unsure so they end up feigning certainty and satisfaction. The first three are excessive and bank on the promise of the inexhaustible, causing them to be essentially inert in the end. The last one uses exhaustion, completion, in order to ward off failures, pus and wounds not wanted to be known.

4 In an essay on Pedantic Pedestrians' do you not think so far ahead, I spoke of “the now familiar gambit to proclaim failure as precisely the point, pointlessness as the pinnacle of success. I suspect that this stance is an offspring of the twinned post-structural efforts to disavow not even ‘grand narratives’ but just big statements and to uncritically celebrate the free and endless play of meanings.” Can this uncritical embrace of failure be located in Primi as well?

In these, words, texts, language help in granting "brief sanctification," they enable "bibliovular release" to freeze, tame a vast world; they lead to the "reader's primal lucidity" (4-5). Bibliolepsy is turned into an excess in order to make of it a shield. And wordiness can better succeed as shield if it is sequestered from the flesh of history and society.

If Primi hates these possible traits of bibliolepts, what kind of bibliolept is she? While the others detailed above gush forth and explode in a non-committal, perilously irresponsible manner, Primi turns to herself and protects it in a groping manner. If the others are like the Don Quixote type of bibliolept who prays "for the whole, indivisible universe bibliolepsy can contain" (1997, 111), Primi appears to be more like the Emma Bovary type, "the escapist who appropriates books to patch her own face" (1997, 111).

